
ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW • ABRIL 2015

# Liahona



## Pag-unawa sa Sagradong Sakripisyo ng Tagapagligtas, p. 34

**Bakit Hindi Kasalanan ang Pagiging Mahina, p. 20**

**Paano Magtatagumpay sa Family Home Evening, pp. 10, 80**



*"Aling tao sa inyo, na kung mayroong isang daang tupa, at mawala ang isa sa mga yaon ay hindi iiwan ang siyam na pu't siyam sa ilang, at hahanapin ang nawala, hanggang sa ito'y kaniyang masumpungan? "At pagka nasumpungan niya, ay pinapasan niya sa kaniyang balikat, na natutuwa."*

**Lucas 15:4–5**

Ang retratong ito, na kinunan sa Israel noong Abril 2010, ay nagpapakita sa panganib na susuungin ng isang pastol para mailigtas ang kanyang tupa.

# Liahona, Abril 2015




## MGA MENSAHE

4 **Mensahe ng Unang Panguluhan: Nanawagan si Pangulong Monson na Maging Matapang**
Ni Pangulong Thomas S. Monson

7 **Mensahe sa Visiting Teaching: Ang mga Katangian ni Jesucristo—Walang Pandaraya o Pagkukunwari**

## TAMPOK NA MGA ARTIKULO

14 **Ang Espirituwal na Impluwensya ng Kababaihan**
Ni Starla Awerkamp Butler
*Ang impluwensya mo bilang isang babae ay higit pa sa nakikita.*

20 **Hindi Kasalanan ang Maging Mahina**
Ni Wendy Ulrich
*Alamin kung paano ikumpara ang mga kasalanan sa mga kahinaan at kung paano gawing kalakasan ang mga kahinaan.*

26 **Dalisay na Relihiyon**
Ni Elder W. Christopher Waddell
*Basahin ang tatlong hakbang na ito sa di-makasariling paglilingkod.*

30 **"Kailangan Ko Kayo"**
Ni Jonathan H. Westover
*Ang pagkanta ng himno ay nakagawa ng malaking kaibhan sa Koreanong pamilyang investigator na ito.*

34 **Ang Di-Makasarili at Sagradong Sakripisyo ng Tagapagligtas**
Ni Pangulong Boyd K. Packer
*Dahil sa Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas, mababayaran natin ang ating espirituwal na pananagutan sa ating mga kasalanan at panunurot ng budhi.*

80 **100 Taon ng Family Home Evening**
*Noong 1915, inanyayahan ni Pangulong Joseph F. Smith at ng kanyang mga tagapayo ang mga miyembro na simulang magdaos ng family home evening, at ipinaliwanag ang pormat, mga mithiin, at mga pagpapala nito.*

## MGA BAHAGI

8 **Nangungusap Tayo tungkol kay Cristo: Ang Kapangyarihan ng Pananampalataya**
Ni Amber Barlow Dahl


10 **Ating mga Tahanan, Ating mga Pamilya: Family Home Evening—Magagawa Ninyo Ito!**

12 **Mga Klasikong Ebanghelyo: Siya ay Nagbangon**
Ni Pangulong David O. McKay

40 **Mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw**

**SA PABALAT**
Harap: *Ang Daan Patungong Emaus,* ni Liz Lemon Swindle, hindi maaaring kopyahin. Panloob na pabalat sa harap: Larawang kuha ni Jim Jeffery. Paglalarawan ni Cody Bell.

## MGA YOUNG ADULT





**44 Sumulong nang may Pananampalataya**
Ni Elder Anthony D. Perkins
*Alamin kay Nephi kung ano ang gagawin kapag naharap kayo sa mahahalagang pagpapasiya.*




***Tingnan kung makikita ninyo ang nakatagong Liahona sa isyung ito. Hint: Saan kayo maaaring magsindi ng kandila?***

## MGA KABATAAN


**49 Poster: Hanapin Siya**

**50 Dahil kay Joseph**
Ni Ted Barnes
*Mayroong di-kukulangin sa anim na paraan na naiiba ang inyong buhay dahil kay Propetang Joseph Smith.*

**53 Ang Buhay na Propeta**
Ni Pangulong Ezra Taft Benson
*Adan? Nephi? Moises? Baka magulat kayo kapag nalaman ninyo kung sino ang pinakamahalagang propeta.*

**54 Ang Halimbawa ng Pagsunod ng Tagapagligtas**

**58 Ang Bahaging para sa Atin**

**60 Paano Maging Matalino**
Ni Elder Neil L. Andersen
*Ano ang kaibhan ng karunungan ng mundo sa karunungan ng Diyos?*

**61 Tuwirang Sagot**

**62 Isang Kawan at Isang Pastol**
*Ang pag-unawa sa mga detalye ng gawain ng isang pastol ay mas maglalapit sa atin sa Tagapagligtas.*

**64 Mga Tanong at mga Sagot**
*Paano ako mapapanatag na kausapin ang bishop ko tungkol sa mga isyu o problema?*





## MGA BATA





**66 Sino ang Iyong Bayani?**
Ni Charlotte Mae Sheppard
*Takot si Ellie na sabihin sa klase kung sino ang kanyang tunay na bayani.*

**68 Mga Panalangin at mga Katedral**
Ni McKelle George
*Nang bisitahin ni Dani ang isang katedral sa England, may natutuhan siyang mahalagang aral tungkol sa panalangin.*

**70 Natatanging Saksi: Bakit napakahalagang maging masunurin?**
Ni Elder Russell M. Nelson

**71 Magandang Ideya**

**72 Oras para sa Banal na Kasulatan: Pinagaling ni Jesus ang Isang Ketongin**
Ni Erin Sanderson

**74 Mga Larawang may Kaugnayan sa Banal na Kasulatan: Pinagaling ni Jesus ang Maysakit**

**75 Ang Tamang Landas**
Ni Elder Claudio D. Zivic
*Ang pagtahak sa tamang landas ay gumagawa ng malaking kaibhan.*

**76 Para sa Maliliit na Bata: Alam Kong Mahal Ako ni Jesus**
Ni Jane McBride Choate

**ABRIL 2015 TOMO 18 BLG. 4**
**LIAHONA 12564 893**
Internasyonal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog

**Ang Unang Panguluhan:** Thomas S. Monson, Henry B. Eyring, Dieter F. Uchtdorf

**Ang Korum ng Labindalawang Apostol:** Boyd K. Packer, L. Tom Perry, Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Richard G. Scott, Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen

**Patnugot:** Craig A. Cardon
**Mga Tagapayo:** Mervyn B. Arnold, Christoffel Golden, Larry R. Lawrence, James B. Martino, Joseph W. Sitati

**Namamahalang Direktor:** David T. Warner
**Direktor ng Operations:** Vincent A. Vaughn
**Direktor ng mga Magasin ng Simbahan:** Allan R. Loyborg
**Business Manager:** Garff Cannon

**Namamahalang Patnugot:** R. Val Johnson
**Assistant na Namamahalang Patnugot:** Ryan Carr
**Publications Assistant:** Lisa Carolina López
**Writing and Editing Team:** Brittany Beattie, David Dickson, David A. Edwards, Matthew D. Flitton, Lori Fuller, Garrett H. Garff, LaRene Porter Gaunt, Mindy Anne Leavitt, Michael R. Morris, Sally Johnson Odekirk, Joshua J. Perkey, Jan Pinborough, Richard M. Romney, Paul VanDenBerghe, Marissa Widdison

**Namamahalang Direktor sa Sining:** J. Scott Knudsen
**Direktor sa Sining:** Tadd R. Peterson
**Disenyo:** Jeanette Andrews, Fay P. Andrus, Mandie M. Bentley, C. Kimball Bott, Tom Child, Nate Gines, Colleen Hinckley, Eric P. Johnsen, Susan Lofgren, Scott M. Mooy, Mark W. Robison, Brad Teare, K. Nicole Walkenhorst
**Intellectual Property Coordinator:** Collette Nebeker Aune
**Tagapamahala sa Produksyon:** Jane Ann Peters
**Production Team:** Connie Bowthorpe Bridge, Julie Burdett, Katie Duncan, Bryan W. Gygi, Denise Kirby, Ginny J. Nilson, Gayle Tate Rafferty
**Bago Ilimbag:** Jeff L. Martin

**Direktor sa Paglilimbag:** Craig K. Sedgwick
**Direktor sa Pamamahagi:** Stephen R. Christiansen

**Pagsasalin:** Maria Paz San Juan

Ipadala ang mga suskrisyon at mga katanungan sa Manila Distribution Center, at ang mga balita para sa Dateline Philippines sa Liahona sa Area News Editorial Committee, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Temple Drive, Greenmeadows Subdivision, Quezon City 1110, Metro Manila, Pilipinas o sa PO Box 1505, Ortigas Center, Emerald Avenue, Pasig 1600, Metro Manila, Pilipinas. Numero ng telepono 635-9183. Halaga ng suskrisyon sa Pilipinas, P86.40 bawat taon; P4.00 bawat sipi, maliban sa mga natatanging labas.

**Ipadala ang mga manuskrito at tanong** online sa liahona.lds.org; sa pamamagitan ng koreo sa *Liahona*, Rm. 2420, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0024, USA; o mag-e-mail sa: liahona@ldschurch.org

Ang *Liahona* (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Chinese (pinasimple), Croatian, Czech, Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German, Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano, Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Swahili, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2015 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika.

Maaaring kopyahin ang teksto at mga larawan sa *Liahona* para sa angkop, di pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan. Hindi maaaring kopyahin ang mga larawan kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Dapat ipadala ang mga tanong sa Intellectual Property Office, 50 East North Temple Street, Salt Lake City, UT 84150, USA; e-mail: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.

**For Readers in the United States and Canada:**
April 2015 Vol. 18 No. 4. LIAHONA (USPS 311-480) Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 East North Temple, Salt Lake City, UT 84150. USA subscription price is $10.00 per year; Canada, $12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of address. Include address label from a recent issue; old and new address *must* be included. Send USA and Canadian subscriptions to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (Visa, MasterCard, American Express) may be taken by phone or at store.lds.org. (Canada Poste Information: Publication Agreement #40017431)

POSTMASTER: Send all UAA to CFS (see DMM 707.4.12.5). NONPOSTAL AND MILITARY FACILITIES: Send address changes to Distribution Services, Church Magazines, P.O. Box 26368, Salt Lake City, UT 84126-0368, USA.

# Mga Ideya para sa Family Home Evening

*Ang isyung ito ay naglalaman ng mga artikulo at aktibidad na magagamit sa family home evening. Narito ang dalawang ideya.*



**"Kailangan Ko Kayo,"** pahina 30: Tulad ng mga titik ng himnong "Kailangan ko Kayo" na nakatulong kay Pak Mi-Jung na magpasiyang magpabinyag, ang mga himno ay maaaring magkaroon ng malaking epekto sa ating buhay. Isipin ang panahon na napagpala ng mga titik ng isang himno ang inyong buhay at isiping ikuwento ang karanasan sa inyong pamilya. Anyayahan ang bawat miyembro ng pamilya na pumili ng isang paboritong himno at sabihin kung paano napagpala nito ang kanyang buhay. Pagkatapos ay kantahin ang bawat himno sa inyong pamilya. (Maaari ninyo itong unti-untiin sa loob ng ilang linggo.)

**"Mga Panalangin at mga Katedral,"** pahina 68: Matapos ninyong basahin ang kuwentong ito, idispley ang mga larawan ng iba't ibang simbahan o banggitin ang mga simbahan na nasa lungsod ninyo at pag-usapan ninyo sa pamilya ang mga tanong na ito: Ano ang ilang pagkakatulad natin sa ibang mga relihiyon? Ano ang damdamin ng Ama sa Langit tungkol sa lahat ng Kanyang anak? Paano natin dapat pakitunguhan ang mga taong iba ang mga paniniwala? Isiping gamitin ang artikulong "Pagbalanse ng Katotohanan at Pagpaparaya" ni Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol (*Liahona*, Peb. 2013, 28–35) upang makatulong sa pagsagot sa mga tanong na ito.

## SA INYONG WIKA

Ang *Liahona* at iba pang mga materyal ng Simbahan ay makukuha sa maraming wika sa languages.lds.org.

## MGA PAKSA SA ISYUNG ITO

*Ang mga numero ay kumakatawan sa unang pahina ng artikulo.*


***Bagong Tipan,*** *54, 62, 72, 74*
***Banal na katangian,*** *58*
***Dalamhati,*** *30, 41*
***Espiritu Santo,*** *30, 41, 42, 43, 44, 50, 58*
***Family home evening,*** *10, 80*
***Gawaing misyonero,*** *30, 40*
***Gawain sa templo,*** *30, 43*
***Halimbawa,*** *14, 66*
***Jesucristo,*** *7, 8, 12, 20, 26, 34, 49, 54, 62, 66, 72, 74, 76*
***Joseph Smith,*** *12, 50*
***Kababaihan,*** *14*
***Kalayaan,*** *4, 20, 44*
***Kamatayan,*** *30, 41*
***Kapatawaran, pagpapatawad,*** *20, 34*
***Kasalanan,*** *20, 34*
***Kautusan, mga,*** *70, 75*
***Musika,*** *30, 40*
***Pag-aayuno,*** *30*
***Pagbabalik-loob,*** *30*
***Pagbabayad-sala,*** *20, 34, 49*
***Paggaling,*** *8, 72, 74*
***Pagkabuhay na Mag-uli,*** *12, 49*
***Paglilingkod,*** *26, 42*
***Pagmamahal, pag-ibig,*** *76*
***Pagsisisi,*** *34, 64*
***Pagsunod,*** *44, 54, 58*
***Pamilya,*** *10, 50*
***Panalangin,*** *68*
***Pananampalataya,*** *8, 20, 44*
***Panunumbalik,*** *50*
***Panunurot ng budhi,*** *20, 34*
***Pasiya, mga,*** *44, 60, 75*
***pinuno ng Simbahan, mga,*** *53, 64*
***Pornograpiya,*** *34*
***Priesthood,*** *50*
***Propeta, mga,*** *53*
***Satanas,*** *34, 61*
***Tapang, lakas-ng-loob,*** *4*



Ni Pangulong Thomas S. Monson

Nanawagan si Pangulong Monson na

# MAGING MATAPANG



*Ipinahayag ni Pangulong Monson na halos patuloy tayong gumagawa ng iba't ibang uri ng pagpapasiya.*

*Para makagawa ng matalinong mga pasiya, ipinayo niya na kailangan natin ng tapang—"lakas ng loob na humindi, lakas ng loob na magsabi ng oo. Mga desisyon* talaga *ang nagpapasiya ng tadhana."*[1]

*Sa kasunod na mga sipi, ipinaalala ni Pangulong Monson sa mga Banal sa mga Huling Araw na kailangan nila ng tapang na manindigan para sa katotohanan at kabutihan, ipagtanggol ang kanilang paniniwala, at harapin ang mundong ayaw tumanggap sa mga walang-hanggang pinahahalagahan at alituntunin.*

*"Ang panawagan na maging matapang ay palaging dumarating sa atin," sabi niya. "Ganyan na noon at ganyan pa rin sa habampanahon."*[2]

### Ang Katapangan ay Ikinalulugod ng Diyos

"Lahat tayo ay daranas ng takot, pangungutya, at pagsalungat. Nawa'y magkaroon tayo—lahat tayo—ng tapang na salungatin ang gusto ng nakararami, ng tapang na manindigan para sa prinsipyo. Katapangan, hindi kompromiso, ang kinalulugdan ng Diyos. Ang katapangan ay nagiging isang tunay at kasiya-siyang katangian kapag ito ay itinuring hindi lamang bilang kahandaang mamatay kundi bilang determinasyong mamuhay nang marangal. Sa ating pag-unlad, sa pagsisikap na mamuhay gaya ng nararapat, tiyak na tatanggap tayo ng tulong sa Panginoon at mapapanatag sa Kanyang mga salita."[3]

### Manindigan nang May Tapang

"Ano ang ibig sabihin ng magtiis? Gustung-gusto ko ang paliwanag na ito: *manindigan nang may tapang*. Maaaring kailanganin ang katapangan upang maniwala kayo; may mga sandaling kakailanganin ito habang sumusunod kayo. Talagang kakailanganin ito habang nagtitiis kayo hanggang sa araw ng inyong pagpanaw."[4]

### Magkaroon ng Lakas ng Loob na Manindigan sa Katotohanan

"Magkaroon nawa kayo ng lakas ng loob na manindigan sa katotohanan at kabutihan. Dahil ang kalakaran ngayon sa lipunan ay malayo sa mga pinahahalagahan at alituntunin na ibinigay sa atin ng Panginoon, halos tiyak na tatawagin kayo upang ipagtanggol ang inyong pinaniniwalaan. Maliban na malalim ang ugat ng inyong patotoo, mahihirapan kayong labanan ang pambabatikos ng mga taong humahamon sa inyong pananampalataya. Kapag naitanim na mabuti, ang patotoo ninyo sa ebanghelyo, sa Tagapagligtas, at sa ating Ama sa Langit ay makaiimpluwensya sa lahat ng ginagawa ninyo sa buhay."[5]

### Kailangan Natin ng Espirituwal at Moral na Katapangan

"Ang mensaheng inilalarawan sa telebisyon, sa sine, at sa iba pang media [ngayon] ay kadalasang salungat sa nais nating yakapin at pahalagahan ng ating mga anak. Responsibilidad natin hindi lamang ang turuan silang magpakagaling sa espiritu at doktrina, kundi tulungan din silang manatiling gayon, kahit ano pa ang makaharap nilang puwersa sa labas. Kailangan natin dito ang maraming oras at pagsisikap—at upang matulungan ang iba, kailangan nating maging matatag sa [espirituwalidad] at [moralidad] upang mapaglabanan ang kasamaang nakikita natin sa lahat ng dako."[6]

### Nawa ay Maging Matapang Tayo

"Sa buhay natin sa araw-araw, halos walang pagsalang susubukin ang ating pananampalataya. Maaari nating matagpuan ang ating sarili paminsan-minsan na naliligiran ng iba subalit bahagi tayo ng iilan o mag-isa tayong naninindigan sa kung ano ang katanggap-tanggap at hindi. . . .

"Nawa ay maging matapang tayo at handang manindigan sa paniniwala natin, at kung kailangan nating manindigang mag-isa, nawa ay magawa natin ito nang buong tapang, pinalalakas ng kaalaman na totoong hindi tayo nag-iisa kapag naninindigan tayo sa panig ng ating Ama sa Langit."[7] ■

### PAGTUTURO MULA SA MENSAHENG ITO

Maaari ninyong hilingin sa inyong mga tinuturuan na isipin ang isang sitwasyon na maaaring mangyari sa susunod na linggo—sa tahanan, sa trabaho, sa paaralan, o sa simbahan—kung saan kakailanganin nilang kumilos nang may katapangan. Maaaring kailanganin nilang harapin ang takot, tiisin ang isang bagay na mahirap, panindigan ang kanilang mga pinaniniwalaan, o magpasiyang mas lubos na sundin ang isang alituntunin ng ebanghelyo. Anyayahan silang ibahagi ang kanilang mga iniisip o isulat ang mga ito.

**MGA TALA**

1. Thomas S. Monson, "Ang Tatlong Prinsipyo ng Pagpili," *Liahona,* Nob. 2010, 68.
2. Thomas S. Monson, "Ang Panawagan na Maging Matapang," *Liahona,* Mayo 2004, 54.
3. Thomas S. Monson, "Ikaw ay Magpakalakas at Magpakatapang na Mabuti," *Liahona,* Mayo 2014, 68, 69.
4. Thomas S. Monson, "Maniwala, Sumunod, at Magtiis," *Liahona,* Mayo 2012, 129.
5. Thomas S. Monson, "Nawa Magkaroon Kayo ng Lakas ng Loob," *Liahona,* Mayo 2009, 126.
6. Thomas S. Monson, "Tatlong Mithiin na Gagabay sa Inyo," *Liahona,* Nob. 2007, 119.
7. Thomas S. Monson, "Tapang na Manindigang Mag-isa," *Liahona,* Nob. 2011, 60, 67.

PAGLALARAWAN NG ISTOCK/THINKSTOCK

## Gawin sa Iba ang Ginawa ni Sarah

Ni McKenzie Miller

Mahirap talaga sa akin dati na idahilan ang aking paniniwala bilang tugon sa simpleng tanong na gaya ng "Bakit hindi ka umiinom ng kape?" Noon ang idinadahilan ko ay "Napakapait kasi" o "Hindi ko gusto ang lasa."

Bakit kaya ako nahihiya? Bakit natatakot ako na panindigan ang mga pinaniniwalaan ko? Kapag naaalala ko iyon ngayon, hindi ko lubos na maunawaan kung ano ang ikinatatakot ko. Pero tandang-tanda ko ang sandaling hindi na ako nagdahilan para itago ang paniniwala ko.

Isang araw sa aming English class sa hayskul, ibinalita ng guro na panonoorin namin ang isang bahagi ng palabas sa TV na alam kong hindi ko dapat panoorin. Habang tuwang-tuwa ang ibang mga estudyante, nagtaas ng kamay ang kaklase kong si Sarah at hiniling kung maaari siyang lumabas.

Nang magtanong ang guro kung bakit, malinaw at tuwirang sumagot si Sarah, "Dahil Mormon po ako at hindi ako nanonood ng mga palabas na may masasamang pananalita."

Kahanga-hanga ang tapang niya na manindigan sa harap ng klase. Salamat kay Sarah, nanindigan din ako at naghintay sa labas nang may malinis na budhi hanggang matapos ang palabas.

Nagbago na ako mula noon. Ipinaliliwanag ko na ang mga paniniwala ko sa halip na iwasan ang paksa. At bunga nito, nagkaroon ako ng tiwala sa sarili ko at lalo pang nakibahagi sa mga aktibidad sa Simbahan at paaralan.

Hindi ko kailanman nasabi kay Sarah kung gaano kahalaga sa akin ng kanyang halimbawa, pero sinisikap kong tularan ang halimbawa ng kanyang katapangan. Napagtanto ko ngayon na talagang walang dapat ikahiya sa pagiging miyembro ng kahanga-hanga at sagradong Simbahan ng Diyos. Sana, sa pamamagitan ng aking halimbawa, ay magawa ko rin sa iba ang ginawa ni Sarah para sa akin.

*Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.*

MGA BATA

## Mga Tao sa mga Banal na Kasulatan na Nagpakita ng Katapangan

Tinuturuan tayo ni Pangulong Monson na magkaroon ng tapang at paninindigan para sa ating pinaniniwalaan. Maraming halimbawa sa mga banal na kasulatan tungkol sa mga taong nagpakita ng tapang. Basahin ang banal na kasulatan sa tabi ng bawat pangalan. Paano nagpakita ng tapang at paninindigan ang mga taong ito sa alam nilang tama? Gamitin ang mga puwang para isulat o idrowing ang inyong mga sagot.



Joseph Smith (Joseph Smith—Kasaysayan 1:11–17)

Daniel (Daniel 6:7, 10–23)

Samuel na Lamanita (Helaman 13:2–4; 16:1–7)

Esther (Esther 4:5–14; 5:1–8; 7:1–6)

MGA LARAWANG KUHA NG ISTOCK/THINKSTOCK

*Mapanalanging pag-aralan ang materyal na ito at hangaring malaman kung ano ang ibabahagi. Paano pag-iibayuhin ng pag-unawa sa buhay at mga papel na ginagampanan ng Tagapagligtas ang inyong pananampalataya sa Kanya at pagpapalain ang mga pinangangalagaan ninyo sa pamamagitan ng visiting teaching? Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa **reliefsociety.lds.org**.*

# Ang mga Katangian ni Jesucristo: Walang Pandaraya o Pagkukunwari

*Ito ay bahagi ng isang serye ng Mga Mensahe sa Visiting Teaching na nagtatampok sa mga katangian ng Tagapagligtas.*



Ang pag-unawa na si Jesucristo na walang pandaraya at pagkukunwari ay tutulong sa atin na tapat na sikaping tularan ang Kanyang halimbawa. Sabi ni Elder Joseph B. Wirthlin (1917–2008) ng Korum ng Labindalawang Apostol: "Ang pandaraya ay panlilinlang o pagliligaw ng landas. . . . Ang isang taong hindi mandaraya ay isang taong walang-malay, tapat ang layunin, at dalisay ang mga hangarin, na ang buhay ay nagpapakita ng simpleng gawing iayon ang kanyang araw-araw na gawain sa mga alituntunin ng integridad. . . . Naniniwala ako na ang pangangailangan ng mga miyembro ng Simbahan na hindi maging mandaraya ay maaaring mas mahalaga ngayon kaysa noong araw dahil marami sa mundo ang mukhang hindi nauunawaan ang kahalagahan ng magandang katangiang ito."[1]

Tungkol sa pagkukunwari, sinabi ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan: "Wala ni isa sa amin ang ganap na tulad ni Cristo na alam naming siyang dapat naming kahinatnan. Ngunit taimtim naming hinahangad na itama ang mga pagkakamali namin at huwag magkasala. Buong puso at kaluluwa naming hinahangad na maging mas mabuti sa tulong ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo."[2]

Alam natin na "tayo ay hahatulan ayon sa ating mga kilos, mga hangarin ng ating puso, at uri ng mga taong ating kinahinatnan."[3] Subalit habang sinisikap nating magsisi, tayo ay magiging mas dalisay—at "mapapalad ang mga may malinis na puso: sapagka't makikita nila ang Dios" (Mateo 5:8).

## Isipin Ito

Ano ang matututuhan natin sa maliliit na bata tungkol sa pagiging hindi mandaraya? (Tingnan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Pandaraya.")

## Karagdagang mga Banal na Kasulatan

Awit 32:2; Santiago 3:17; I Ni Pedro 2:1–2, 22

**MGA TALA**

1. Joseph B. Wirthlin, "Without Guile," *Ensign,* Mayo 1988, 80, 81.
2. Dieter F. Uchtdorf, "Halina, Sumama sa Amin," *Liahona,* Nob. 2013, 23.
3. *Handbook 2: Administering the Church* (2010), 1.2.1.

**Pananampalataya, Pamilya, Kapanatagan**

## Mula sa mga Banal na Kasulatan

Ang maliliit na bata ay walang pandaraya. Sabi ni Jesus: "Pabayaan ninyong magsilapit sa akin ang maliliit na bata; huwag ninyo silang pagbawalan: sapagka't sa mga ganito nauukol ang kaharian ng Dios. . . . At kinalong niya [ang mga bata], at sila'y pinagpala, na ipinapatong ang kaniyang mga kamay sa kanila" (Marcos 10:14, 16).

Naglingkod din si Cristo sa mga bata sa lupain ng Amerika matapos ang Pagpapako sa Kanya sa Krus. Iniutos Niya sa mga tao na dalhin sa Kanya ang maliliit na bata at "inilapag [sila] sa lupa na nakapalibot sa kanya, at si Jesus ay tumayo sa gitna; . . .

". . . [At] siya ay tumangis, at ang maraming tao ay nagpatotoo nito, at kinuha ang kanilang maliliit na anak, isa-isa, at binasbasan sila, at nanalangin sa Ama para sa kanila. . . .

"At nang sila ay tumingin upang pagmasdan ay itinuon nila ang kanilang mga paningin sa langit, at . . . nakita nila ang mga anghel na bumababa mula sa langit na parang ito ay nasa gitna ng apoy; at sila ay bumaba at pinalibutan yaong mga musmos, . . . at ang mga anghel ay naglingkod sa kanila" (3 Nephi 17:12, 21, 24).

# ANG KAPANGYARIHAN NG PANANAMPALATAYA

**Ni Amber Barlow Dahl**

*Kung aalisin sa atin ng Ama sa Langit ang mga hamon sa buhay dahil lamang sa hiniling natin, ipagkakait Niya sa atin ang mismong mga karanasan na kailangan para sa ating kaligtasan.*

Isang taon sa kolehiyo, kumukuha ako ng test nang magsimulang sumakit ang leeg ko. Hindi nawala ang sakit nang matapos na ang tensiyon na dulot ng test. Kumonsulta ako sa mga doktor at therapist at sinubukan ko ang iba't ibang uri ng panggagamot, ngunit naroon pa rin ang sakit. Nang sumunod na taon, habang pinipilit kong kayanin ang sakit na ito, sinikap ko ring palakasin ang aking pananampalataya. Nag-ukol ako ng maraming oras sa panalangin, pinag-aralan ko ang mga banal na kasulatan, at humingi ako ng basbas ng priesthood. Nadama ko na kung sapat ang pananampalataya ko, gagaling ako.

Pinagaling ni Jesucristo ang mga maysakit, ang bulag, ang lumpo, ang ketongin—"alinsunod sa [kanilang] pananampalataya" (Mateo 9:29). Alam ko na may kapangyarihan Siyang pagalingin ako tulad ng ginawa Niya sa maraming tao noong narito Siya sa mundo. Naisip ko na, ang kakulangan ko ng pananampalataya ang humahadlang sa aking paggaling, kaya lalo akong nagsikap. Habang patuloy ako sa physical therapy, nagdasal ako at nag-ayuno at nag-aral at naniwala. Pero naroon pa rin ang sakit.


Itinuturo sa atin ng mga banal na kasulatan na sa pananampalataya ay maaari tayong makagawa ng mga himala (tingnan sa Mateo 17:20), pero hindi maibsan ang kaunting pagdurusang ito. Nasaan ang bisa ng aking pananampalataya? Sa huli, panatag kong tinanggap ang sitwasyon ko, nakahanap ako ng mga paraan para makayanan ang sakit na nadarama ko, at nakuntento ako na balang-araw ay lubusan kong mauunawaan ang tungkol sa pananampalataya at paggaling.

Makaraan ang ilang taon nakausap ko ang isang kaibigan na nakaranas ng matinding pagkahilo na naging dahilan ng pagkaospital niya nang maraming beses sa kanyang unang pagdadalantao. Gusto ni Erin na magkaroon ng isa pang anak, pero natakot siya na baka mahirapan siyang muli na tulad noong una niyang pagdadalantao. Sinabi niya sa akin na matagal na siyang nag-aayuno at nagdarasal at na talagang naniwala siya na hindi na iyon muling ipadaranas sa kanya ng Ama sa Langit.

Habang nag-uusap kami, naalala ko ang talata sa banal na kasulatan na, "Kayo ay magsitigil at kilalanin ninyo na ako ang Dios" (Awit 46:10). Naisip ko ang sarili kong karanasan na matutong mapanatag sa gitna ng pagdurusa at hinimok ko si Erin na patuloy na manampalataya ngunit huwag ibatay ang pananampalatayang iyon sa kung mahihilo siya o hindi sa susunod niyang pagdadalantao.

Nang patuloy kong pag-aralan ang alituntunin ng pananampalataya, binasa ko ang itinuro ni Alma tungkol sa pananampalataya na "kung ikaw ay may pananampalataya, umaasa ka sa mga bagay na hindi nakikita, ngunit totoo" (Alma 32:21).

Nang pagnilayan ko ang talatang ito, natuklasan ko na ang pananampalataya ay hindi gaya ng inakala ko. Ang pananampalataya, na itinuro ni Alma sa atin, ay pag-asa sa tunay na mga alituntunin. Ang pagsampalataya ay



**PAGDAIG SA MGA PAGSUBOK**

"Hindi ba't may karunungan sa pagbibigay sa atin [ng Ama sa Langit] ng mga pagsubok para madaig natin ang mga ito at umunlad, ng mga responsibilidad para may makamit tayo, ng trabaho para tumigas ang ating mga kalamnan, ng kalungkutan para subukin ang ating mga kaluluwa? Hindi ba't nahaharap tayo sa mga tukso para subukin ang ating katatagan, sa karamdaman para matuto tayong magtiyaga, sa kamatayan para maging imortal tayo at luwalhatiin?

"Kung ang lahat ng maysakit na ipinagdarasal natin ay pagagalingin, kung lahat ng mabubuti ay poprotektahan at wawasakin ang masasama, ang buong programa ng Ama ay mawawalang-bisa at ang pangunahing alituntunin ng ebanghelyo, ang kalayaang pumili, ay magwawakas. Hindi na kailangang mabuhay ang tao sa pamamagitan ng pananampalataya."

**Pangulong Spencer W. Kimball (1895–1985), *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Spencer W. Kimball* (2006), 18.**



hindi nangangahulugang naniniwala tayo na laging ibibigay sa atin ng Ama sa Langit ang hinihiling natin. Ang pananampalataya na pagagalingin ni Cristo ang leeg ko o na loloobin Niya na hindi mahilo si Erin sa pagdadalantao ay hindi pagsampalataya sa tunay na mga alituntunin. Gayunman, maaari tayong manampalataya na si Cristo ay may kapangyarihang magpagaling, na inaalala Niya tayo, na palalakasin Niya tayo, at na kung magtitiis tayong mabuti, maaari tayong maging marapat sa buhay na walang hanggan.

Nangako ang Panginoon, "Ang anumang bagay na iyong hihingin nang may pananampalataya, naniniwalang iyong tatanggapin sa pangalan ni Cristo, ito ay matatanggap mo" (Enos 1:15). Naniniwala ako na ang bisa ng pangakong ito ay nasa payo na maniwala "sa pangalan ni Cristo." Itinuturo sa atin ng nakasulat sa Bible Dictionary tungkol sa panalangin na: "Nananalangin tayo sa pangalan ni Cristo kapag ang ating isipan ay nakaayon sa isipan ni Cristo, at ang ating mga naisin ay mga naisin ni Cristo—kapag nananatili sa atin ang Kanyang mga salita (Juan 15:7). Pagkatapos ay humihingi tayo ng mga bagay na maaaring ipagkaloob ng Diyos. Maraming panalanging hindi sinasagot dahil hindi ito inusal man lang sa pangalan ni Jesucristo; sa anumang paraan ay hindi ito nakaayon sa Kanyang isipan kundi nagmumula sa kasakiman ng puso ng tao."

Kapag humiling tayo nang may pananampalataya para sa isang bagay na sang-ayon sa kalooban ng Diyos, ipagkakaloob Niya sa atin ang naaayon sa ating mga naisin. Kilala tayo ng Ama sa Langit, mahal Niya tayo, at nais Niyang mapasaatin ang lahat ng bagay na kailangan natin para makabalik tayo sa Kanyang piling. At kung minsan ay kabilang diyan ang mga pagsubok, problema, at hamon (tingnan sa I Ni Pedro 1:7). Kung aalisin sa atin ng Ama sa Langit ang mga hamon sa buhay dahil lamang sa hiniling natin, ipagkakait Niya sa atin ang mismong mga karanasan na kailangan para sa ating kaligtasan. Dapat tayong matutong magtiwala sa plano ng Diyos para sa atin at isuko natin ang ating kalooban sa Kanya. Kapag iniayon natin ang ating mga naisin sa Kanyang mga naisin at kinilala ang ating lubos na pag-asa sa Kanya, maaari tayong maging marapat na matanggap ang "layunin ng [ating] pananampalataya, [maging] ang pagkaligtas ng [ating] mga kaluluwa" (I Ni Pedro 1:9). ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Oregon, USA.*



# FAMILY HOME EVENING—MAGAGAWA NINYO ITO!

*Anuman ang kalagayan ng inyong pamilya, mapagpapala at mapapalakas kayo ng family home evening.*

Isang ama ang umuwing pagod matapos ang maghapong trabaho at nakita ang kanyang pamilya na mga pagod rin at maiinit ang ulo. Lunes ng gabi iyon, at tila imposibleng magdaos ng family home evening. Matapos manalangin na matulungan, nagpasiya ang ama at ina na gawing simple ang mga bagay-bagay. Tinipon nila ang kanilang pamilya, kumanta ng himno, at magkakasamang nanalangin. Binigyan nila ang bawat isa ng isang maliit na kandila na sisindihan habang nagkukuwento sila ng tungkol sa isang bagay na nagpasigla sa kanila kamakailan. Sa isang madilim na silid, ang liwanag ng kandila ay nagbigay-inspirasyon at natuon dito ang atensyon ng mga bata. Habang ibinabahagi ang mga patotoo, nakadama sila ng kapayapaan at pagmamahal sa tahanan. Tinapos ng pamilya ang gabi na nagpapasalamat na nakapagdaos sila ng family home evening.

Alam ba ninyo na ang family home evening ay 100 taon nang programa ng Simbahan? Noong Abril 1915, tinagubilinan ng Unang Panguluhan ang mga miyembro na maglaan ng isang gabi bawat linggo para sa pagdarasal ng pamilya, musika, pag-aaral ng ebanghelyo, mga kuwento, at mga aktibidad. (Tingnan sa pahina 80 para sa sipi mula sa liham ng Unang Panguluhan.) Patuloy tayong pinapaalalahanan ng mga propeta tungkol sa kahalagahan ng family home evening. "Hindi natin dapat kaligtaan ang inspiradong programang ito," sabi ni Pangulong Thomas S. Monson. "Magdudulot ito ng espirituwal na pag-unlad sa bawat miyembro ng pamilya, at tutulungan siyang labanan ang naglipanang mga tukso."[1]

Narito ang ilang bagay na dapat isaisip kapag ginawa ninyong bahagi ng inyong linggo ang family home evening:

*Ito ay para sa akin.* "Ang family home evening ay para sa lahat," sabi ni Elder L. Tom Perry ng Korum ng Labindalawang Apostol.[2] Lahat tayo—may-asawa o wala, may mga anak o wala—ay makapaglalaan ng oras para mapalakas ang pamilya at matutuhan ang ebanghelyo.

*Makapaglalaan ako ng oras.* Ang Simbahan ay nagpakita ng halimbawa sa pamamagitan ng hindi pagdaraos nito ng mga aktibidad tuwing Lunes ng gabi. Maipapakita ninyo sa Panginoon at sa inyong pamilya na handa kayong maglaan ng oras para sa bagay na pinakamahalaga.

*Mahahanap ko kung ano ang epektibo para sa aking pamilya.* Kung ang inyong pamilya ay nakatira sa magkakaibang lugar, subukan ang "family online evening" para makausap ang kapamilya online o sa telepono. May umuuwi ba nang gabing-gabi na mula sa trabaho? Magdaos ng "family park evening" malapit sa trabaho kapag break time o oras ng pahinga. Isang diborsiyadong ama ang nagbibigay ng "family letter evening" tuwing Lunes, sumusulat sa kanyang mga anak na nakatira sa malayo.[3] Ang mga hadlang ang naghihikayat sa atin na lalo pang maging malikhain.

*Makakapagsimula ako sa linggong ito.* Ang family home evening ay maaaring iorganisa ayon sa mga pangangailangan at kalagayan ng inyong pamilya. Narito ang ilang mungkahi para sa lahat:

- Magsimula at magtapos sa panalangin.
- Gumamit ng musika, pati mga himno at awitin sa Primary.
- Matuto mula sa mga banal na kasulatan at sa mga makabagong propeta.
- Isama ang iba't ibang pisikal na aktibidad, mga proyekto sa paglilingkod, at mga gawaing nakasentro sa ebanghelyo linggu-linggo.
- Magkatuwaan! Maglaro o maghanda ng miryenda.
- Gawin ito palagi. Kung hindi ninyo ito magagawa sa araw ng Lunes, maghanap ng araw na magagawa ito.

*Gusto ko ng mga pagpapala.* Ang mga propeta ay nangako na kung makikibahagi tayo sa family home evening, malaking pagpapala ang ibubunga nito: Ang pagmamahalan at pagsunod sa tahanan ay lalo pang



MGA MAKASAYSAYANG LARAWAN SA KAGANDAHANG-LOOB NG BRIGHAM YOUNG UNIVERSITY; LARAWAN NG PINTURA NG ISTOCK/THINKSTOCK

mag-iibayo. Lalakas ang pananampalataya sa puso ng mga kabataan. Ang mga pamilya ay "magtatamo ng [lakas] na labanan ang kasamaan at mga tukso" na nakapalibot sa kanila.[4]

Bagama't ang inyong mga family home evening ay hindi perpekto sa tuwina, ang inyong pamilya ay mapapalakas at mapagpapala ng inyong mga pagsisikap. "Bawat family home evening ay isang hagod ng pinsel sa canvas ng ating kaluluwa," pagtuturo ni Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol. "Walang iisang pangyayari na magmumukhang kaakit-akit para hangaan nang husto o manatili sa alaala. Ngunit tulad ng mga hagod ng pintura . . . na bumagay sa isa't isa at lumikha ng kahanga-hangang obra-maestra, gayundin na hahantong sa makabuluhang espirituwal na mga bunga ang palagian nating paggawa ng tila maliliit na bagay."[5] ■

**MGA TALA**

1. Thomas S. Monson, "Mga Di-Nagbabagong Katotohanan sa Pabagu-bagong Panahon," *Liahona,* Mayo 2005, 19.
2. L. Tom Perry, "Therefore I Was Taught," *Ensign,* Mayo 1994, 38.
3. "Family Home Evening: Any Size, Any Situation," *Ensign,* Dis. 2001, 42.
4. Unang Panguluhan, sa James R. Clark, tinipon, *Messages of the First Presidency of The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints,* 6 na tomo (1965–75), 4:339.
5. David A. Bednar, "Mas Masigasig at Mapagmalasakit sa Tahanan," *Liahona,* Nob. 2009, 19.

## BIGYAN NG PINAKAMATAAS NA PRIYORIDAD

"Pinapayuhan namin ang mga magulang at mga anak na bigyan ng pinakamataas na priyoridad ang panalangin ng pamilya, family home evening, pag-aaral [at turo] ng ebanghelyo, at makabuluhang mga aktibidad ng pamilya. Kahit gaano pa karapat at kaangkop ang iba pang mga gawain o aktibidad, hindi dapat hayaang halinhan ng mga ito ang banal na mga tungkulin na tanging ang mga magulang at pamilya ang makagagawa."

**Liham ng Unang Panguluhan, Peb. 11, 1999.**

# SIYA AY NAGBANGON

*Isang matibay na pananampalataya kay Cristo ang pinakamahalagang kailangan ng mundo ngayon.*



**Ni Pangulong David O. McKay (1873–1970)**
Ikasiyam na Pangulo ng Simbahan

*Si David O. McKay ay ipinanganak noong Setyembre 8, 1873. Siya ay naorden bilang Apostol noong Abril 9, 1906, sa edad na 32, at noong Abril 9, 1951, sinang-ayunan siya bilang ikasiyam na Pangulo ng Simbahan. Ang sumusunod ay hinango sa mensaheng ibinigay niya sa pangkalahatang kumperensya ng Abril 1966. Para sa buong mensahe, tingnan sa Conference Report, Abr. 1966, 55–59.*

Kung ang himala ay isang di-pangkaraniwang pangyayari na ang sanhi ay di-masayod ng isip ng tao, kung gayon ang Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo ang pinaka-kagila-gilalas na himala sa lahat ng panahon. Dito nananatiling nahahayag ang walang hanggang kapangyarihan ng Diyos at ang kawalang-kamatayan ng tao.

[Gayunman], ang Pagkabuhay na Mag-uli ay isang himala, [dahil] lamang sa hindi ito lubos na maintindihan ng tao. Sa lahat ng tumatanggap na totoo ito, ito'y patunay lamang na patas ang batas ng buhay. . . .

[Kung tinatanggap ninyo na totoo ngang nagbangon si] Cristo at nagpakita bilang isang niluwalhati at nabuhay na mag-uling nilalang, masasagot ninyo ang [pinakamahalagang] tanong sa lahat: "Kung ang isang tao ay mamatay, mabubuhay pa ba siya?" (Job 14:14).

### Mga Saksi sa Pagkabuhay na Mag-uli

Ang literal na Pagkabuhay na Mag-uli [ni Cristo] mula sa libingan ay totoo [at talagang nangyari para] sa mga disipulo na nakakikilalang mabuti [sa Kanya]. Sa kanilang isipan ay walang anumang pag-aalinlangan. Sila'y mga saksi sa totoong pangyayari; alam nila dahil nakita ng kanilang mga mata, narinig ng kanilang mga tainga, nahawakan ng kanilang mga kamay ang katawan ng nagbangong Manunubos.

Sinabi ni Pedro, ang punong Apostol, nang magkita-kita ang labing-isa upang pumili ng kapalit ni Judas Iscariote, "Sa mga taong ito nga . . . ay nararapat na ang isa sa mga ito'y maging saksi na kasama natin sa kaniyang pagkabuhay na maguli" (Ang mga Gawa 1:21–22). . . .

Sa isa pang pagkakataon ipinahayag ni Pedro sa kanilang mga kaaway, ang mga lalaki na mismong nagpapako kay Jesus sa krus hanggang sa mamatay: "Kayong mga lalaking taga Israel, pakinggan ninyo ang mga salitang ito: . . . Ang Jesus na ito'y binuhay na maguli ng Dios, at tungkol dito'y mga saksi kaming lahat" (Ang mga Gawa 2:22, 32). . . .


### Karagdagang mga Saksi

Nakikiisa ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw kina Pedro, Pablo, Santiago, at lahat ng iba pang sinaunang Apostol sa pagtanggap na ang Pagkabuhay na Mag-uli ay hindi lamang literal na totoo, kundi dito rin nagtapos ang banal na misyon ni Cristo sa lupa.

Isanlibo walong daang taon pagkamatay ni Jesus sa krus, ipinahayag ni Propetang Joseph Smith na ang nagbangong Panginoon ay nagpakita sa kanya, na sinasabing: "Nakakita ako ng dalawang Katauhan, na ang liwanag at kaluwalhatian ay hindi kayang maisalarawan, nakatayo sa hangin sa itaas ko. Ang isa sa kanila ay nagsalita sa akin, tinatawag ako sa aking pangalan, at nagsabi, itinuturo ang isa—*Ito ang Aking Pinakamamahal na Anak. Pakinggan Siya!*" (Joseph Smith—Kasaysayan 1:17). . . .

Kung nag-iisa ang patotoo ni Joseph Smith, mawawalan ito ng saysay, tulad ng sinabi ni Cristo tungkol sa Kanyang patotoo nang magsalita Siya tungkol sa Kanyang Sarili; ngunit taglay ni Jesus ang patotoo ng Diyos at ng mga Apostol. At si Joseph Smith ay may iba pang mga saksi [na] nagpatunay sa [kanyang] patotoo, na ang katotohanan nito ay naipaalam sa kanila nang magpakita sa kanila ang anghel na si Moroni. . . .

. . . Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay ipinapahayag [din] na totoo ang maluwalhating pangitain ni Propetang Joseph Smith:



**ANG BUHAY NA CRISTO**

Basahin ang patotoo kay Jesucristo na ibinigay ng mga makabagong apostol at propeta sa *Liahona,* Abr. 2000, 2–3.



KALIWA: LARAWANG KUHA NI DAVID STOKER; *MASDAN ANG AKING MGA KAMAY*, NI JEFF WARD

"At ngayon, matapos ang maraming patotoo na ibinigay hinggil sa kanya, ito ang patotoo, na pinakahuli sa lahat, na aming ibibigay tungkol sa kanya: Na siya ay buhay!" (D at T 76:22). . . .

Dahil sa di-matatawarang mga patotoo na ibinigay ng mga sinaunang Apostol—mga patotoong itinala ilang taon matapos ang pangyayaring ito mismo—dahil sa lubhang kagila-gilalas na paghahayag sa panahong ito tungkol sa buhay na Cristo, tila mahirap talagang maunawaan kung paano naaatim ng mga tao na tanggihan pa rin Siya at pag-alinlanganan ang imortalidad ng tao.

**Ang Kailangan Natin Ngayon**

Matibay na pananampalataya kay Cristo ang pinakamahalagang kailangan ng mundo ngayon. Hindi lamang ito isang pakiramdam. Ito ay kapangyarihang nagtutulak sa tao na kumilos, at dapat taglayin at maging pinakamahalaga sa buhay ng tao. . . .

Kung ang tao lamang ay "nagiibig gumawa ng Kaniyang kalooban," sa halip na tumingin nang walang [pag-asa] sa madilim at mapanglaw na libingan, sila'y [magtutuon sa banal na katotohanan] at malalaman na nagbangon si Cristo! . . .

Ipinapahayag ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw sa buong mundo na si Cristo ang Anak ng Diyos, ang Manunubos ng daigdig! Sinumang tunay na alagad ay hindi masisiyahang tanggapin lamang Siya bilang isang dakilang tagapagpabago, ulirang guro, o maging isang taong sakdal. Ang Lalaking taga Galilea—hindi sa matalinghagang salita, kundi *literal*—ay ang Anak ng Diyos na buhay. . . .

**Talagang Isinilang na Muli**

Hindi maipapasiya ng sinumang tao na taos-pusong ipamuhay ang mga turo ni Jesus ng Nazaret araw-araw nang hindi nakadarama ng pagbabago sa kanyang buong katauhan. Ang katagang "isinilang na muli" ay may mas malalim na kahulugan kaysa pagkaintindi ng maraming tao rito. . . . Masaya ang tao na talagang nadama ang nakasisigla at nagpapabagong kapangyarihang nagmumula sa pagiging malapit na ito sa Tagapagligtas, sa kaugnayang ito sa buhay na Cristo. Nagpapasalamat ako na alam kong si Cristo ang aking Manunubos. . . .

Ang mensahe ng Pagkabuhay na Mag-uli . . . ang pinaka-nakapapanatag, ang pinaka-maluwalhating bagay na ibinigay sa tao, sapagkat kapag namatayan tayo ng isang mahal sa buhay, napapayapa ng pag-asa at banal na katiyakan ang ating naglu-luksang puso sa mga salitang: "*Siya'y wala rito; sapagka't siya'y nagbangon!*" [tingnan sa Mateo 28:6; Marcos 16:6].

Alam ko nang buong kaluluwa ko na nadaig ni Jesucristo ang kamatayan, at dahil ang ating Manunubos ay buhay, tayo rin ay mabubuhay muli. ■

*Binago ang mga subhead; iniayon sa pamantayan ang pagpapalaki ng mga titik at pagbabantas.*

# ANG ESPIRITUWAL NA IMPLUWENSYA NG

*"Nananawagan kami sa kababaihan ng Simbahan na sama-samang manindigan para sa kabutihan. . . . Ito para sa akin ang isang maningning na sinag ng pag-asa sa mundo."* —Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008)



# KABABAIHAN



*MGA ANAK NA BABAE NG DIYOS*, NI KATHLEEN PETERSON, HINDI MAAARING KOPYAHIN

*Alam ba natin ang kapangyarihan ng ating espirituwal na lakas?*

**Ni Starla Awerkamp Butler**

Maraming mababait at mapagpakumbabang kababaihan sa Simbahan ang nagbibigay ng tapat na paglilingkod nang hindi natatanto ang lawak ng impluwensya ng kanilang buhay—hindi lamang bilang mga halimbawa ng temporal na paglilingkod, kundi bilang mga pamana rin ng espirituwal na lakas. Isa sa kababaihang ito ang lola ko, si Cherie Petersen. Buong buhay siyang tapat na naglingkod sa mga tungkuling hindi kapansin-pansin. Kung tatanungin mo siya, sasabihin niya na kakaunti lang ang talentong maibabahagi niya sa mundo. Gayunman, nang simulan kong pag-aralan ang kanyang buhay, natanto ko kung gaano kalaki ang epekto ng kanyang espirituwal na lakas sa aking buhay.

Tumigil sa pagsisimba ang mga magulang ni Cherie at nagdiborsyo noong napakabata pa niya, kaya lumaki siya sa piling ng inang si Florence, na palaging nagtatrabaho. Lalo pa ngang napabayaan si Florence noong bata pa ito, dahil lumaki siya sa isang boarding school samantalang ang kanyang inang si Georgia ay naging makamundo ang pamumuhay. Sa kabila ng mga paghihirap na dinanas niya habang lumalaki siya, nanatiling aktibo si Cherie sa ebanghelyo, tapat na nagsimba kasama ang pamilya ng kanyang lola-sa-tuhod na si Elizabeth o mga kaibigan. Nakita niya sa kanilang mga pamilya ang gusto niya para sa sarili niyang pamilya. Hindi niya talaga alam kung ano ang nararapat sa isang pamilya, ngunit alam niya kung ano ang hindi nararapat dito, at determinado siyang maging kaiba ang sarili niyang pamilya balang-araw.

Minsa'y sinabi ng asawa ni Cherie—ang lolo kong si Dell—sa akin, "Para magkaroon ka ng patotoo kailangan mo itong gustuhin. Noon pa man ay gusto nang magkaroon ni Cherie ng patotoo." Bagaman puno ng mga hamon ang mga unang taon ng pagsasama nilang mag-asawa, determinado silang manatiling matatag bilang pamilya. Hindi sila gaanong nagsisimba sa unang taon ng kanilang pagsasama dahil sa iskedyul ng trabaho ni Dell, ngunit isang tawag na maglingkod sa Primary ang nagtulak

kay Cherie na magsimulang magsimba, at di-nagtagal ay sumama na sa kanya si Dell sa simbahan bilang deacons quorum advisor. Kapwa sila naging aktibo at matatag sa Simbahan simula noon. Ang kahandaang maglingkod at determinasyon ni Cherie na magkaroon ng matatag na pamilya ay nakatulong sa aking ina na maging matatag, at ang halimbawa ng aking ina ay nakaimpluwensya sa buhay ko, lalo na ngayong may sarili na akong pamilya.

Bilang kababaihan maaari tayong magkaroon ng matinding espirituwal na impluwensya sa buhay ng mga nakapaligid sa atin. Katunayan, itinuro ni Joseph Smith na ang ating tungkulin ay "hindi lamang para magbigay-ginhawa sa mga dukha, kundi para magligtas ng mga kaluluwa."[1] Tinawag ni Jesucristo ang kababaihan ng Kanyang Simbahan na maging Kanyang mga disipulo at maging matatag sa espirituwal. Ang ating espirituwal na lakas at impluwensya ay mahalaga sa pagsulong ng gawain ng kaligtasan, at kailangan tayong maghanap ng mga pagkakataong espirituwal na patatagin ang mga nasa paligid natin. Kapag ginawa natin ito, ang impluwensya ng ating pananampalataya at kabutihan ay magtatagal nang higit pa sa nakikita natin.



Apat na henerasyon: Elizabeth (kaliwa), hawak ang kanyang apong si Florence. Si Annie (gitna) ay dumating sa Utah kasama ng kanyang mga magulang at siya ang ina ni Elizabeth. Si Georgia (kanan) ay anak ni Elizabeth, ngunit si Georgia at ang kanyang anak na si Florence ay tumalikod sa Simbahan. Ang tapat na si Elizabeth ang tumulong sa kanyang apo-sa-tuhod na si Cherie at sa mga inapo ni Cherie na bumalik sa ebanghelyo.

### Tinawag na Maging mga Disipulo

Isinulat ni Elder James E. Talmage (1862–1933) ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Ang pinakadakilang tagapagtanggol ng babae at pagkababae sa mundo ay si Jesus, ang Cristo."[2] Isipin, halimbawa, ang itinuro Niya sa dalawa sa Kanyang mga babaeng disipulo sa Bagong Tipan, ang magkapatid na sina Maria at Marta. Ipinaliwanag sa aklat na *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian* na: Ang "Lucas 10 ay naglalaman ng salaysay tungkol sa pagbubukas ni Marta ng kanyang tahanan kay Jesus. Pinaglingkuran niya ang Panginoon sa pamamagitan ng pag-aasikaso sa Kanyang temporal na mga pangangailangan, at si Maria ay naupo sa paanan ng Guro at nakinig sa Kanyang mga itinuturo.

"Sa panahong ang kababaihan ay karaniwang inaasahang maglaan lamang ng temporal na paglilingkod, itinuro ng Tagapagligtas kina Marta at Maria na ang kababaihan ay maaari ding espirituwal na makibahagi sa Kanyang gawain. Inanyayahan Niya silang maging Kanyang mga disipulo at makibahagi sa kaligtasan, 'ang magaling na bahagi' na hindi kailanman aalisin sa kanila."[3]

Tulad ni Marta, kung minsa'y nagkakamali tayo sa pag-iisip na ang pangunahing tungkulin ng kababaihan ay magbigay ng temporal na paglilingkod, tulad ng pagluluto ng pagkain, pananahi, at paglilinis para sa iba. Ang paglilingkod na ito ay isang mahalaga at itinatanging sakripisyo; gayunman, higit pa sa pangangailangan Niya sa kababaihang marunong manahi at magluto, kailangan ng Panginoon ang kababaihang may espirituwal na lakas na ang pananampalataya, kabutihan, at pag-ibig sa kapwa ay nakikita sa kanilang buhay. Alam Niya na napakaraming maibibigay ang bawat isa sa atin. Nananawagan si Jesucristo sa ating *lahat* na pag-ibayuhin ang ating espirituwal na lakas at kakayahang tumanggap ng paghahayag at kumilos ayon dito para makatulong sa pagsusulong ng Kanyang gawain. Sinabi ni Linda K. Burton, Relief Society general president, sa kababaihan, "Ipinadala kayo sa mundo sa dispensasyong ito dahil sa inyong pagkatao at sa gawaing inihanda para sa inyo! Anuman ang sikaping ipaisip sa atin ni Satanas tungkol sa kung sino tayo, ang tunay nating pagkatao ay bilang disipulo ni Jesucristo!"[4]

Kilala tayo ng Panginoon at alam Niya ang ating sitwasyon, at may ipinagagawa Siya sa bawat isa sa atin dito sa mundo. Walang babaeng napakakaunti ng nalalaman o talento para maging espirituwal na impluwensya sa kabutihan at ilapit ang iba kay Cristo. Taglay ang banal na potensyal na ito may responsibilidad tayong maging mga espirituwal na pinuno sa ating tahanan at komunidad. Ipinahayag ni Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Bawat kapatid na babae sa Simbahang ito na gumawa ng mga tipan sa Panginoon ay binigyan ng banal na tagubilin na tumulong sa pagliligtas ng mga kaluluwa, na akayin ang kababaihan ng daigdig, patatagin ang mga tahanan sa Sion, at itayo ang kaharian ng Diyos."[5]

Hindi tayo kailangang magkaroon ng mataas na katungkulan o gumawa ng kakaibang mga bagay para tulungan ang mga nasa paligid natin na gumawa ng mga pasiyang mas maglalapit sa kanila kay Jesucristo—ang pinakamahalaga nating tungkulin. Ang pinakamalalaki at pinakamaliliit na bagay na ginagawa natin sa buhay ng isa o dalawang



*JESUS AT MARIA AT MARTA*, NI KATHLEEN PETERSON, SA KAGANDAHANG-LOOB NG DESERET BOOK; LARAWAN SA KAGANDAHANG-LOOB NG AWTOR

tao, kahit sa sarili lang nating pamilya, ay maaaring kapwa magkaroon ng matinding epekto.

**Kababaihan sa Gawain ng Kaligtasan**

Sabi sa isang paboritong himno, "Sa kababaihan 'pinagkatiwala, Dakilang gawain ng mga anghel."[6] Marami tayong maibibigay sa buhay ng mga taong mahal natin. Ikinuwento ni Elder Richard G. Scott ng Korum ng Labindalawang Apostol kung paano naapektuhan ng espirituwal na lakas ng dalawang babae ang kanyang buhay:

"Noong bata pa ako, hindi miyembro ng Simbahan ang aking ama at di-gaanong nagsisimba ang aking ina. . . . Ilang buwan pagkaraan ng ikawalong kaarawan ko, lumuwas si Lola Whittle para bisitahin kami. Nag-alala si Lola na hindi pa ako nabinyagan ni ang kuya ko. Hindi ko alam kung ano ang sinabi niya sa mga magulang ko tungkol dito, ngunit alam ko na isang umaga ay isinama niya kami ng kuya ko sa parke at sinabi sa amin ang kanyang damdamin tungkol sa kahalagahan ng mabinyagan at dumalo nang regular sa mga pulong ng Simbahan. Hindi ko maalala ang mga detalye ng sinabi niya, ngunit umantig sa puso ko ang mga salita niya, at di-nagtagal ay nabinyagan kami ng kuya ko. . . .

"Gumamit si Lola ng sapat na lakas ng loob at paggalang para maipaunawa sa aming ama na mahalagang ihatid niya kaming magkapatid sa simbahan para sa aming mga pulong. Sa lahat ng angkop na paraan, ipinadama niyang kailangan namin ang ebanghelyo sa aming buhay."[7]

Ang pangalawang pinagkukunan ng espirituwal na lakas ni Elder Scott ay ang asawa niyang si Jeanene. Noong nagdedeyt pa sila sinimulan nilang pag-usapan ang magiging buhay nila. Ipinahayag

*"Itinuro ng Tagapagligtas kina Marta at Maria na ang kababaihan ay maaari ding espirituwal na makibahagi sa Kanyang gawain. Inanyayahan Niya silang maging Kanyang mga disipulo at makibahagi sa kaligtasan."*



*SANGGOL*, NI KATHLEEN PETERSON, HINDI MAARING KOPYAHIN

ni Jeanene, na lumaki sa isang matatag na pamilya ng mga missionary, ang kanyang hangaring makasal sa templo sa isang returned missionary. Si Elder Scott, na di-gaanong iniisip noon ang pagmimisyon, ay naapektuhan nang husto. "Umuwi ako, at wala na akong iba pang maisip. Magdamag akong gising. . . . Matapos ang maraming panalangin nagpasiya akong kausapin ang bishop ko at simulang mag-aplay sa misyon."[8] Kahit si Jeanene ang nagbigay sa kanya ng patnubay at inspirasyong kailangan niya, sinabi ni Elder Scott, "Hindi [kailanman] hiniling sa akin ni Jeanene na magmisyon ako *para sa kanya*. Inibig niya ako nang sapat para ibahagi ang kanyang pananalig at binigyan ako ng pagkakataong piliin ang direksyon ng sarili kong buhay. Kapwa kami nagmisyon at kalaunan ay ibinuklod kami sa templo. Ang lakas ng loob at katapatan ni Jeanene sa kanyang paniniwala ang nakagawa ng lahat ng kaibhan sa aming pagsasama. Tiyak ko na hindi kami liligaya kung hindi malakas ang kanyang pananampalataya sa alituntuning paglingkuran muna ang Panginoon. Isa siyang kahanga-hanga at mabuting halimbawa!"[9]

*Sabi sa isang paboritong himno, "Sa kababaihan 'pinagkatiwala, Dakilang gawain ng mga anghel." Marami tayong maibibigay sa buhay ng mga taong mahal natin.*

Ang espirituwal na impluwensya ng mga anghel na kababaihang ito sa kanyang buhay ang nakatulong sa isang binata—si Elder Scott—na gawin ang ilan sa pinakamahahalagang desisyon sa kanyang buhay: magpabinyag, magmisyon, at makasal sa templo.

Matutulungan natin ang iba na naising gumawa ng mabubuting pasiya sa pamamagitan ng ating halimbawa, mga kilos, pananalita, at personal na kabutihan. Ipinahayag ni Sister Carole M. Stephens, unang tagapayo sa Relief Society general presidency, "Tayo ay pinagtipanang mga anak sa kaharian ng Panginoon, at tayo ay may pagkakataon na maging kasangkapan sa Kanyang mga kamay. . . . [Nakikibahagi tayo] sa gawain ng kaligtasan sa araw-araw sa maliliit at simpleng

paraan—nagbabantay, nagpapalakas, at nagtuturo sa isa't isa."[10] Kapag umasa tayo sa Espiritu at sumulong nang may taimtim at mapagpakumbabang pagsisikap na tulungan ang mga nasa paligid natin na mas mapalapit kay Cristo, gagabayan tayo sa kung ano ang magagawa natin at bibigyan tayo ng lakas na gawin ito, at madarama natin ang kagalakan na makapagdala ng mga anak ng Panginoon sa Kanya.

### Pagiging Espirituwal na Impluwensya

Batid ang ating responsibilidad, maitatanong natin gaya ng mga disipulo noong araw, "Anong gagawin namin" (Ang mga Gawa 2:37) para maging espirituwal na impluwensya? Sa huling pangkalahatang kumperensya, inanyayahan ni Sister Burton ang kababaihan na wariin ang "ilang posibleng espirituwal na mga karatulang 'help wanted' na may kaugnayan sa gawain ng kaligtasan:

- Help wanted: mga magulang na palalakihin ang kanilang mga anak sa liwanag at katotohanan
- Help wanted: mga anak, kapatid . . . . tita . . . , pinsan, lolo't lola, at matatapat na kaibigang magtuturo at mag-aalok ng tulong sa pagtahak sa landas ng tipan
- Help wanted: mga nakikinig sa mga panghihikayat ng Espiritu Santo at kumikilos ayon sa mga pahiwatig na natanggap
- Help wanted: mga namumuhay sa ebanghelyo araw-araw sa maliliit at mga simpleng paraan
- Help wanted: mga family history at temple worker na mag-uugnay sa mga pamilya sa kawalang-hanggan
- Help wanted: mga missionary at miyembro na magpapalaganap ng 'mabuting balita'—ang ebanghelyo ni Jesucristo
- Help wanted: mga tagasagip na maghahanap sa mga naligaw ng landas
- Help wanted: mga tumutupad ng tipan na maninindigan para sa katotohanan at tama
- Help wanted: mga tunay na disipulo ng Panginoong Jesucristo."[11]

Hindi na bago ang mga ito, ngunit kapag naghangad tayo ng mga pagkakataong makibahagi sa gawain ng kaligtasan, mapapahusay natin ang ating kakayahang tulungan ang mga nasa paligid natin. Sinabi ni Elder Ballard, "Wala nang makikita pa sa mundo na mas magiliw, mas mapangalaga, o mas nakapagbabago ng buhay kaysa sa impluwensiya ng isang matwid na babae."[12] Habang pinalalakas natin ang ating espirituwal na kapangyarihan sa pamamagitan ng personal na panalangin at pag-aaral ng banal na kasulatan, matibay na pagsunod, at tapat na pagtupad sa ating mga tipan, magiging gayon ang ating impluwensya.

### Higit pa sa Ating Nakikita

Sabi ni Pangulong Brigham Young (1801–1877), "Masasabi ba ninyo ang malaking kabutihang kayang gawin ng mga ina at anak na babae sa Israel? Hindi, imposible iyan. At mapagpapala sila ng kabutihang gagawin nila hanggang sa kawalang-hanggan."[13]

Ang mabubuting desisyon ng lola ko ay nakaapekto sa mga henerasyon ng kanyang pamilya nang higit pa sa nakita niya noong siya ay dalagita pa. Gayunman, ang espirituwal na impluwensya ng kababaihan sa aking pamilya ay dama na noon pa man. Nagtamo si Cherie ng sarili niyang espirituwal na lakas mula sa pagmamasid sa kanyang lola-sa-tuhod (ang aking kalola-lolahan) na si Elizabeth. Ang halimbawa ng pananampalataya at patotoo ni Elizabeth ay humigit pa sa dalawang henerasyon ng pagiging di-aktibo para tulungan ang kanyang apo-sa-tuhod na si Cherie na huwag hayaang patuloy na magkawatak-watak ang mga pamilya na tulad ng dati at bumalik sa Simbahan.

Kapag naging espirituwal na lakas tayo sa mga nasa paligid natin, ang ating impluwensya ay hihigit pa sa ating nakikita. Sabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008), "Nananawagan kami sa kababaihan ng Simbahan na sama-samang manindigan para sa kabutihan. Kailangan nilang magsimula sa sarili nilang tahanan. Maituturo nila ito sa kanilang klase. Maipapahayag nila ito sa kanilang komunidad. . . .

"Ito para sa akin ang isang maningning na sinag ng pag-asa sa mundong humahakbang tungo sa sariling kapahamakan."[14]

Kapag sinunod natin ang utos na ito, ang gawain ng Panginoon ay maisusulong sa daigdig na ginagalawan natin at, higit sa lahat, sa ating mga pamilya at sa buhay ng mga mahal natin. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.*


**MGA TALA**

1. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 531.
2. James E. Talmage, *Jesus the Christ,* ika-3 ed. (1916), 475.
3. *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian: Ang Kasaysayan at Gawain ng Relief Society* (2011), 4.
4. Linda K. Burton, "Wanted: Mga Kamay at mga Pusong Magpapabilis sa Gawain," *Liahona,* Mayo 2014, 123.
5. M. Russell Ballard, "Kababaihan ng Kabutihan," *Liahona,* Dis. 2002, 39.
6. "Bilang mga Magkakapatid sa Sion," *Mga Himno,* blg. 197.
7. Richard G. Scott, "Kayo'y Binigyan Ko ng Halimbawa," *Liahona,* Mayo 2014, 32.
8. Richard G. Scott, "Kayo'y Binigyan Ko ng Halimbawa," 33.
9. Richard G. Scott, "Kayo'y Binigyan Ko ng Halimbawa," 33.
10. Carole M. Stephens, "May Malaking Dahilan Tayo para Magalak," *Liahona,* Nob. 2013, 117.
11. Linda K. Burton, "Wanted: Mga Kamay at mga Pusong Magpapabilis sa Gawain," 124.
12. M. Russell Ballard, "Mga Ina at Anak na Babae," *Liahona,* Mayo 2010, 18.
13. *Discourses of Brigham Young,* pinili ni John A. Widtsoe (1954), 216.
14. Gordon B. Hinckley, "Pagiging Matatag at Di Natitinag," *Pandaigdigang Pulong sa Pagsasanay sa Pamumuno,* Ene.10, 2004, 20–21.

# Hindi KASALANAN ANG MAGING MAHINA

**Ni Wendy Ulrich**

"Talaga bang karapat-dapat akong pumasok sa bahay ng Diyos? Paano ako magiging karapat-dapat kung hindi ako perpekto?"

"Talaga bang magagawang kalakasan ng Diyos ang aking kahinaan? Ilang araw na akong nag-ayuno at nanalangin para maalis sa akin ang problemang ito, pero tila walang nagbabago."


"Sa aking misyon noon mas matatag kong naipamuhay ang ebanghelyo kaysa anumang panahon sa buhay ko, pero ngayon ko lang higit na nabatid ang mga pagkukulang ko. Bakit kung minsan, kapag nagpapakabait ako, hindi maganda ang pakiramdam ko?"

Habang pinag-iisipan natin ang gayong mga tanong, mahalagang maunawaan na samantalang ang *kasalanan* ay inilalayo tayo sa Diyos, ang *kahinaan,* sa kabilang banda, ay inaakay tayo nito palapit sa Kanya.

## Pagkilala sa Kaibhan ng Kasalanan at ng Kahinaan

Karaniwa'y iniisip natin na ang kasalanan at kahinaan ay magkakaibang laki lang ng itim na mantsa sa ating kaluluwa, magkakaibang tindi ng pagkakasala. Ngunit ipinahihiwatig sa mga banal na kasulatan na ang kasalanan at kahinaan ay talagang magkaiba, nangangailangan ng magkaibang lunas, at maaaring magbunga ng magkaibang resulta.

Karamihan sa atin ay mas pamilyar sa kasalanan kaysa gusto nating aminin, ngunit repasuhin natin: Ang kasalanan ay isang pagpapasiyang suwayin ang mga utos ng Diyos o magrebelde laban sa Liwanag ni Cristo na taglay natin. Ang kasalanan ay isang pagpapasiyang magtiwala kay Satanas kaysa sa Diyos, na dahilan para maging kaaway tayo ng ating Ama. Hindi tulad natin, si Jesucristo ay walang bahid ng kasalanan



*Ang mga limitasyon at kakulangan ay hindi mga kasalanan at hindi hadlang para maging malinis at marapat tayo sa Espiritu.*

ITAAS: LARAWANG KUHA NG ISTOCK/THINKSTOCK; IBABA: LARAWANG KUHA NG PHOTODISC/THINKSTOCK



Bagama't hindi maiiwasang mapalayo tayo sa Diyos dahil sa kasalanan, ang kahinaan, sa kabilang banda, ay maaakay tayo sa Kanya.



at maaaring magbayad-sala para sa ating mga kasalanan. Kapag taos-puso tayong nagsisi—kabilang na ang pagbabago ng ating isipan, puso, at pag-uugali; angkop na paghingi ng paumanhin o pagtatapat; pagbabayad kung maaari; at hindi na pag-ulit ng kasalanang iyon sa hinaharap—magkakaroon ng epekto sa atin ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo, mapapatawad tayo ng Diyos, at magiging malinis muli.

Ang pagiging malinis ay mahalaga dahil walang maruming bagay na makapananahanan sa piling ng Diyos. Ngunit kung ang tanging mithiin lamang natin ay manatiling walang malay tulad noong umalis tayo sa piling ng Diyos, mas mabuti pang mahiga na lang tayong lahat nang panatag sa ating kuna sa buong buhay natin. Bagkus, naparito tayo sa lupa upang matuto sa karanasan upang makilala ang mabuti sa masama, umunlad sa karunungan at kasanayan, ipamuhay ang ating mga pinahahalagahan, at magtamo ng mga katangian ng kabanalan—pag-unlad na hindi natin magagawa kung naroon lang tayo sa kuna.

## ANG PANGAKO NG PAGBABAYAD-SALA



"Ang maibalik ang hindi ninyo kayang ibalik, mapagaling ang sugat na hindi ninyo kayang pagalingin, ayusin yaong inyong sinira at hindi kayang ayusin ang mismong layunin ng pagbabayad-sala ni Cristo. . . .

"Inuulit ko, maliban sa iilan na tumalikod tungo sa kapahamakan, walang gawi, walang adiksyon, walang rebelyon, walang paglabag, walang apostasiya, walang krimen na hindi sakop ng ipinangakong lubusang kapatawaran. Iyan ang pangako ng pagbabayad-sala ni Cristo."

**Pangulong Boyd K. Packer, Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, "The Brilliant Morning of Forgiveness," *Ensign,* Nob. 1995, 19–20.**

Malaki ang papel na ginagampanan ng kahinaan ng tao sa mahahalagang layuning ito ng mortalidad. Nang mag-alala si Moroni na magiging dahilan ang kanyang kahinaan sa pagsulat para kutyain ng mga Gentil ang mga sagradong bagay, pinanatag siya ng Panginoon sa mga salitang ito:

"At kung ang mga tao ay lalapit sa akin ay ipakikita ko sa kanila ang kanilang kahinaan. Ako ay nagbibigay ng kahinaan sa mga tao upang sila ay magpakumbaba; at ang aking biyaya ay sapat para sa lahat ng taong magpapakumbaba ng kanilang sarili sa aking harapan; sapagkat kung magpapakumbaba sila ng kanilang sarili sa aking harapan, at magkakaroon ng pananampalataya sa akin, sa gayon ay gagawin ko ang mahihinang bagay na maging malalakas sa kanila" (Eter 12:27; tingnan din sa I Mga Taga Corinto 15:42–44; II Mga Taga Corinto 12:7–10; 2 Nephi 3:21; at Jacob 4:7).

Ang implikasyon ng pamilyar na banal na kasulatang ito ay malalim at inaanyayahan tayong makilala ang kasalanan (na udyok ni Satanas) mula sa kahinaan (na inilarawan dito bilang isang kundisyong "bigay" sa atin ng Diyos).

Maaari nating ipakahulugan ang kahinaan bilang limitasyon sa ating karunungan, kakayahan, at kabanalan bilang tao. Bilang mga mortal isinilang tayong mahina at umaasa sa iba, na may iba't ibang mga pisikal na kapintasan at pag-uugali. Lumaki at napapaligiran tayo ng iba pang mahihinang tao, at ang kanilang mga turo, halimbawa, at pakikitungo sa atin ay may mali at kung minsan ay nakapipinsala. Sa ating mahina at mortal na kalagayan dumaranas tayo ng pisikal at emosyonal na karamdaman, gutom, at pagod. Nakadarama tayo ng mga damdaming tulad ng galit, pighati, at takot. Kulang tayo ng karunungan, kasanayan, tibay, at lakas. At dumaranas tayo ng maraming uri ng tukso.

Bagama't Siya ay walang kasalanan, lubos na sumama sa atin si



### PAGKILALA SA KAIBHAN NG KASALANAN AT KAHINAAN

| | Kasalanan | Kahinaan |
|---|---|---|
| **Kahulugan?** | Kusang pagsuway sa Diyos | Limitasyon ng tao, karamdaman |
| **Pinagmulan?** | Udyok ni Satanas | Bahagi ng ating mortal na katangian |
| **Mga halimbawa?** | Sadyang pagsuway sa mga utos ng Diyos, paniniwala kay Satanas kaysa sa Diyos | Maaaring matukso, magdamdam, mapagod, magkaroon ng sakit sa katawan o isipan, maging mang-mang, magkaroon ng mga maling ugali, masaktan, mamatay |
| **Ganito ba si Jesus?** | Hindi | Oo |
| **Ang dapat nating itugon?** | Pagsisisi | Pagpapakumbaba, pananam-palataya kay Cristo, at mga pagsisikap na madaig ito |
| **Ano naman ang tugon ng Diyos?** | Kapatawaran | Biyaya—isang nagbibigay-kakayahang kapangyarihan |
| **Na nauuwi sa?** | Pagiging malinis mula sa kasalanan | Pagtatamo ng kabanalan, lakas |

Jesucristo sa kalagayan ng kahinaan ng tao (tingnan sa II Mga Taga Corinto 13:4). Siya ay isinilang bilang isang walang-lakas na sanggol na may katawang mortal at pinalaki ng di-perpektong mga tagapag-alaga. Kinailangan niyang matutong lumakad, magsalita, magtrabaho, at makisama sa iba. Siya ay nagutom at napagod, nadama ang nadarama ng tao, at maaaring magkasakit, magdusa, labasan ng dugo, at mamatay. Siya ay "tinukso sa lahat ng mga paraan gaya rin naman natin, gayon ma'y walang kasalanan," at naging mortal upang Siya ay "mahabag sa ating kahinaan" at tulungan tayo sa *ating* mga kahinaan o karupukan (Sa mga Hebreo 4:15; tingnan din sa Alma 7:11–12).

Hindi natin maaaring pagsisihan lamang ang pagiging mahina—ni hindi tayo nagiging marumi dahil sa ating kahinaan. Hindi maaaring umunlad ang ating espirituwalidad maliban kung *tanggihan* natin ang kasalanan, ngunit hindi rin umuunlad ang ating espirituwalidad maliban kung *tanggapin* natin ang ating kahinaan bilang tao, tugunan ito nang may pagpapakumbaba at pananampalataya, at matutong magtiwala sa Diyos dahil sa ating kahinaan. Nang mag-alala si Moroni tungkol sa kahinaan niya sa pagsulat, hindi siya pinagsisi ng Diyos. Sa halip, tinuruan siya ng Panginoon na magpakumbaba at sumampalataya kay Cristo. Kapag tayo ay maamo at tapat, nag-aalok ng biyaya ang Diyos—hindi ng pagpapatawad—bilang lunas sa kahinaan. Ang kahulugan ng biyaya sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan ay isang nagbibigay-kakayahang kapangyarihan mula sa Diyos na gawin ang hindi natin kayang gawing mag-isa (tingnan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Biyaya")—ang angkop na banal na lunas upang magawa Niya "ang mahihinang bagay na maging malalakas."

### Pagpapakumbaba at Pagsampalataya

Noon pa man sa ating karanasan sa Simbahan, itinuro sa atin ang mahahalagang bahagi ng pagsisisi, ngunit paano ba talaga tayo magpapakumbaba at sasampalataya? Isipin ang mga sumusunod:

- **Magbulay-bulay at magdasal.** Dahil tayo ay mahihina, maaaring hindi natin malaman kung naharap tayo sa *kasalanan* (na nangangailangan ng agaran at lubos na pagbabago ng isipan, puso, at pag-uugali) o sa *kahinaan* (na nangangailangan ng pagpapakumbaba, patuloy na pagsisikap, pag-aaral, at pagpapakabuti). Ang pagtingin natin sa mga bagay na ito ay maaaring depende sa pagpapalaki sa atin at kahustuhan ng ating isip. Maaari pa ngang may bahid kapwa ng kasalanan at kahinaan sa iisang pag-uugali. Ang pagsasabi na ang isang kasalanan ay talagang isang kahinaan ay humahantong sa pangangatwiran sa halip na sa pagsisisi. Ang pagsasabi na ang isang kahinaan ay isang kasalanan ay maaaring mauwi sa kahihiyan, paninisi, kawalang-pag-asa, at pagtalikod sa mga pangako ng Diyos. Ang pagbubulay at pagdarasal ay tumutulong sa atin na makita ang mga pagkakaiba ng ito.
- **Ayusin ang mga prayoridad.** Dahil mahina tayo, hindi natin magagawa nang biglaan ang bawat kinakailangang pagbabago. Kapag mapagpakumbaba at tapat nating sinisikap na madaig ang ating kahinaan nang pailan-ilang aspeto sa bawat pagkakataon, unti-unti nating mababawasan ang ating kamangmangan, makakagawian natin ang mabubuting ugali, madaragdagan natin ang ating pisikal at emosyonal

LARAWANG KUHA NG ISTOCK/THINKSTOCK

na kalusugan at katatagan, at mapapalakas natin ang ating tiwala sa Panginoon. Matutulungan tayo ng Diyos na malaman kung saan magsisimula.

- **Magplano.** Dahil mahina tayo, kailangan ng higit pa sa mabuting hangarin at matinding disiplina sa sarili para tayo lumakas. Kailangan din tayong magplano, matuto sa mga pagkakamali, magkaroon ng mas epektibong mga estratehiya, magbago ng ating mga plano, at magsikap muli. Kailangan natin ng tulong mula sa mga banal na kasulatan, mga angkop na aklat, at iba pang mga tao. Magsisimula tayo sa maliit, magagalak sa pag-unlad, at gagawin ang lahat (kahit madali tayong masaktan at manghina dahil dito). Kailangan natin ng suportang tutulong sa atin na gumawa ng mabubuting pasiya kahit pagod tayo o pinanghihinaan ng loob at ng mga plano kung paano magbalik sa tamang landas kapag nagkamali tayo.
- **Magtiyaga.** Dahil mahina tayo, maaaring matagalan ang pagbabago. Hindi natin basta tinatalikuran ang ating kahinaan sa paraan ng pagtalikod natin sa kasalanan. Ang mapagpakumbabang mga disipulo ay kusang ginagawa ang kailangan, natututo ng katatagan, patuloy na nagsisikap, at hindi sumusuko. Ang pagpapakumbaba ay tinutulungan tayong maging matiyaga sa kahinaan natin at ng iba. Ang pagtitiyaga ay nagpapakita ng ating pananampalataya sa Panginoon, ng pasasalamat sa Kanyang tiwala sa atin, at ng tiwala sa Kanyang mga pangako.

Kahit tayo ay taos na magsisi sa ating mga kasalanan, magtamo ng kapatawaran, at maging malinis na muli, nananatili tayong mahina. Nakakaranas pa rin tayo ng karamdaman, silakbo ng damdamin, kamangmangan, mga likas na ugali, kapaguran, at tukso. *Ngunit ang mga limitasyon at kakulangan ay hindi kasalanan at hindi hadlang sa ating pagiging malinis at marapat sa Espiritu.*

### Kahinaan tungo sa Kalakasan

Bagama't pursigido si Satanas na gamitin ang ating kahinaan para tuksuhin tayong magkasala, maaaring gamitin



**PAGKILALA SA KAIBHAN NG NAKABUBUTING PANUNUROT NG BUDHI (KALUMBAYANG MULA SA DIYOS) AT PAGPAPAKUMBABA SA HINDI NAKATUTULONG NA HUWAD NA KAHIHIYAN**

| Nakabubuting Panunurot ng Budhi—Kalumbayang mula sa Diyos dahil sa Kasalanan | Pananampalataya at Pagpapakumbaba—Kaamuang Katulad ni Cristo sa Pagkakaroon ng Kahinaan | Mapanirang Kahihiyan—Hindi Nakatutulong |
|---|---|---|
| Malamang na tayo ay:<br>• Makadama ng pagsisisi sa paglabag sa ating mga pamantayan ng moralidad.<br>• Magsisi, magbago ng ating isip, puso, pag-uugali.<br>• Maging bukas, magtapat ng ating mga pagkakamali, makipagkasundo.<br>• Umunlad at matuto.<br>• Ituring ang ating sarili na talagang mabuti, mahalaga.<br>• Maghangad na iayon ang ating pag-uugali sa magandang pagkakilala natin sa ating sarili.<br>• Magtiwala nang lubos sa nakatutubos na kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ni Cristo. | May posibilidad tayong:<br>• Makadama ng kapanatagan at katiyakan at pagtanggap sa sarili, pati na sa lahat ng ating kapintasan.<br>• Magsapalaran para umunlad at makatulong.<br>• Managot para sa mga pagkakamali, maghangad na magpakabuti.<br>• Matuto mula sa mga pagkakamali at magsikap muli.<br>• Magkaroon ng sense of humor at magalak sa buhay at sa iba.<br>• Ituring na nakakatulong ang ating kahinaan para maunawaan natin ang iba.<br>• Maging matiyaga sa mga kahinaan at kapintasan ng iba.<br>• Mag-ibayo sa pagtitiwala sa pag-ibig at tulong ng Diyos. | May posibilidad tayong:<br>• Makadama ng kawalang-halaga, pagkasiphayo.<br>• Magtangka na itago ang ating mga kahinaan sa iba.<br>• Takot na mabunyag ang ating kahinaan.<br>• Sisihin ang iba sa mga problema.<br>• Umiwas na magsikap at gawin ang lahat, na ang kabiguan para sa atin ay nakakahiya.<br>• Makipagpaligsahan at ihambing ang ating sarili sa iba.<br>• Mangatwiran at matigas ang ulo o mahina ang loob natin.<br>• Manuya o masyado tayong seryoso.<br>• Maging abala sa ating mga pagkukulang o pagiging higit kaysa iba.<br>• Mangambang tanggihan at kasuklaman ng Diyos. |

ng Diyos ang kahinaan ng tao para turuan, palakasin, at pagpalain tayo. Gayunman, salungat sa ating inaasahan o inaasam, hindi laging ginagawa ng Diyos "ang mahihinang bagay na maging malalakas" sa atin sa pamamagitan ng pag-aalis ng ating mga kahinaan. Nang paulit-ulit na manalangin si Apostol Pablo sa Diyos na alisin ang "tinik sa laman" na ginamit ni Satanas para pahirapan siya, sinabi ng Diyos kay Pablo, "Ang aking biyaya ay sapat na sa iyo: sapagka't ang aking kapangyarihan ay nagiging sakdal sa kahinaan" (II Mga Taga Corinto 12:7, 9).

Maraming paraan ang Panginoon para gawin "ang mahihinang bagay na maging malalakas." Bagama't maaalis Niya ang kahinaan sa pamamagitan ng pambihirang lunas na inaasam natin, sa aking personal na karanasan ay medyo bihira ito. Halimbawa, wala akong nakikitang katibayan na inalis ng Diyos ang kahinaan ni Moroni sa pagsulat matapos ang pamilyar na talata sa Eter 12. Magagawa rin ng Diyos na maging malalakas ang mahihinang bagay sa pamamagitan ng pagtulong sa atin na lunasan ang ating mga kahinaan, magkaroon ng angkop na kasiyahan o pananaw tungkol dito, at unti-unti itong palakasin sa paglipas ng panahon. Gayundin, madalas ay magkakaugnay ang mga kalakasan at kahinaan (katulad ng kalakasan na pagiging matiyaga at ng kahinaan na katigasan ng ulo), at maaari tayong matutong pahalagahan ang kalakasan at pigilin ang kahinaang kaakibat nito.

May isa pa, na mas mabisang paraan na ginagawa ng Diyos para gawing malakas sa atin ang mahihinang bagay. Sabi ng Panginoon kay Moroni sa Eter 12:37, "Dahil sa kinilala mo ang iyong kahinaan ikaw ay gagawing malakas, maging hanggang sa pag-upo sa lugar na inihanda ko sa mga mansiyon ng aking Ama."

Dito ay hindi nag-alok ang Diyos na baguhin ang kahinaan ni Moroni, kundi baguhin si Moroni. Sa pagsisikap na madaig ang kahinaan ng tao, maaaring matuto si Moroni—at tayo—ng pag-ibig sa kapwa, habag, kaamuan, tiyaga, lakas ng loob, mahabang pagtitiis, karunungan, tibay ng katawan, pagpapatawad, katatagan, pasasalamat, pagkamalikhain, at marami pang ibang magagandang katangian na ginagawa tayong mas katulad ng ating Ama sa Langit. Ito mismo ang mga katangiang pagbubutihin natin kaya tayo naparito sa lupa, mga katangian ni Cristo na maghahanda sa atin para sa mga mansiyon sa langit.

Higit na napatunayan ang pag-ibig, karunungan, at kapangyarihang tumubos ng Diyos sa Kanyang kakayahan na gawing makadiyos na mga katangian at kalakasan ang ating pakikibaka sa kahinaan kaya tayo nagiging higit na katulad Niya. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.*

PAGLALARAWAN NI COLIN LIGERTWOOD





**Ni Elder W. Christopher Waddell**
Ng Pitumpu

# DALISAY NA Relihiyon

*Ang di-makasariling paglilingkod—paglimot sa ating sarili, pagtugon sa pangangailangan ng iba, at paglalaan ng ating buhay sa paglilingkod sa kanila—ay mga katangiang taglay na ng mga disipulo ni Jesucristo.*

Sa Mateo kabanata 11 itinuro sa atin ng Tagapagligtas ang isang mahalagang aral sa bagay na *hindi* Niya sinabi bilang pagtugon sa tanong ng mga disipulo ni Juan Bautista:

"Nang marinig nga ni Juan sa bilangguan ang mga gawa ni Cristo, ay nagpasugo siya sa pamamagitan ng kaniyang mga alagad,

"At sinabi sa kaniya, Ikaw baga yaong paririto, o hihintayin namin ang iba?

"Sumagot si Jesus at sa kanila'y sinabi, Magsiparoon kayo at sabihin ninyo kay Juan ang mga bagay na inyong nangaririnig at nakikita:

"Ang mga bulag ay nangakakakita, ang mga pilay ay nangakalalakad, ang mga ketongin ay nangalilinis, at ang mga bingi ay nangakaririnig, at ang mga patay ay ibinabangon, at sa mga dukha ay ipinangangaral ang mabubuting balita" (Mateo 11:2–5).

Sa halip na magbigay ng maikling paliwanag sa doktrina na naglalarawan na talagang Siya na nga ang, "yaong paririto," ang Tagapagligtas ay tumugon sa pamamagitan ng Kanyang mga ginawa—ang Kanyang halimbawa ng paglilingkod.

Noong pangkalahatang kumperensya ng Abril 2014, ipinaalala sa atin ni Elder Richard G. Scott ng Korum ng Labindalawang Apostol: "Napaglilingkuran natin nang husto ang ating Ama sa Langit sa matwid na pag-impluwensya sa iba at paglilingkod sa kanila. "Ang pinakadakilang halimbawa na nabuhay sa mundo ay ang ating Tagapagligtas na si Jesucristo."[1]

Ang di-makasariling paglilingkod—paglimot sa ating sarili, pagtugon sa mga pangangailangan ng iba, at paglaan ng ating buhay sa paglilingkod sa kanila—ay mga katangiang taglay na ng mga disipulo ni Jesucristo. Tulad ng itinuro ni Haring Benjamin mahigit 100 taon bago isilang ang Tagapagligtas, "Kung kayo ay nasa paglilingkod ng inyong kapwa-tao, kayo ay nasa paglilingkod lamang ng inyong Diyos" (Mosias 2:17).

Ipinapaalala sa atin ni Santiago na ang mahalagang aspeto ng "dalisay na relihiyon" ay matatagpuan sa ating paglilingkod sa iba kapag ating "[dinalaw] ang mga ulila at mga babaing bao sa kanilang kapighatian" (Santiago 1:27). Ang "dalisay na relihiyon" ay higit pa sa paghahayag ng paniniwala; ito ay pagsasagawa ng paniniwala.

## Mahalin ang Inyong Kapwa mga Manlalakbay

Noong kalagitnaan ng Hulyo 1984, mga ilang linggo matapos kaming ikasal ng aking asawang si Carol sa Los Angeles California Temple, kami ay papunta noon sa Utah, kung saan sisimulan ko ang aking trabaho roon at si Carol naman ay tatapusin ang kanyang pag-aaral sa kolehiyo. Tig-isa kami ng minamanehong sasakyan. Sa dalawang sasakyang ito, lulan dito ang lahat ng gamit na ililipat namin.

Nang nangangalahati na kami sa aming destinasyon, tumapat sa tabi ko ang sasakyan ni Carol at may isinisenyas

MGA PAGLALARAWAN NI ANNIE HENRIE

sa akin. Ito ay noong mga panahong wala pang mga cell phone at smartphone, texting at Twitter. Nang makita ko ang ekspresyon sa kanyang mukha sa bintana ng sasakyan, masasabi kong hindi mabuti ang pakiramdam niya. Sinabi niya na kaya pa niyang magmaneho, pero nag-alala ako sa aking asawa.

Nang palapit na kami sa maliit na bayan ng Beaver, Utah, tumabi siyang muli, at dama ko na talagang kailangang huminto na siya sa pagmamaneho. May sakit siya at hindi na makapagmamaneho pa. Dalawa ang sasakyan namin na puno ng mga damit at regalo sa kasal, pero ang malungkot kaunti lang ang pera namin. Hindi kasama sa badyet namin ang upa sa isang silid sa hotel. Hindi ko na alam ang gagawin.

Hindi pa kami nakapunta sa Beaver, at dahil hindi talaga alam kung ano ang hinahanap ko, nagpaikut-ikot kami sandali hanggang sa makakita ng isang parke. Pumarada kami at nakakita ng isang puno na malilim, kung saan naglatag ako ng kumot para makapahinga si Carol.

Makalipas ang ilang minuto isa pang sasakyan ang dumating sa halos walang laman na parking lot at pumarada sa tabi ng dalawa naming sasakyan. Isang babae, na halos kasing-edad ng aming mga ina, ang bumaba sa kanyang sasakyan at nagtanong kung ano ang nangyari at kung may maitutulong siya. Binanggit niya na napansin niya kami nang mapadaan siya at nadamang dapat siyang huminto. Nang ipaliwanag namin ang aming sitwasyon, kaagad niya kaming inanyayahan na sundan siya papunta sa kanyang tahanan, kung saan maaari kaming magpahinga hangga't kinakailangan.

Natagpuan namin ang aming sarili sa isang malambot na kama sa isang malamig na silid-tulugan sa silong ng kanyang tahanan. Nang maayos na ang aming katayuan, sinabi ng mabuting babaeng ito na may mga kailangan pa siyang tapusin at na iiwan muna niya kami nang ilang oras. Sinabi niya sa amin na kung nagugutom kami, maaari naming kainin ang anumang naroon sa kusina, at kung aalis na kami bago siya makauwi ay ipakisara lang namin ang pinto.

Matapos makatulog nang kaunti, bumuti na ang pakiramdam ni Carol at nagpatuloy na kami sa paglalakbay at hindi na kumain pa sa kusina. Nang umalis kami, hindi pa nakakauwi ang mabait na babae. Nanghinayang kami dahil hindi man lang namin nakuha ang address at pormal na napasalamatan ang aming mabuting Samaritana, na huminto at nagbukas ng kanyang tahanan sa mga estrangherong nangangailangan.

Nang pagnilayan ko ang karanasang ito, ang mga salita ni Pangulong Thomas S. Monson, na kinakikitaan ng payo ng Tagapagligtas na "humayo ka, at gayon din ang gawin mo" (tingnan sa Lucas 10:37) sa sinumang tao, ay pumasok sa aking isipan: "Hindi natin makakayang mahalin nang tunay ang Diyos kung hindi natin mahal ang ating kapwa mga manlalakbay sa mortal na buhay na ito."[2]

Saanman tayo may makasalubong na "kapwa mga manlalakbay"—sa kalsada o sa ating mga tahanan, sa palaruan o sa paaralan, sa trabaho o sa simbahan—kapag tayo ay naghanap, nakakita, at kumilos, tayo ay magiging higit na katulad ng Tagapagligtas, nagpapala at naglilingkod habang nasa daan.

## Sikapin

Itinuro ni Elder Neal A. Maxwell (1926–2004) ng Korum ng Labindalawang Apostol:

"Hindi tulad ng ating mahal na Tagapagligtas, talagang hindi natin mababayaran ang kasalanan ng sangkatauhan! Bukod pa riyan, hindi natin talaga kayang pasanin ang lahat ng sakit, pasakit, at hirap ng mga tao (tingnan sa Alma 7:11–12).

"Gayunman, sa maliit nating magagawa, tulad ng paanyaya ni Jesus, totoong maaari tayong magsikap na maging 'katulad [Niya]' (3 Nephi 27:27)."[3]

Kapag sinikap natin na maging katulad Niya, na may tapat na hangaring tulungan ang "ating mga kapwa manlalakbay," tayo ay mabibigyan ng mga pagkakataon na kalimutan ang sarili at pasiglahin ang iba. Ang mga pagkakataong ito ay maaring madalas ay hindi madali para sa atin, sinusubukan ang ating tunay na hangaring maging higit na katulad ng Panginoon, na ang pinakadakilang paglilingkod sa lahat, ang Kanyang walang hanggang Pagbabayad-sala, ay bagay na hindi madaling gawin. "Gayon pa man," sabi Niya, "ang kaluwalhatian ay mapasa Ama, at ininom ko at tinapos ang aking paghahanda para sa mga anak ng tao" (D at T 19:19.)

Ang taos-pusong pagsisikap na maging higit na katulad ng Tagapagligtas ay nagtutulot sa atin na makita ang maaaring hindi natin makita sa ibang paraan. Ang aming mabuting Samaritano ay madaling makahiwatig sa paghihikayat ng Espiritu kaya tumugon siya at tinulungan ang estrangherong nangangailangan.

## Makita

Ang makakita sa pamamagitan ng espirituwal na mga mata ay ang makita ang mga bagay kung ano talaga ang mga ito at makita ang mga pangangailangan na maaaring hindi natin napapansin. Sa talinghaga tungkol sa mga tupa at kambing, hindi nakilala maging ng taong "matuwid" ni ng taong "sinumpa" ang Tagapagligtas sa mga taong nagutom, nauhaw, hubad, o nasa bilangguan. Tumugon sila sa kanilang gantimpala sa pagtatanong ng, "Kailan ka namin nakita?" (Tingnan sa Mateo 25:34–44).

Ang mga tao lamang na nakakakita sa pamamagitan ng espirituwal na mga mata, nakatatanto sa mga pangangailangan, ang kumikilos at tumutulong sa mga naghihirap.

Natanto ng aming mabuting Samaritano ang pangangailangan sa pamamagitan ng kanyang espirituwal na mga mata.

### Kumilos

Maaaring nakikita natin ang mga pangangailangan sa paligid natin ngunit nakadarama ng kakulangan sa pagtulong, iniisip na hindi sapat ang maibibigay natin. Sa pagsisikap nating maging katulad Niya, at kapag nakita nating may mga pangangailangan ang ating kapwa mga manlalakbay sa pamamagitan ng ating espirituwal na mga mata, dapat tayong magtiwala na gagawa ang Panginoon sa pamamagitan natin, at pagkatapos ay kumilos tayo.

Pagpasok sa templo, nakita nina Pedro at Juan ang isang lalaki na "pilay buhat pa sa tiyan ng kaniyang ina" na humihingi ng limos sa kanila (tingnan sa Mga Gawa 3:1–3). Ang tugon ni Pedro ay isang halimbawa at paanyaya sa bawat isa sa atin:

"Pilak at ginto ay wala ako; datapuwa't ang nasa akin, ay siya kong ibinibigay sa iyo. Sa pangalan ni Jesucristong taga Nazaret, lumakad ka.

"At kaniyang hinawakan siya sa kanang kamay, at siya'y itinidig" (Mga Gawa 3:6–7).

Maaari tayong kumilos sa pagbibigay ng ating panahon at mga talento, mabubuting salita, o pisikal na paggawa. Kapag nagsikap tayo at nakakita, ilalagay tayo sa mga kalagayan na makakakilos at makatutulong tayo. Kumilos ang aming mabuting Samaritano. Isinama niya kami sa kanyang tahanan at ibinigay sa amin ang mayroon siya. Sa katunayan ay parang sinabi niya, "Datapuwa't ang nasa akin, ay siya kong ibinibigay sa iyo." Iyon mismo ang kailangan namin.

Itinuro ni Pangulong Monson ang mga alituntunin ding ito:

"Bawat isa sa atin, sa paglalakbay sa mortalidad, ay maglalakbay sa sarili niyang Daan Patungo sa Jerico. Ano ang magiging karanasan ninyo? Ano ang sa akin? Hindi ko ba papansinin ang taong nabiktima ng mga magnanakaw at nangangailangan ng aking tulong? Kayo rin ba?

"Ako kaya ang taong makakakita ng nasaktan at narinig ang kanyang pagmamakaawa, subalit tatawid ako sa kabilang daan? Kayo rin ba?

"O, ako ang taong nakakita, nakarinig, huminto, at tumulong? Kayo rin ba?

"Ibinigay na ni Jesus ang sawikaing susundin, 'Humayo ka, at gayon din ang gawin mo.' Kapag sinunod natin ang pahayag na iyan, mabubuksan sa ating walang hanggang pananaw ang kagalakan na bibihirang mapantayan at hindi kailanman mahihigitan."[4]

Kapag tayo ay naging higit na katulad ng Tagapagligtas sa pamamagitan ng pagsisikap, pagtingin, at pagkilos, malalaman natin ang katotohanan ng mga salita ni Haring Benjamin: "Kung kayo ay nasa paglilingkod ng inyong kapwa-tao, kayo ay nasa paglilingkod lamang ng inyong Diyos" (Mosias 2:17). ■

**MGA TALA**

1. Richard G. Scott, "Kayo'y Binigyan Ko ng Halimbawa," *Liahona,* Mayo 2014, 35.
2. Thomas S. Monson, "Pag-ibig—ang Pinakadiwa ng Ebanghelyo," *Liahona,* Mayo 2014, 91.
3. Neal A. Maxwell, "Apply the Atoning Blood of Christ," *Ensign,* Nob. 1997, 22.
4. Thomas S. Monson, "Your Jericho Road," *Ensign,* Mayo 1977, 71.

TAOS-PUSONG MAGSIKAP



MAKAKITA SA PAMAMAGITAN NG ESPIRITUWAL NA MGA MATA



KUMILOS AT TUMULONG





# "Kailangan KO KAYO"

*Nang hindi na namin alam kung ano pa ang ituturo namin, iminungkahi ng kompanyon ko na kantahin namin ang himnong ito.*

**Ni Jonathan H. Westover**

Isang maaliwalas na Linggo ng hapon sa misyon ko sa Balsan, Korea, nagpapaalam kami ng kompanyon ko sa mga miyembro pagkatapos magsimba at magpoproselyte na sana kami nang ipakilala kami ng ward mission leader sa 12-taong-gulang na batang lalaking si Kong Sung-Gyun. Nagsimba siya noong araw na iyon at gusto pang matuto tungkol sa ebanghelyo.

Siyempre nasabik kaming magkaroon ng pagkakataong turuan siya, pero kinabahan din akong magturo sa isang bata. Nagpasiya kaming tiyakin na may pahintulot kami ng mga magulang niya, kaya tumawag ako sa bahay ni Kong Sung-Gyun at kinausap ko sandali ang nanay niyang si Pak Mi-Jung. Nagulat ako nang sabihin niyang natutuwa siya na interesadong magsimba ang kanyang anak at na malugod niya kaming tatanggapin sa kanilang tahanan para turuan ito.

## Di-inaasahang mga Investigator

Nang sumunod na gabi dumating kami sa bahay ng bata, na handang magturo. Nagulat kaming malaman na gusto ring paturuan ni Pak Mi-Jung ang kanyang anak na babaeng si Kong Su-Jin. At dahil estranghero kami sa bahay niya, gustong makinig ni Pak Mi-Jung sa pagtuturo namin. Siyempre masaya kaming nagturo sa lahat ng gustong makinig.

Matapos nila kaming pakainin ng meryenda, samasama kaming naupo at nag-usap-usap. Sa halip na pagsimulain kaming magturo kaagad, ginusto ni Pak Mi-Jung na makilala pa kami nang husto at ikinuwento sa amin ang sitwasyon ng kanyang pamilya. Ikinuwento niya sa amin ang mga pagsubok at paghihirap na dinanas nila kamakailan, pati na ang huling pakikibaka ng kanyang anak na lalaki sa kanser. Matagumpay ang radiation treatment sa kanya, at wala na ang kanser sa kasalukuyan, ngunit binalaan sila ng mga doktor na maaaring bumalik ito anumang oras. Malaking dagok ito sa pamilya. Lahat sila ay nagtatrabaho, at kinailangang magsikap nang husto ng ama para magkaroon sila ng bubong sa kanilang ulunan at pagkain sa mesa.

Nagulat at nalungkot ako sa mga pagsubok nila sa buhay. Hindi madali ang buhay para sa kanila, ngunit ang pagiging malapit nila sa isa't isa ay mas nakita ko sa kanila kaysa sa sinumang pamilyang nakilala ko sa Korea, na naglalarawan nang husto sa isang lipunang nakatuon sa pamilya na gaya ng Korea. Nilisan namin ang kanilang tahanan noong gabing iyon na mas kilala ang espesyal na pamilyang ito at nagkaroon kami ng pagkakataong ibahagi ang mensahe ng ebanghelyo sa kanila.

Nagbalik kami ng kompanyon ko para magturo pa nang ilang beses noong linggong iyon, na sa bawat

MGA PAGLALARAWAN NI JULIA YELLOW; BAMBOO ART NG ISTOCK/THINKSTOCK

pagkakataon ay malugod kaming tinatanggap at magiliw na pinakikitunguhan gaya noong una naming pagbisita. Nang pag-usapan ang tungkol sa binyag, kapwa sabik na sabik ang mga bata na sumapi sa Simbahan. Gayunman, hindi ganito ang nadama ng kanilang ina. Kahit nasiyahan siya sa mga turo namin at umasa na sana'y totoo ito, hindi niya nadama na kaya niyang gawin at tuparin ang uri ng mga pangakong kailangan sa pagsapi sa Simbahan. Hindi rin niya nadama na angkop na mabinyagan siya nang wala ang kanyang asawa, na hindi pa namin nakikilala. Gayunman, handa siyang ituloy ang pakikipagkita sa amin at gusto rin niyang sumama sa kanyang mga anak sa pagsisimba.

Sa pagtatapos ng ikalawang linggong iyon, habang patuloy kaming nagtuturo sa bahay nila, nakilala namin ang kanyang asawang si Kong Kuk-Won—isang taong mababa ang kalooban, mapagmahal, at mapagbigay. Sumali siya sa amin sa huling ilang talakayan at agad naniwala sa lahat ng itinuro namin, pati na ang mga doktrinang madalas ay mahirap para sa iba gaya ng ikapu at Word of Wisdom. Sa kabila ng halos-dukha nilang sitwasyon, nagsimula silang magbayad ng ikapu. Ang tanging hadlang sa ama ay ang pagtatrabaho niya tuwing Linggo. Nagtatrabaho siya noon sa Seoul International Airport tuwing Linggo, kaya hindi siya makasimba na kasama ng kanyang pamilya. Sa kabila ng iskedyul niya sa trabaho, nagkasundo silang mag-asawa na dumalo sa binyag ng kanilang mga anak nang sumunod na Linggo.

Kasunod ng binyag ng mga bata, patuloy kaming nakipagkita nang madalas sa pamilya sa bahay nila. Nagdaos kami ng family home evening, nagbahagi ng mga talata sa banal na kasulatan at nakasisiglang mga karanasan, at ipinakilala namin sila sa mga miyembro ng ward. Gayunman, sa kabila ng patuloy na mga karanasan sa ebanghelyo, ayaw pa ring magpabinyag ng mga magulang.

Samantala, nalipat na ng lugar ang kompanyon ko, at ang bagong kompanyon ko ay isang elder na kagagaling lang sa missionary training center. Puspos siya ng pananampalataya, sigla, at tuwa, at totoong nahirapan akong makibagay sa kanya. Matapos kausapin sina Kong Kuk-Won at Pak Mi-Jung nang ilang beses, nilapitan ako ng kompanyon ko at tinanong kung nakapag-ayuno na kami ng dati kong kompanyon na kasabay ang pamilya. Hindi pa. Katunayan, ni hindi ko naisip iyon. Kaya kinausap namin ang pamilya at nagmungkahi kami na mag-ayuno kami. Nagulat akong matuklasan na paminsan-minsan na pala silang nag-aayuno, kapwa para sa kalusugan ng kanilang anak na lalaki at para magbago ang iskedyul ni Kong Kuk-Won sa trabaho para makasimba siya. Pagkatapos naming mag-ayuno ng kompanyon ko na kasabay nila, nasagot ang aming mga dalangin at nagbago ang iskedyul ni Kong Kuk-Won sa trabaho. Ngunit hindi pa rin desididong magpabinyag si Pak Mi-Jung.




***Damang-dama ang Espiritu sa silid nang matapos namin ang huling taludtod. Tiningnan ako ni Pak Mi-Jung nang tuwid sa mga mata at sinabing, "Kailangan kong magpabinyag."***

**Isang Inspiradong Ideya**

Pagkatapos ay nagkaroon ng isa pang magandang ideya ang kompanyon ko. Inilabas niya ang kanyang

pocket-sized hymnbook at hiniling na sabayan nila kami sa pagkanta. Bagama't nakakanta na kami nang sabay-sabay dati, hindi ko kailanman nakitang kumanta si Pak Mi-Jung at inakala ko na lang na hindi siya mahilig kumanta o atubili siya dahil bago sa kanya ang kanta. Tinanong siya ng kompanyon ko kung may paborito siyang himno, at sa pagkamangha ko, gumaralgal ang kanyang tinig at sumagot na bata pa siya ay paborito na niya ang himnong "Kailangan Ko Kayo" (*Mga Himno,* blg. 54). Nagsimula kaming kumanta sa apatang tinig, ang ama ang melody, ang ina ang alto, ang kompanyon ko ang tenor, at ako ang bass.

Damang-dama ang Espiritu sa silid. Nang kantahin namin ang ikatlong taludtod, napaiyak siya, at tumigil sa pagkanta habang patuloy pa rin kami:

*Kailangan ko Kayo,*
*T'wing may sakit.*
*Kapag wala, buhay*
*Ay kay pait.*
*Kayo'y aking kailangan,*
*Sa t'wina'y kailangan!*
*Ako ay pagpalain*
*At pakinggan!*

Nang matapos namin ang ikaapat at huling talata, humihikbi siya. Nang sikapin siyang panatagin ng kanyang asawa, sa huli ay huminahon din siya. Tiningnan niya ako nang tuwid sa mga mata at sinabing, "Kailangan kong magpabinyag."

Ang binyag nina Kong Kuk-Won at Pak Mi-Jung noong Linggo ng hapong iyon ang isa sa pinaka-espirituwal sa misyon ko. Lumahok sa programa ang kanilang mga anak, at maraming miyembro sa lugar ang dumalo para magpakita ng suporta sa pinakabagong kasaping pamilya sa kanilang ward. Kami ng kompanyon ko ang nagbigay ng espesyal na bilang musikal: "Kailangan Ko Kayo."

Kalaunan ay natapos ko ang aking misyon at umuwi na ako. Pagkaraan ng isang taon sa kolehiyo, bumalik ako sa Korea para sa isang summer internship, at bawat katapusan ng linggo ay sinisigurado kong mabibisita ang maraming espesyal na kaibigan at pamilyang nakilala ko sa aking misyon. Makalipas ang ilang linggo nagbalik ako sa Balsan at nakipagkita sa espesyal na pamilyang ito. Pagdating ko sa bahay nila, napansin ko na may kulang—ang kanilang anak na lalaki. May luha sa mga mata na ibinalita ni Pak Mi-Jung sa akin: umulit ang kanser ng kanilang anak at pumanaw, sa edad na 14.

Nang sikapin kong ipahayag ang aking pakikiramay at pigilin din ang sakit na nadama ko, tiniyak sa akin ni Kong Kuk-Won na magiging maayos ang lahat. Minahal nila ang ebanghelyo, nagsimba sila nang regular, at inasam nila ang araw na maaaring samasamang mabuklod ang kanilang pamilya para sa buong kawalang-hanggan sa Seoul Korea Temple. Sa kabila ng sakit na nadama nila, batid ng pamilya na muli nilang makikita at makakapiling si Kong Sung-Gyun. Sinabi rin sa akin ni Pak Mi-Jung na ang pagkanta ng mga himno araw-araw ay nakatulong sa kanya na magkaroon ng lakas na makapagtiis at madama ang lakip na kapayapaang hatid ng Espiritu.

Nang lisanin ko ang bahay nila nang gabing iyon, pinag-isipan kong muli ang mga titik ng paboritong himno ni Pak Mi-Jung. Nagpapasalamat ako na pinanatag ng Ama sa Langit ang pamilya nang pumanaw si Kong Sung-Gyun, at nagpapasalamat ako lalo na sa papel na ginampanan ng Espiritu sa pagpapabinyag ni Pak Mi-Jung, na nagtulot sa pamilya na maging karapat-dapat para sa walang-hanggang mga pagpapala ng templo. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.*

## ANG MGA HIMNO AY UMAALIW SA MGA NAGLULUKSA

"Ang ilan sa pinakamagagandang sermon ay naipahahayag sa pamamagitan ng pag-awit ng mga himno. Ang mga himno ay naghihimok sa atin na magsisi at gumawa ng mabuti, nagpapalakas ng patotoo at pananampalataya, nagpapaginhawa sa mga nahahapo, nag-aaliw sa mga nagluluksa, at nagbibigay-inspirasyon sa atin na magtiis hanggang sa wakas."

**"Paunang Salita ng Unang Panguluhan,"** ***Mga Himno,*** **vii.**




**Ni Pangulong Boyd K. Packer**
Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Ang Di-Makasarili at Sagradong Sakripisyo ng Tagapagligtas

*Laging nariyan ang Panginoon. Handa Siyang magdusa at bayaran ang kaparusahan kung handa kayong tanggapin Siya bilang inyong Manunubos.*


Lahat tayo ay nabubuhay sa espirituwal na pagkakautang. Sa anumang paraan, ang utang ay palaki nang palaki. Kung patuloy kayong magbabayad, hindi kayo gaanong mag-aalala. Hindi magtatagal ay matututo kayo ng disiplina at malalaman ninyo na may takdang-araw ng paniningil. Dapat kayong matutong patuloy na magbayad ng inyong espirituwal na pagkakautang sa halip na hayaan itong patuloy na tumubo at magkaroon ng multa.



Dahil kayo ay sinusubukan, inaasahan na makagagawa kayo ng ilang pagkakamali. Palagay ko may mga nagawa kayo sa buhay na pinagsisisihan ninyo, mga bagay na ni hindi ninyo maihingi ng paumanhin, o maitama man lang; kung gayon, may pasanin kayo. Oras na para gamitin ang salitang *kasalanan,* na nagmamantsa tulad ng makapit na tinta at hindi madaling maalis. Ang kasalanan ay nagbubunga ng kalungkutan, panghihinayang sa nawalang mga pagpapala at oportunidad.

Kung kayo ay may pagkakasala, kayo ay katulad ng mga tao sa Aklat ni Mormon na binanggit ng mga propeta na, "Dahil sa kanilang kasamaan ay nagsimulang manghina ang simbahan; at nagsimula silang hindi maniwala sa diwa ng propesiya at sa diwa ng paghahayag; at ang mga kahatulan ng Diyos ay tumitig sa kanilang mga mukha" (Helaman 4:23).

KALIWA: PAGLALARAWAN MULA SA PHOTOS.COM/THINKSTOCK; KANAN: *SI CRISTO SA GETSEMANI,* NI ARY SCHEFFER, SA KAGANDAHANG-LOOB NG DORDRECHTS MUSEUM, DORORECHT, THE NETHERLANDS, HINDI MAAARING KOPYAHIN; BACKGROUND MULA SA ISTOCK/THINKSTOCK





Madalas nating lutasin ang ating pagkakasala sa pagsasabi sa isa't isa at sa ating mga sarili na balewala ito. Ngunit kahit paano, sa kaibuturan ng puso natin, hindi natin pinaniniwalaan ito. Ni pinaniniwalaan natin ang ating sarili kung sasabihin natin ito. Alam natin. Hindi ito nababalewala!

Palaging nagtuturo ng pagsisisi ang mga propeta. Sinabi ni Alma, "Masdan, siya ay paparito upang tubusin ang yaong mga mabibinyagan tungo sa pagsisisi, sa pamamagitan ng pananampalataya sa kanyang pangalan" (Alma 9:27).

Tahasang sinabi ni Alma sa kanyang suwail na anak, "Ngayon, ang pagsisisi ay hindi mapapasa mga tao maliban kung may kaparusahan, na walang hanggan din katulad ng buhay ng kaluluwa, nakaakibat salungat sa plano ng kaligayahan" (Alma 42:16).

May dalawang pangunahing layunin ang mortal na buhay. Ang una ay magkaroon ng katawan, na, kung pipiliin nating sumunod, ay mapapadalisay at madadakila at mabubuhay magpakailanman. Ang pangalawang layunin ay ang subukan tayo. Kapag sinusubukan tayo, tiyak na makagagawa tayo ng pagkakamali. Ngunit kung pipiliin nating sumunod, matututo tayo sa ating mga pagkakamali. "Kung sinasabi nating tayo'y hindi nangagkasala, ay ating ginagawang sinungaling siya, at ang kaniyang salita ay wala sa atin" (I Ni Juan 1:10).

Marahil ay nadarama ninyo na mahina ang inyong isip at katawan kumpara sa iba at naliligalig o nabibigatan kayo sa pasaning dulot ng ilang espirituwal na pagkakautang na may markang "lagpas na sa taning." Kapag nakaharap ninyo ang inyong sarili sa mga sandaling iyon ng tahimik na pagninilay (na sinisikap iwasan ng marami sa atin), may ilang bagay ba kayong hindi pa napagsisihan na gumugulo sa inyong isipan? May bumabagabag ba sa inyong budhi? Kayo ba, sa anumang paraan, ay nakagawa ng maliit o malaking kasalanan?

Napakadalas naming tumanggap ng mga liham mula sa mga taong nakagawa ng malalaking pagkakamali at nabibigatan. Ang samo nila: "Mapapatawad pa ba ako? Magbabago pa kaya ako?" Ang sagot ay oo!

Itinuro ni Pablo sa mga taga Corinto, "Hindi dumating sa inyo ang anomang tukso kundi yaong matitiis ng tao: datapuwa't tapat ang Dios, na hindi niya itutulot na kayo'y tuksuhin ng higit sa inyong makakaya; kundi kalakip din ng tukso ay gagawin naman ang paraan ng pagilag, upang ito'y inyong matiis" (I Mga Taga Corinto 10:13).

Itinuturo sa atin ng ebanghelyo na ang ginhawa mula sa pagdurusa at pagkaligalig ay matatamo sa pamamagitan ng pagsisisi. Maliban sa iilan—na kakaunti lamang—na tumalikod tungo sa kapahamakan matapos malaman ang kaganapan, walang nakagawian, walang adiksiyon, walang rebelyon, walang paglabag, walang kasalanan maliit man o malaki na hindi saklaw ng ipinangakong lubusang kapatawaran. Anuman ang nangyari sa buhay ninyo, naghanda ng daan ang Panginoon para kayo makabalik kung diringgin ninyo ang mga panghihikayat ng Banal na Espiritu.

Ang ilan ay puno ng nakahihikayat na pamimilit, isang tuksong paulit-ulit na pumapasok sa isipan, marahil para makagawian, pagkatapos ay mauwi sa adiksyon. Madali tayong gumawa ng ilang paglabag at kasalanan at mangatwiran din na wala tayong kasalanan dahil ipinanganak tayong ganito. Nahuhulog tayo sa bitag, kaya dumarating ang pasakit at pagdurusang tanging ang Tagapagligtas ang makapagpapagaling. May kapangyarihan kayong tumigil at matubos.

### Inaatake ni Satanas ang Pamilya

Minsan ay sinabi sa akin ni Pangulong Marion G. Romney (1897–1988), "Huwag mo lamang sabihin sa kanila para makaunawa sila; sabihin sa kanila para hindi sila magkamali sa pagkaunawa."


Sinabi ni Nephi: "Sapagkat ang aking kaluluwa ay nalulugod sa kalinawan; sapagkat sa ganitong pamamaraan gumagawa ang Panginoong Diyos sa mga anak ng tao. Sapagkat ang Panginoong Diyos ang nagbibigay-liwanag sa pang-unawa" (2 Nephi 31:3).

Kaya't makinig mabuti! Magsasalita ako nang malinaw bilang isang taong tinawag at may obligasyong gawin ito.

Alam ninyo na may kaaway. Inilarawan siya ng mga banal na kasulatan sa ganitong mga salita: "Yaong matandang ahas na siyang diyablo, . . . [ang] ama ng lahat ng kasinungalingan" (2 Nephi 2:18). Siya ay itinapon mula pa sa simula (tingnan sa D at T 29:36–38) at pinagkaitan ng katawang mortal. Sumumpa siya ngayon na wawasakin ang "dakilang plano ng kaligayahan" (Alma 42:8) at magiging kaaway ng lahat ng kabutihan. Nakatuon siya sa pag-atake sa pamilya.

Nabubuhay kayo sa panahon na laganap ang salot na pornograpiya sa iba't ibang panig ng mundo. Mahirap itong takasan. Ang pornograpiya ay nakatuon sa bahagi ng inyong likas na pagkatao na nagbibigay sa inyo ng kapangyarihang lumikha ng buhay.

Ang pagpapasasa sa pornograpiya ay humahantong sa mga paghihirap, diborsyo, karamdaman, at iba't ibang problema. Walang bahagi nito ang mabuti. Ang pagkolekta, panonood, o pagdadala ng anumang uri nito ay parang paglalagay ng isang makamandag na ahas sa backpack ninyo. Inilalantad kayo nito sa di-maiiwasang espirituwal na kapahamakan na katumbas ng tuklaw ng ahas na may kasamang turok ng nakamamatay na lason. Madaling mauunawaan ng isang tao, sa ganitong klaseng daigdig, na hindi mo namamalayan na nakalantad, binabasa, o pinanonood mo na pala ito nang hindi natatanto ang kakilakilabot na mga bunga nito. Kung ganyan ang ginagawa ninyo, binabalaan ko kayo na itigil na ito. Itigil na ito ngayon!



*Iisang Tao lamang sa buong talaan ng kasaysayan ng sangkatauhan ang walang kasalanan, na karapat-dapat na magbayad para sa mga kasalanan at paglabag ng lahat ng tao.*

Itinuturo ng Aklat ni Mormon na lahat ng tao "ay tinuruan nang sapat upang kanilang makilala ang mabuti sa masama" (2 Nephi 2:5). Kabilang kayo riyan. Alam ninyo kung ano ang tama at mali. Mag-ingat nang husto para hindi kayo tumawid sa linyang iyon.

Bagama't halos lahat ng pagkakamali ay maaaring ipagtapat nang lihim sa Panginoon, may ilang paglabag na nangangailangan ng higit pa riyan para mapatawad. Kung ang inyong mga pagkakamali ay mabigat, makipagkita sa inyong bishop. Kung hindi naman, ang karaniwang pagtatapat, na tahimik at personal, ay katanggap-tanggap na. Ngunit alalahanin, ang kapatawaran ay maaaring hindi kaagad dumating. Kung nagkamali kayo noong una, huwag sumuko. Ang pagdaig sa panghihina ng loob ay bahagi ng pagsubok. Huwag sumuko. At tulad ng payo ko noon, kapag naipagtapat at tinalikuran na ninyo ang inyong mga kasalanan, huwag na itong lingunin.

### Ang Tagapagligtas ay Nagdusa para sa Ating mga Kasalanan

Laging nariyan ang Panginoon. Handa Siyang magdusa at bayaran ang kaparusahan kung handa kayong tanggapin Siya bilang inyong Manunubos.

Bilang mga mortal, maaaring hindi, sa katunayan talagang hindi natin lubos na nauunawaan kung *paano* isinakatuparan ng Tagapagligtas ang Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo. Ngunit sa ngayon ang *paraan* ay hindi kasinghalaga ng *dahilan* ng Kanyang pagdurusa. Bakit Niya ito ginawa para sa inyo, para sa akin, para sa buong sangkatauhan? Ginawa Niya ito dahil sa pag-ibig sa Diyos Ama at sa buong sangkatauhan. "Walang may lalong dakilang pagibig kay sa rito, na ibigay ng isang tao ang kaniyang buhay dahil sa kaniyang mga kaibigan" (Juan 15:13).

*ANG KORONANG TINIK*, NI GUSTAVE DORÉ; DETALYE MULA SA *ANG PAGPAPAKO KAY CRISTO SA KRUS*, SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY MUSEUM

Sa Getsemani, humiwalay si Cristo sa Kanyang mga Apostol para manalangin. Anuman ang nangyari ay wala tayong kakayahang malaman! Ngunit alam natin na naisagawa Niya ang Pagbabayad-sala. Handa Siyang akuin ang mga pagkakamali, mga kasalanan at bigat ng konsiyensya, mga pag-aalinlangan at takot ng buong mundo. Nagdusa Siya para sa atin para hindi na tayo magdusa pa. Marami ang dumanas ng pagdurusa at masakit at malagim na kamatayan. Ngunit saklaw ng Kanyang pagdurusa ang lahat ng ito.

Sa edad kong ito, naranasan ko ang pisikal na sakit, at hindi ito nakakatuwa! Walang sinumang lilisan sa buhay na ito nang hindi natututuhan ang isa o dalawang bagay tungkol sa pagdurusa. Ngunit ang personal na pagdurusa na hindi ko makayanan ay nang malaman ko na naging dahilan ako ng pagdurusa ng isang tao. Doon ko nauunawaan nang bahagya ang pagdurusa ng Tagapagligtas sa Halamanan ng Getsemani.

Ang Kanyang pagdurusa ay kaiba sa lahat ng pagdurusa bago o pagkatapos niyon dahil pinasan Niya ang lahat ng kaparusahan na ipinataw sa lahat ng tao. Isipin ninyo iyan! Wala Siyang utang na dapat bayaran. Wala Siyang nagawang kasalanan. Gayunman, ang lahat ng kasalanan, pagdurusa at lungkot, sakit at kahihiyan, lahat ng pagdurusa sa isipan, damdamin, at katawan na naranasan ng tao—ay naranasan Niyang lahat. May iisang Tao lamang sa buong talaan ng kasaysayan ng sangkatauhan na walang kasalanan, na karapat-dapat na magbayad para sa mga kasalanan at paglabag ng lahat ng tao at makayanan ang sakit na kaakibat ng pagbabayad para sa kanila.

Inialay Niya ang Kanyang buhay at sinabing, "Ako ang magdadala ng mga kasalanan ng sanlibutan" (Mosias 26:23). Siya ay ipinako; Siya ay namatay. Hindi nila makukuha ang Kanyang buhay mula sa Kanya. Pumayag Siyang mamatay.

**Ang Lubos na Kapatawaran ay Posible**

Kung nagkamali o nalihis kayo sa loob ng maikling panahon, kung nadarama ninyo na bihag kayo ng kaaway, maaari kayong sumulong nang may pananampalataya at hindi na magpagala-gala pa sa mundo. May mga taong handang gumabay sa inyo pabalik sa kapayapaan at katiwasayan. Ang biyaya ng Diyos, tulad ng pangako sa mga banal na kasulatan, ay dumarating "sa kabila ng lahat ng ating magagawa" (2 Nephi 25:23). Ang posibilidad nito, para sa akin, ay ang katotohanan na napakahalagang malaman.

Ipinapangako ko na maaaring dumating ang maningning na umaga ng kapatawaran. Pagkatapos "ang kapayapaan ng Dios, na di masayod ng pagiisip" (Mga Taga-Filipos 4:7) ay muling darating sa buhay ninyo, na parang pagsikat ng araw, at kayo at Siya ay "hindi na aalalahanin [pa ang inyong kasalanan]" (Jeremias 31:34). Paano ninyo malalaman? Malalaman ninyo! (Tingnan sa Mosias 4:1–3.)

Ito ang dahilan kaya ako naparito para turuan kayong may mga alalahanin. Mamamagitan Siya at lulutasin ang problemang hindi ninyo kayang lutasin, ngunit kailangan ninyong bayaran ito. Hindi ito dumarating nang hindi ninyo iyan ginagawa. Napakabait Niyang pinuno dahil lagi Niyang babayaran ang halagang kailangan, ngunit nais Niyang gawin ninyo ang dapat ninyong gawin, kahit masakit ito.

Mahal ko ang Panginoon, at mahal ko ang Ama na nagsugo sa Kanya. Ang mga pasanin ng ating pagkasiphayo, kasalanan, at bigat ng konsiyensya ay maaaring ilatag sa Kanyang harapan, at sa Kanyang bukas-palad na kundisyon, bawat utang sa listahan ay maaaring markahan ng "binayaran nang buo."

"Magsiparito kayo ngayon, at tayo'y magkatuwiranan, sabi ng Panginoon: bagaman ang inyong mga kasalanan ay maging

tila mapula, ay magiging mapuputi na parang niebe; bagaman maging mapulang gaya ng matingkad na pula, ay magiging parang balahibo ng tupa." Pagpapatuloy pa ni Isaias, "kung kayo'y magkusa at mangagmasunurin" (Isaias 1:18–19).

### Mangagsilapit sa Kanya

Ang talatang "matuto ng karunungan sa iyong kabataan; oo, matuto sa iyong kabataan na sumunod sa mga kautusan ng Diyos" (Alma 37:35) ay isang paanyayang may kasamang pangako ng kapayapaan at proteksyon mula sa kaaway. "Huwag hamakin ng sinoman ang iyong kabataan; kundi ikaw ay maging uliran ng mga nagsisisampalataya, sa pananalita, sa pamumuhay, sa pagibig, sa pananampalataya, sa kalinisan" (I Kay Timoteo 4:12).

Huwag asahan na lahat ay magiging maayos habang kayo ay nabubuhay. Maging sa mga taong namumuhay nang nararapat, kung minsan ay kabaligtaran ang mangyayari. Harapin ang bawat hamon sa buhay nang may magandang pananaw at katiyakan, at magkakaroon kayo ng kapayapaan at pananampalataya na magtataguyod sa inyo ngayon at sa hinaharap.


Para sa mga taong wala pa ng lahat ng pagpapala na inaakala ninyong gusto at kailangan ninyo, matibay ang paniniwala ko na walang karanasan o pagkakataong mahalaga sa pagkatubos at kaligtasan na ipagkakait sa inyo na namumuhay nang tapat. Manatiling karapat-dapat; umasa, magtiyaga, at manalangin. May paraan para maisagawa ang mga bagay-bagay. Gagabayan kayo ng kaloob na Espiritu Santo at papatnubayan kayo sa inyong mga kilos.

Kung isa kayo sa mga nagdurusa sa kasalanan, kalungkutan, o depresyon dahil sa mga kamaliang nagawa ninyo o mga pagpapalang hindi pa dumarating, basahin ang nakapapanatag na mga turo na matatagpuan sa himno na, "Magsipaglapit kay Jesucristo":

*Magsipaglapit kay Jesucristo,*
*Kayong hapo at nagdurusa.*
*Papatnubayan ang 'yong pagtungo*
*Sa pahingahangang lunan.*

*Magsipaglapit kay Jesucristo,*
*Kung ikaw man ay naliligaw,*
*Kanyang pag-ibig ang S'yang aakay*
*Sa liwanag ng araw.*

*Magsipaglapit kay Jesucristo;*
*Diringgin N'ya ang 'yong dalangin.*
*Ang mga anghel ang s'yang tatanod,*
*Nagmumula sa langit.*[1]



*Ang mga pasanin ng ating pagkasiphayo, kasalanan, at bigat ng konsiyensya ay maaaring ilatag sa harapan ng Panginoon, at sa Kanyang bukas-palad na kundisyon, bawat utang sa listahan ay maaaring markahan ng "binayaran nang buo."*

Inihahayag ko, kasama ang mga Kapatid na Apostol, ang pagiging isang natatanging saksi ng Panginoong Jesucristo. Ang pahayag na iyan ay muling pinagtitibay sa akin sa tuwing nadarama ko sa aking sarili o sa iba ang nakalilinis na epekto ng Kanyang sagradong sakripisyo. Ang aking patotoo, at ng aking mga Kapatid, ay totoo. Kilala namin ang Panginoon. Kilala Siya ng Kanyang mga propeta, tagakita, at tagapaghayag.

Nauunawaan ko na hindi kayo perpekto, ngunit sumusulong kayo sa landas na iyon. Lakasan ang inyong loob. Dapat ninyong malaman na ang sinumang tao na may katawan ay may kapangyarihan laban sa isang walang katawan.[2] Si Satanas ay pinagkaitan ng katawan; kaya kung maharap kayo sa mga tukso, dapat ninyong malaman na madadaig ninyo ang lahat ng tuksong iyon kung gagamitin ninyo ang kalayaang ibinigay kina Adan at Eva sa halamanan at ipinasa sa henerasyong ito mismo.

Kung titingin kayo sa hinaharap nang may pag-asa at hangaring gawin ang ipagagawa sa inyo ng Panginoon—iyan ang siyang inaasahan. ■

*Mula sa isang mensahe sa debosyonal na, "Truths Most Worth Knowing," na ibinigay sa Brigham Young University noong Nob. 6, 2011. Para sa buong teksto sa Ingles, magpunta sa speeches.byu.edu.*

**MGA TALA**

1. Tingnan sa "Magsipaglapit kay Jesucristo," *Mga Himno,* blg. 68.
2. Tingnan sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 245.

KALIWA: PAGLALARAWAN MULA SA PHOTOS.COM/THINKSTOCK; KANAN: DETALYE MULA SA *BAGAMAN ANG INYONG MGA KASALANAN AY MAGING MATINGKAD NA PULA*, NI HOWARD LYON, HINDI MAARING KOPYAHIN

# KANTAHIN ANG PABORITO MONG HIMNO

Kapapanganak ko lamang sa aking anak na si Rebekah. Nahirapan ako sa panganganak, at patang-pata ako.

Nang ipakarga sa akin si Rebekah, nadama ko na dapat kong kantahin ang paborito kong himno na, "Ako ay Anak ng Diyos" (*Mga Himno,* blg. 189). Ang una kong reaksyon ay, "Huwag muna, pagod na pagod ako. Mamaya ko na lang ito kakantahin sa kanya." Pero sumagi itong muli sa aking isipan. Kaya, kahit patang-pata ako, sinimulan kong kantahin ang unang taludtod. Sinabayan ako ng asawa ko at ni Inay.

Nang matapos namin ang kanta, espesyal ang nadama ko sa silid. Maging ang doktor, na hanggang sa oras na iyon ay seryoso at hindi palakibo, ay napaluha. Pinasalamatan niya kami sa pagkanta ng isang napakagandang awitin. Sinabi niya na sa buong panahon na nagpapaanak siya hindi niya nadama kailanman ang nadama niya sa sandaling iyon.

Pinag-isipan ko ang karanasang iyon at inisip kung dapat akong maghanap ng recording ng himno at ibigay iyon sa kanya. Ang nakakalungkot, naging abala ako sa buhay at nalimutan ko ito.

At dumating ang araw ng postpartum checkup ko. Pagpasok ng doktor sa silid, sumaya ang mukha niya, at niyakap ako. Hindi raw niya malimutan ang kantang iyon at sinubukan pa niyang hanapin ito sa Internet para makanta niya ito sa pamilya niya. Noon ipinaalala sa akin ng Espiritu Santo na dapat sana ay kumuha ako ng kopya ng kanta para sa kanya. Nangako ako sa kanya na babalik ako sa linggong iyon na dala ang kanta.

Nang gabing iyon humingi ako ng tulong sa panalangin na makakita ako ng pagkakaayos ng kanta na aangkop sa kanya. Kinabukasan ng hapon umorder ako ng CD na nagtatampok sa kanta. Nang dumating ito sa koreo makalipas ang ilang araw, hindi ako makapaghintay na ibigay ito sa kanya.


Tuwang-tuwa siyang matanggap ito at pinasalamatan ako sa regalo. Hindi raw niya alam kung bakit, pero napakahalaga raw na maibahagi niya ang kantang ito sa kanyang pamilya. Habang nag-uusap kami, ibinahagi ko sa kanya hindi lamang ang pagmamahal ko sa kanta kundi pati na ang aking patotoo tungkol sa mga simpleng katotohanang itinuturo nito.

Habang nagmamaneho ako pauwi noong araw na iyon, nadama ko ang pagmamahal ng ating Ama sa Langit para sa isa sa Kanyang mga anak—ang aking doktor. Kilala at mahal Niya ito, at nais Niyang maunawaan nito na maaari din siyang makabalik na muli sa Kanyang piling. ■

Angela Olsen Center, Ohio, USA

Nang matapos namin ang kanta, ang doktor, na hanggang sa oras na iyon ay seryoso at hindi palakibo, ay napaluha.





Bakit hindi tayo poprotektahan at babalaan ng Ama sa Langit "sa tuwina"?

# ANG PANGAKO NIYA NA SA TUWINA

Habang nakaupo ako sa sacrament meeting na pinagbubulayan ang panalangin sa pagbabasbas ng tinapay, paulit-ulit ang mga salita niyon sa aking isipan: "nang sa tuwina ay mapasakanila ang kanyang Espiritu upang makasama nila" (Moroni 4:3; D at T 20:77).

"Sa tuwina," sabi roon—hindi lamang sa ilang pagkakataon. Kung gayon, bakit ilang buwan bago iyon, hindi ipinahiwatig sa aming mag-asawa kung paano poprotektahan ang aming 11-taong-gulang na anak na lalaki bago siya namatay sa isang aksidente nang mabangga siya ng isang kotse habang nagbibisikleta? Bakit hindi tayo poprotektahan at babalaan ng Ama sa Langit "sa tuwina"?

Naturuan ako sa Primary at naniwala ako na poprotektahan tayo ng Espiritu Santo. Gagamitin Niya ang marahan at banayad na tinig para tayo protektahan, gabayan, at balaan sa oras ng panganib. Naisip ko na ito simula nang pumanaw si Ben. Nangulila ako nang husto sa kanya, at nagnasa ang puso ko ng pag-unawa at kapayapaan.

Nasaan ang tinig na nagbababala sa akin? Nasaan ang Espiritu Santo? Nadama ko naman na ginagawa namin ang lahat para maging mabuti. Nagbabayad kami ng aming ikapu, dumadalo sa aming mga miting, at naglilingkod tuwing hihilingan kami. Hindi kami perpekto, pero nagdaraos kami ng family home evening at nag-aaral ng mga banal na kasulatan. Nagsisikap kami.

Sa panahong ito ay nakaupo ako sa isang klase sa Relief Society nang magkuwento ang guro tungkol sa isang malapit na kamag-anak. Habang naghihintay sa stoplight, malinaw na nadama ng kamag-anak na dapat siyang manatili sa kanyang kinaroroonan kapag nag-green ang ilaw. Sinunod niya ang paramdam, at sa isang iglap isang malaking trak ang rumagasa sa intersection, kahit naka-red light pa. Kung hindi niya pinakinggan at sinunod ang tinig na iyon, maaaring nasaktan o namatay pa sila ng kanyang mga anak.

Naapektuhan ako sa kuwentong ito, pero habang nakaupo ako sa silya na umiiyak at naghahandang tumayo at lumabas ng silid, nakadama ako ng malaking kapanatagan. Nadama ko ang kapayapaan na totoong sinamahan ako ng Espiritu Santo. Sa sitwasyon ko hindi Siya naparoon para balaan ako kundi para panatagin ako.

Mula nang maaksidente si Ben, nakadama na ako ng lakas na higit pa sa taglay ko at napanatag ako sa pagmamahal ng aking Ama sa Langit. Hindi ko maunawaan paminsan-minsan kung bakit nangyayari ang ilang bagay, pero hindi ko pinagdudahan kailanman ang Kanyang pagmamahal.

Nananalig ako na nauunawaan ng Diyos ang lahat ng bagay at hindi ako iiwang nalulungkot kailanman. Maraming tungkuling ginagampanan ang Espiritu Santo sa ating buhay. Mapoprotektahan Niya tayo, ngunit Kanya rin tayong pinapatnubayan, inaaliw, tinuturuan, at binibigyan ng pang-unawa at iba pang mga pagpapala.

Nalaman ko na talagang tinutupad ng Ama sa Langit ang Kanyang mga pangako. Sinamahan Niya ako "sa tuwina." ■

Robyn Casper, Utah, USA

MGA PAGLALARAWAN NI BRADLEY H. CLARK



Napansin ko ang dalawang batang lalaki na mga lima at pitong taong gulang na tumatakbo sa parking lot ng tindahan habang umiiyak.

# BUMULONG SA AKIN ANG ESPIRITU

"Hoy, mga bata! Bumalik kayo!" tarantang sigaw ng isang tao.

Lumingon ako at nakita ko ang dalawang batang lalaki na mga lima at pitong taong gulang na tumatakbo sa parking lot ng tindahan habang umiiyak. Mukhang nag-aalala ang salesman nang tawagin niya sila.

Nang pabalik na ako sa kotse ko, bumulong ang Espiritu, "Makakatulong ka rito." Mahina lang ang bulong pero napakalinaw kaya ilang sandali pa ay tumatakbo na ako sa parking lot papunta sa mga batang lalaki.

Nakita ko ang nakatatandang bata na nakatayo sa tabi ng isang brown minivan. Lumapit ako at lumuhod sa tabi niya.

"Hi. Ako si Christina. OK ka lang ba?"

Sa sinabi ko, lalo siyang umiyak at idinukmo ang kanyang mukha sa braso niya. Lumapit sa amin ang salesman at ang isa pang bata.

"French lang yata ang alam nilang salita," sabi sa akin ng salesman. "Nakita lang namin silang tumatakbo sa tindahan, na parang naligaw."

Nagpakilala akong muli sa mga bata sa wikang French. French ang kinalakhan kong wika, pero hindi ko na ito nagamit mula nang ampunin ako ng isang pamilyang Ingles ang gamit na salita noong bata pa ako. Hindi ako talaga magaling magsalita ng French. Pero sa sandaling iyon, hindi ako naasiwa o nautal. Malinaw ang mga salita sa isipan at boses ko nang panatagin ko ang mga bata.

Sa pagitan ng mga hikbi, ipinaliwanag ng nakatatandang bata na hindi nila mahanap na magkapatid ang kanilang mga magulang kahit saan sa tindahan kaya tumakbo sila palabas para hanapin nila. Habang nakikinig ako, medyo nagulat ako na hindi lang ako nakapagsalita nang diretso sa French kundi madali ko ring naunawaan at napanatag ang dalawang takot na bata.

"Nahiwalay sila sa kanilang mga magulang at gusto nilang hintayin sila rito sa kotse nila," sabi ko sa salesman. Sinabi sa akin ng bata ang pangalan ng kanyang mga magulang, na ibinigay ko sa salesman para mai-page niya sila. Pagkaraan ng ilang minuto nasulyapan ng bata ang kanyang ama na palabas sa tindahan at tumakbo siya para salubungin ito.

Nang sundan ko ang bata papunta sa kanyang ama, natuklasan ko na hindi ko na kayang magpaalam sa wikang French. Sinikap kong magsabi ng anumang mauunawaan ng mga bata, pero iilang salita na lamang ang nasabi ko. Sa huli, nag-Ingles na lang ako, at sinabi ko sa mga bata, "Bye. Masaya akong makilala kayo."

Nang iwan ko ang mga bata sa kanilang mga magulang, puspos ako ng pasasalamat. Ginamit ako ng Ama sa Langit para panatagin ang dalawa sa Kanyang maliliit na anak. Napakumbaba ako na kayang dagdagan ng Panginoon ang limitadong kakayahan ko para isakatuparan ang Kanyang mga layunin. Nagpapasalamat akong masaksihan ang maaaring mangyari kapag inialay natin ang ating sarili sa Kanya kapag tinawag tayo, kahit sa hindi inaasahang mga pagkakataon. ■

Christina Albrecht Earhart, Washington, USA

# KAILANGAN NA NATING MAGPUNTA SA TEMPLO NGAYON!

Isang Linggo ng umaga isang bagong binyag na miyembro ang ipinakilala sa ward. Ang pangalan niya ay Lydia. Agad namin siyang nakagiliwan.

Si Lydia ay medyo matanda na at bulag dahil matagal na siyang may diabetes. Agad niyang nakilala ang mga miyembro ng ward dahil sa kanilang mga boses at yabag. Binabanggit niya ang mga pangalan namin at kinakamayan kami, at hindi namin siya itinuring na bulag.

Makaraan ang isang taon ng paghihintay, nakipagkita si Lydia sa bishop at sa stake president para tanggapin ang kanyang temple recommend. Sa Relief Society isang araw ng Linggo, hinila niya ako sa kanyang tabi at sinabing, "Sinabi sa akin ng stake president na kailangan kong magpunta sa templo sa lalong madaling panahon. Masasamahan mo ba ako?"

Unang linggo iyon ng Disyembre—abala ang lahat. Sinubukan kong magdahilan at sinabing, "Puwede bang sa Enero na lang?"

"Hindi, kailangan na nating magpunta ngayon!"

Isang grupo ng kababaihan sa ward ang nagpupunta sa templo buwan-buwan, kaya kinausap ko silang isama si Lydia. Masyado rin silang abala. Ngunit muling sinabi sa amin ni Lydia, na lumuluha na, na sinabi ng stake president na magpunta siya sa lalong madaling panahon.

Nang sabihin niya iyon nagkasundo kaming lahat na magbiyahe nang 150 milya (241 km) nang sumunod na linggo. Habang daan, napuno ang van ng kuwentuhan at pagkakaibigan ng walong babae. Labis na natuwa si Lydia sa kanyang karanasan sa templo at sa pagpapalang matanggap ang kanyang endowment.

Sa unang linggo ng Enero, lumala ang kalagayan ni Lydia at ipinasok siya sa ospital para sa emergency care. Pagkaraan ng isang linggo pumanaw na siya. Ngunit humayo si Lydia na taglay ang mga walang-hanggang pagpapalang natanggap niya sa templo ilang linggo pa lang ang nakararaan.

Kalaunan ikinuwento ko sa stake president ang nangyari sa aming biyahe at sinabi kong malaki ang paghanga ko sa kanya na nadama niyang sabihin kay Lydia na kailangan na nitong pumunta kaagad sa templo.

"Hindi ko naman talaga ibig sabihin na kailangan na niyang magpunta ngayon," sagot niya. "Lagi kong sinasabi sa bagong recommend holders na magpunta na kaagad sa templo. Ang Espiritu ang nangusap kay Lydia, hindi ako!"

Tinuruan kami ni Lydia na makinig sa Espiritu at kumilos kaagad sa paramdam nito. Nagpapasalamat ako sa paalala niya na pakinggan ang marahan at banayad na tinig. ■

Mary Holmes Ewen,
California, USA

"Sinabi sa akin ng stake president na kailangan kong magpunta sa templo sa lalong madaling panahon," sabi ni Lydia. "Masasamahan mo ba ako?"





**Ni Elder Anthony D. Perkins**
Ng Pitumpu

# SUMULONG NANG MAY Pananampalataya

Kayong mga young adult ay nabubuhay ngayon sa tinatawag na "Dekada ng Pagpapasiya." Ginagawa ninyo ang marami sa pinakamahahalagang pasiya sa inyong buhay, tulad ng "pagpunta sa templo, paglilingkod sa misyon, pagtatapos sa pag-aaral, pagpili ng hanapbuhay, at pagpili ng mapapangasawa at mabuklod sa panahon at sa [buong] kawalang-hanggan sa banal na templo."[1]

Nagsasalita ako lalo na sa mga taong nahihirapan sa isa o mahigit pa sa mahahalagang pagpapasiyang ito—ang ilan marahil ay halos hindi makakilos sa takot na makagawa ng maling pasiya o nangangailangan ng tulong upang manatiling tiwala sa isang pagpapasiyang ginawa noon.

Ang apat na aral tungkol sa inspiradong pagpapasiya ni Nephi, kung iaangkop, ay makakabawas sa inyong mga takot at magpapaibayo sa inyong pagtitiwala na sumulong.

### 1. Sundin ang mga Utos

Ang huling talata ng sagradong talaan ni Nephi ay nagsasabi tungkol sa kanyang buhay: "Sapagkat gayon ang iniutos ng Panginoon sa akin, at kinakailangan kong sumunod" (2 Nephi 33:15).

Ang pananampalataya at pagmamahal ni Nephi sa Tagapagligtas ay makikita sa kanyang pagsunod sa mga utos ng Diyos. Nanalangin siya (tingnan sa 1 Nephi 2:16). Nagbasa siya ng mga banal na kasulatan (tingnan sa 1 Nephi 22:1). Hinangad at sinunod niya ang tagubilin ng buhay na propeta (tingnan sa 1 Nephi 16:23–24). Ang gayong pagsunod ay nagtulot sa Espiritu Santo na mapatnubayan nang may kapangyarihan si Nephi sa buong buhay niya at naghatid ng patuloy na personal na paghahayag.

Kayo rin ay kailangang manatiling malapit sa Panginoon sa pamamagitan ng pagsunod sa mga utos ng Diyos. Pinatototohanan ko na ang palagiang pagsunod sa maliliit na bagay tulad ng pagbabasa ng mga banal na kasulatan, pagdarasal araw-araw, pagdalo sa mga pulong ng Simbahan, pagsunod sa payo ng mga buhay na propeta, at paglilingkod sa iba ay gagawin kayong karapat-dapat sa Espiritu—at sa paghahayag na hatid nito.

**Ang apat na aral tungkol sa inspiradong pagpapasiya ni Nephi ay makakabawas sa inyong mga takot at magpapaibayo sa inyong pagtitiwala na sumulong.**

Ang pagiging perpekto ay hindi kailangan sa personal na paghahayag. Ang kailangan ay magsisi araw-araw

DETALYE MULA SA *ANG DIWA NG PANALANGIN,* NI CLAUDIO ROBERTO AQUIAR RAMIRES





*Ang pananampalataya at pagmamahal ni Nephi sa Tagapagligtas ay makikita sa kanyang pagsunod sa mga utos ng Diyos.*

(tingnan sa Mga Taga Roma 3:23). Kung taos at lubos ang inyong pagsisisi (tingnan sa D at T 58:42–43), ihahatid ng naglilinis na kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ang Espiritu upang gabayan kayo sa mabibigat na desisyon sa buhay.

### 2. Sumulong nang May Pananampalataya

Ilagay ninyo ang inyong sarili sa katayuan ni Nephi. Sinabi sa inyo ng inyong ama na inutusan ng Panginoon ang inyong pamilya na iwanan ang inyong kayamanan at magtungo sa ilang. Gugustuhin ba ninyong malaman ang tungkol sa paglalakbay at destinasyon ninyo?

Palagay ko matutuwa si Nephi kung malinaw na inihayag ng Panginoon ang kanyang buhay sa hinaharap. Ngunit hindi tinulungan ng Diyos si Nephi sa ganyang paraan, at hindi Niya tayo tutulungan sa ganyang paraan.

Nang maglakbay ang pamilya ni Nephi sa ilang, dumating sa kanya ang mga tagubilin "sa pana-panahon" lamang (1 Nephi 16:29; 18:1). Ang malaman ang tatahakin niya sa buhay nang may katiyakan sa una pa lang ay hindi magbibigay sa kanya ng mga karanasang magpapatatag ng kaluluwa at magpapalakas ng pananampalataya na nakatulong sa kanya na maging higit na katulad ni Cristo.

Kung hinihintay ninyong ihayag ng Diyos kung anong kurso ang inyong kukunin, sino ang pakakasalan, anong trabaho ang tatanggapin, saan titira, kung mag-aaral ba sa graduate school, at ilan ang dapat ninyong maging anak, malamang na hindi na kayo umalis ng inyong apartment kahit kailan. Pinatototohanan ko na darating lang ang personal na paghahayag "sa pana-panahon."

Nais ng ating Ama sa Langit na umunlad tayo, at kasama na riyan ang pagkakaroon natin ng kakayahang timbangin ang mga katotohanan, magbigay ng hatol, at magdesisyon. Ngunit inaanyayahan din Niya tayo na ipagdasal natin ang ating mga pasiya (tingnan sa D at T 9:7–9). Itinuro ni Elder Richard G. Scott ng Korum ng Labindalawang Apostol na dumarating ang mga sagot sa ating mga dalangin "sa isa sa *tatlong* paraan."[2]

***Nagpapatibay na Katiyakan***

"Una," sabi ni Elder Scott, "makadarama kayo ng kapayapaan, aliw, at katiyakan na nagpapatibay na tama ang inyong desisyon."[3] Nalaman namin ng asawa kong si Christy na ang katiyakan sa mahahalagang desisyon sa buhay ay maipapadama sa pamamagitan ng mga banal na kasulatan, kadalasa'y matapos sumamba sa templo.

Halimbawa, matapos ang maraming pagbubulay-bulay at pagdarasal, nagpasiya kaming iwanan ang bago naming pangarap na bahay sa Texas, tanggapin ang paglipat ng trabaho, at lumipat sa Beijing, China, kasama ang anim na mga bata pa naming anak. Ngunit talagang naghangad kami ng espirituwal na pagpapatibay sa gayon kahirap na desisyon. Talagang dumating sa amin ang banal na katiyakan—sa templo—tulad ng mababasa

**PARA MABAWASAN ANG TAKOT AT MAG-IBAYO ANG PAGTITIWALA**

1. Sundin ang mga utos.
2. Sumulong nang may pananampalataya.
3. Mabuhay sa kasalukuyan.
4. Humugot ng lakas sa iba.



*LUBOS ANG KANILANG KAGALAKAN*, NI WALTER RANE, SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY MUSEUM



***Matutuwa si Nephi kung malinaw na inihayag ng Panginoon ang kanyang buhay sa hinaharap. Ngunit hindi tinulungan ng Diyos si Nephi sa ganyang paraan, at hindi Niya tayo tutulungan sa ganyang paraan.***

natin sa mga salitang ito sa Doktrina at mga Tipan: "Kalooban [ko] na nararapat [kang] . . . huwag manatili nang maraming araw sa lugar na ito; . . . huwag isipin ang iyong mga ari-arian. Magtungo sa mga lupain sa silangan" (D at T 66:5–7).

Pinagtibay ng tinig ni Jesucristo sa mga banal na kasulatan, na sinamahan ng matinding damdamin mula sa Espiritu Santo, na tama ang desisyon naming lumipat sa China.

***Maguguluhan Kayo***

Ang pangalawang paraan na sinasagot ng Ama sa Langit ang mga dalangin ay "maguguluhan kayo, matutuliro ang inyong isipan, na nagpapahiwatig na mali ang inyong pasiya."[4]

Pagkatapos ng misyon ko sa Taiwan, naisip ko na magandang karera ang international law. Nang pag-isipan namin ni Christy na posible iyon sa hinaharap, naunawaan namin na limang taon pa iyon ng magastos na pag-aaral.

Bagsak na bagsak ang ekonomiya ng U.S. at limitado ang pondo namin, kaya naisip namin na ang pagsali sa Air Force ROTC ay isang matalinong pasiya para masustentuhan ang pag-aaral ko. Ngunit nang kumuha ako ng mga pagsusulit na kailangang ipasa at punan ang mga papeles, hindi kami mapanatag talaga na gawin iyon. Hindi kami natuliro o naguluhan—hindi lang kami napanatag.

Inspirado ang tila wala-sa-katwirang desisyong iyon, kahit paano, dahil hindi sana ako naging magaling na abugado!

***Tiwala sa Diyos***

Sinasagot ng Diyos ang mga dalangin sa ikatlong paraan: walang sagot na darating. "Kapag namumuhay kayo nang marapat at ang inyong pasiya ay naaayon sa mga turo ng Tagapagligtas at kailangan ninyong kumilos," sabi ni Elder Scott, "magpatuloy nang may tiwala."[5]

Ang huling pagtatangka ni Nephi na kunin ang mga laminang tanso ay naglalarawan kung paano tayo dapat magpatuloy nang may tiwala sa Diyos. Isinulat niya:

"Ako ay pinatnubayan ng Espiritu, nang sa simula ay hindi pa nalalaman ang mga bagay na nararapat kong gawin.

"Gayunman, ako ay yumaon" (1 Nephi 4:6–7).

Darating ang mga sandali sa inyong dekada ng pagpapasiya na hindi na kayo makapagpapaliban pa at kailangan ninyong kumilos. Nalaman ko iyan, tulad ng itinuro ni Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol, "makatatanggap tayo ng mga pahiwatig ng Espiritu kapag nagawa na natin ang lahat ng makakaya natin, kapag nagtatrabaho tayo sa ilalim ng init ng araw sa halip na nagpapahinga sa lilim at nananalangin na humihiling ng patnubay tungkol sa unang hakbang na ating gagawin."[6]

Tulad ni Nephi, ang Espiritu sa takdang panahon ay pagtitibayin o babalaan kayo sa napili ninyong landas.

**3. Mabuhay sa Kasalukuyan**

Ang katapatan ni Nephi sa paglalakbay patungo sa lupang pangako ay lubos na naiiba sa kanyang mga kapatid na sina Laman at Lemuel. Nagpasiya silang magpunta, pero naiwan ang kanilang puso sa Jerusalem. Inaayos ni Nephi ang nabali niyang busog para mangaso para may makain at nagmimina ng bakal para makagawa ng sasakyang-dagat habang tila pahila-hilata ang kanyang mga kapatid sa tolda.

Maraming Laman at Lemuel sa mundo ngayon. Ngunit kailangan ng Panginoon ng matatapat na kababaihan at kalalakihang gaya ni Nephi. Mas uunlad kayo sa buhay kapag lubos ang katapatan ninyo sa inyong mga pasiya at sinikap ninyong magpakahusay sa inyong kasalukuyang sitwasyon bagamat may plano kayo para sa hinaharap.

Halimbawa si Nephi ng matalinong payo ni Pangulong Thomas S. Monson: "Ang pangangarap nang gising tungkol sa nakaraan at pag-asam sa kinabukasan ay nakalilibang ngunit hindi makahahalili sa pamumuhay

sa kasalukuyan. Ngayon ang ating pagkakataon, at dapat natin itong samantalahin.”[7]

**4. Humugot ng Lakas sa Iba**

Kahit hinangad na natin ang Espiritu, sumulong sa ating desisyon, at lubos ang katapatan dito, maaari pa rin tayong mag-alinlangan at magduda sa ating desisyon. Sa gayong mga sitwasyon ang isang pinagkakatiwalaang kapamilya o kaibigan ay makapagbibigay ng payo at lakas na manatili sa tamang landas. Gusto kong sabihin na sa kanyang paglalakbay, ang asawa ni Nephi ang taong pinagkatiwalaan niya.

Nagkaroon ako ng pagpapahalaga sa asawa ni Nephi nang bumisita ako



*KATUWANG,* NI K. SEAN SULLIVAN

sa Church History Museum. Napako ang tingin ko sa ipinintang larawan ni Nephi roon na nakatali sa poste ng isang sasakyang-dagat, na basang-basa sa humahampas na malakas na bagyo.[8]

*Ang isang pinagkakatiwalaang kapamilya o kaibigan ay makapagbibigay ng payo at lakas na manatili sa tamang landas.*



Nasa tabi ni Nephi ang kanyang asawa at isa sa kanyang mga anak. Dinaranas din niya ang gayong bagyo at mga pagsubok na katulad ni Nephi, ngunit makikita sa kanyang mga mata ang katatagan at nakayakap ang malalakas niyang bisig sa mga balikat nito. Sa sandaling iyon natanto ko na mapalad din akong magkaroon ng tapat na asawang nagpapatatag sa akin sa mga oras ng pagsubok. Sana'y kasingtatag niya rin ako.

Mga kalalakihan, ang pagpapanatili at pagpapaibayo sa espirituwal na lakas na taglay ninyo (o tataglayin pa) bilang missionary o sa iba pang mabuting paglilingkod ang inyong pinakamagandang katangian sa pagiging mabuting asawa at ama. Mga kababaihan, ang inyong ugaling madaling makahiwatig, mapanampalataya, at katapangan na sundin si Jesucristo ay ilan sa pinakamagaganda ninyong katangian bilang asawa at ina.

Inaanyayahan ko kayo na maging ang uri ng tao na mapaghuhugutan ng inyong asawa o magiging asawa ng matalinong payo at lakas. Ang isang marangal na lalaki at isang karapat-dapat na babae, na ibinuklod sa panahong ito at sa buong kawalang-hanggan sa templo, ay makakagawa ng mahihirap na bagay bilang pantay na magkatuwang.

Ipinapangako ko na kung ipamumuhay ninyo ang mga aral na natutuhan ninyo kay Nephi at sa mga makabagong propeta tungkol sa pagpapasiya, gagabayan kayo nang may personal na paghahayag “sa panapanahon.” Habang sumusulong kayo sa inyong dekada ng pagpapasiya, kayo nawa, tulad ni Nephi, ay makapagsabi nang may pananampalataya:

“Ako ay pinatnubayan ng Espiritu, nang sa simula ay hindi pa nalalaman ang mga bagay na nararapat kong gawin.

“Gayunman, ako ay yumaon” (1 Nephi 4:6–7). ■

*Mula sa isang mensahe sa debosyonal na, “Nevertheless I Went Forth,” na ibinigay sa Brigham Young University noong Peb. 4, 2014. Para sa buong mensahe sa Ingles, magpunta sa speeches.byu.edu.*

**MGA TALA**

1. Robert D. Hales, “Sa mga Aaronic Priesthood: Paghahanda para sa Dekada ng Pagpapasiya,” *Liahona,* Mayo 2007, 48.
2. Richard G. Scott, “Paggamit sa Kaloob ng Langit na Panalangin,” *Liahona,* Mayo 2007, 10; binigyang-diin sa orihinal.
3. Richard G. Scott, “Paggamit sa Kaloob ng Langit na Panalangin,” 10.
4. Richard G. Scott, “Paggamit sa Kaloob ng Langit na Panalangin,” 10.
5. Richard G. Scott, “Paggamit sa Kaloob ng Langit na Panalangin,” 10.
6. Dallin H. Oaks, “Sa Kanyang Sariling Panahon, sa Kanyang Sariling Paraan,” *Liahona,* Ago. 2013, 26.
7. Thomas S. Monson, “Paghahanap ng Kayamanan,” *Liahona,* Mayo 2003, 20.
8. Tingnan sa *Helpmeet,* ni K. Sean Sullivan, sa “The Book of Mormon: A Worldwide View,” *Liahona,* Dis. 2000, 37.

# HANAPIN SIYA

“Bakit hinahanap ninyo ang buhay sa gitna ng mga patay? Wala siya rito, datapuwa’t nagbangon.”

(Lucas 24:5–6.)



*WALA SIYA RITO*, NI WALTER RANE

# DAHIL KAY JOSEPH




*Tuklasin ang anim na paraan na naiiba (o maaaring naiiba) ang inyong buhay dahil kay Propetang Joseph Smith.*

**Ni Ted Barnes**
Bahagi para sa Priesthood

Namatay si Joseph Smith mahigit 170 taon na ang nakararaan. Nabuhay lamang siya nang 38 taon, na ginugol ang halos lahat ng panahong iyan sa mga tagong lugar na malamang ay hindi ninyo makikita kundi sa pinakadetalyadong mga mapa. At malamang ay pamilyar kayo sa maraming bagay na ginawa niya sa kanyang buhay. Pero naisip na ba ninyo kung paano personal na nakaapekto ang mga ito sa inyo? Bagamat hindi mabilang ang mga paraang iyon, makapagsisimula kayo sa anim na ito.


Dahil kay Joseph Smith:


## 1. Nauunawaan ninyo kung sino talaga ang Diyos at si Jesucristo.

Kahit hindi dahil kay Joseph Smith, maaaring naniniwala pa rin kayo sa Diyos Ama at kay Jesucristo. Maaaring may patotoo kayo tungkol sa Biblia. Ngunit isipin ninyo kung gaano mas lumalim at lumawak ang inyong pang-unawa dahil sa ipinanumbalik ni Joseph Smith—ang matapang at nagpapatibay na pagpapatotoo ng Aklat ni Mormon, Doktrina at mga Tipan, at Mahalagang Perlas. Halimbawa, may alam kayo na hindi alam ng karamihan sa mundo: na ang nagbangong Tagapagligtas ay nagpakita sa lupain ng Amerika—na nagpapatunay, sa Kanyang mga salita, na hindi lang Siya "ang Diyos ng Israel, [kundi] ang Diyos ng buong sangkatauhan" (3 Nephi 11:14).

Isipin kung paano napalakas ang inyong patotoo tungkol sa Ama sa Langit at kay Jesucristo ng makapangyarihang patotoo ng mga propetang tulad nina Nephi, Alma, at Moroni—maliban pa kay Joseph Smith mismo, na nagpahayag na: "Siya ay buhay! Sapagkat siya ay aming nakita, maging sa kanang kamay ng Diyos" (D at T 76:22–23). Sa panahong sinusubukan at madalas talikuran ang pananampalataya sa Diyos at kay Jesucristo, malaking pagpapala ang karagdagang liwanag na ito!










## 2. Alam ninyo na kayo ay anak ng Diyos—at gayon din ang lahat.

Marahil ang pinakamahalagang katotohanang ipinanumbalik ni Joseph Smith ay ang katotohanan tungkol sa ating kaugnayan sa Diyos.[1] Siya ang literal nating Ama. Pinag-isipan mo na ba ang mga bagay na nagmumula sa katotohanang iyan? Binabago nito ang tingin ninyo sa inyong sarili: anuman ang iniisip ng mundo tungkol sa inyo, alam ninyo na kayo ay minamahal na anak ng Diyos, at taglay ninyo ang Kanyang mga katangian. Binabago nito ang tingin ninyo sa iba: bigla ang lahat—*lahat*—ay inyong kapatid. Binabago nito ang tingin ninyo sa buhay mismo: lahat ng kagalakan at pagsubok nito ay bahagi ng plano ng Ama sa Langit para tulungan kayong maging katulad Niya. Hindi masama para sa isang bagay na kinakanta ninyo sa Primary![2]

KALIWA: *MGA NAISIN NG AKING PUSO (UNANG PANGITAIN)*, NI WALTER RANE; ITAAS: ASUNCIÓN PARAGUAY TEMPLE



## 3. Ang inyong pamilya ay maaaring maging walang hanggan.


Bakit nalilito ang maraming tao tungkol sa kahalagahan ng kasal at pamilya? Siguro dahil hindi nila alam ang doktrina, na ipinanumbalik sa pamamagitan ni Joseph Smith, na ang kasal at pamilya ay inorden ng Diyos at nilayong maging walang hanggan (tingnan sa D at T 49:15; 132:7). Hindi ito basta mga tradisyong gawa-gawa ng tao na nakasawaan na ng ating lipunan—bahagi ito ng walang-hanggang patakaran ng langit. At dahil sa mga susi ng priesthood at mga ordenansa sa templo na ipinanumbalik sa pamamagitan ni Joseph Smith, maaaring magsimula ang inyong walang-hanggang pamilya dito sa lupa.



## 4. Nasa inyo ang priesthood at ang mga pagpapala nito.

Dahil ipinanumbalik ng Diyos ang Kanyang priesthood sa pamamagitan ni Joseph Smith, maaari kayong binyagan, at tumanggap ng kaloob na Espiritu Santo. Maaari kayong humingi ng mga basbas ng priesthood para mapagaling, mapanatag, at mapatnubayan. Maaari kayong gumawa ng mga sagradong tipan na nagbibigkis sa inyo sa Diyos. At mapapanibago ninyo ang inyong mga tipan linggu-linggo kapag nakibahagi kayo ng sakramento. Sa pamamagitan ng mga ordenansa ng priesthood, sasabuhay ninyo ang kapangyarihan ng Diyos (tingnan sa D at T 84:20–21). Hindi magiging posible ang anuman dito kung hindi sa gawaing isinakatuparan sa pamamagitan ni Joseph Smith.







## 5. Malaya kayo mula sa adiksyon na nakapipinsala.

O magiging malaya kayo sa adiksyon kung susundin ninyo ang paghahayag na tinanggap ni Joseph noon pang 1833—bago pa napatunayan na ang tabako ay sanhi ng kanser sa baga at ang alak ay may kaugnayan sa sakit sa atay. Kapag may propeta kayo na naghahayag ng karunungan ng Diyos, bakit pa ninyo hihintaying makaunawa ang mundo? Ang Word of Wisdom ay nagpapakita na nagmamalasakit ang Diyos hindi lamang sa ating espiritu kundi maging sa ating katawan (tingnan sa D at T 89). Tutal, tulad ng ipinamalas ng mga paghahayag kay Joseph Smith, sa pagkakaroon ng katawan ay nadaragdagan—hindi nababawasan—ang pagkatulad natin sa ating Ama sa Langit, na mayroon ding katawan ng may laman at mga buto (tingnan sa D at T 130:22).

## SUMALI SA USAPAN


### MGA BAGAY NA PAG-IISIPAN SA ARAW NG LINGGO

- Paano ko mapapalakas ang aking patotoo tungkol kay Propetang Joseph Smith?
- Paano ko higit na maipapakita ang pasasalamat sa buhay na propeta sa aking mga salita at gawa?

### MGA BAGAY NA MAAARI NINYONG GAWIN

- Sa simbahan, ibahagi sa iyong pamilya at mga kaibigan, o sa social media, kung paano naimpluwensyahan ni Propetang Joseph Smith ang iyong buhay.
- Tulad ng ginawa ni Joseph Smith, magtanong sa Ama sa Langit. Mag-ukol ng oras na lumuhod para manalangin at hilingin ang Kanyang patnubay. Pagkatapos, maghintay at makinig para sa mga ideya o pahiwatig. Itala sa iyong journal ang mga naiisip mo.
- Basahin ang mensahe na "Joseph Smith" ni Elder Neil L. Andersen ng Korum ng Labindalawang Apostol mula sa pangkalahatang kumperensya ng Oktubre 2014. Gumawa ng plano na ipamuhay ang dalawang ideyang ibinigay niya sa pagkakaroon at pagbabahagi ng inyong patotoo tungkol kay Joseph Smith.





## 6. Malalaman ninyo ang katotohanan sa inyong sarili sa pamamagitan ng Espiritu Santo.

Nang pumasok ang batang si Joseph sa Sagradong Kakahuyan noong 1820, ang karaniwang paniniwala ng maraming simbahan ay na wala nang paghahayag. Napatunayan ng Unang Pangitain ni Joseph na mali iyon. Bukas ang kalangitan—at hindi lamang sa mga propeta. Sinumang may tanong ay makatatanggap ng sagot sa pamamagitan ng mapagpakumbaba at masigasig na paghahangad (tingnan sa D at T 42:61; 88:63). Halimbawa, malalaman ninyo sa inyong sarili na si Joseph Smith ay propeta ng Diyos sa pagsunod sa paraan ni Joseph: sa pagtatanong mismo sa Diyos.

Simula lamang ang listahang ito. Ano ang idaragdag ninyo? Paano naiba ang inyong buhay nang dahil kay Joseph Smith? ■

**MGA TALA**

1. Tingnan sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 83–84.
2. Tingnan sa "Ako ay Anak ng Diyos," *Mga Himno,* blg. 189.

# "Ang buhay na propeta ay mas mahalaga sa atin kaysa sa isang pumanaw na propeta. . . .

"… Ang paghahayag ng Diyos kay Adan ay hindi nagturo kay Noe kung paano gawin ang arka. Kinailangan ni Noe na makatanggap ng sariling paghahayag. Samakatwid, ang pinakamahalagang propeta, para sa atin, ay ang nabubuhay sa ating panahon na siyang kasalukuyang pinaghahayagan ng kalooban ng Panginoon para sa atin. Dahil dito, ang pinakamahalagang basahin natin ay ang alinman sa mga salita ng propeta … na nasa mga magasin ng Simbahan bawat buwan. Ang mga tagubiling ibinibigay sa atin kada anim na buwan ay matatagpuan sa mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya, na nakalathala sa magasing *[Liahona]*. . . ."

"Mag-ingat sa mga gumagamit ng mga salita ng mga pumanaw na propeta laban sa mga buhay na propeta, sapagkat ang **mga buhay na propeta ang laging nangunguna.**" ■

*Mula kay Pangulong Ezra Taft Benson (1899–1994), "Fourteen Fundamentals in Following the Prophet" (Brigham Young University devotional, Peb. 26, 1980), 2, speeches.byu.edu.*



***Ibahagi ang Inyong mga Ideya***
Ano ang ibig sabihin sa inyo ng sang-ayunan ang mga buhay na propeta? Ibahagi ang inyong mga ideya sa inyong pamilya at mga kaibigan o sa social media.

# ANG HALIMBAWA NG *Pagsunod* NG TAGAPAGLIGTAS

*Ang Kanyang halimbawa ang huwaran na dapat nating tularan.*

"Sa lahat ng aral na natututuhan natin mula sa buhay ng Tagapagligtas, wala nang mas malinaw at makapangyarihan pa kaysa sa aral tungkol sa pagsunod," pagtuturo ni Elder Robert D. Hales ng Korum ng Labindalawang Apostol sa pangkalahatang kumperensya noong Abril 2014. Itinuturo sa atin ng halimbawa ng Tagapagligtas hindi lamang kung *bakit* mahalaga ang sumunod sa Ama sa Langit kundi pati na kung *paano* tayo magiging masunurin. Habang nirerepaso ninyo ang sumusunod na mga halimbawa mula sa Kanyang ministeryo, isipin kung paano nito ipinapakita ang landas na dapat ninyong tahakin sa sarili ninyong buhay.



"HINDI KO **PINAGHAHANAP** ANG AKING SARILING KALOOBAN, KUNDI **ANG KALOOBAN [NG AMA]** NA NAGSUGO SA AKIN."

(Juan 5:30; tingnan din sa Juan 6:38; 8:28–29; 14:31)





## ANO ANG MAGAGAWA NINYO?

Sabi ni Elder Hales, "Tinuruan tayo ni Jesus na sumunod sa simpleng salitang madaling maunawaan: 'Kung ako'y inyong iniibig, ay tutuparin ninyo ang aking mga utos' [Juan 14:15], at 'Pumarito ka, sumunod ka sa akin' [Lucas 18:22]."

**Ano ang gagawin ninyo ngayon para maging mas masunurin?**

2



3



**1.** *Bagama't walang kasalanan si Jesus, siya ay nagpabinyag "[bilang] pagganap ng buong katuwiran"* **(Mateo 3:13–17; tingnan din sa 2 Nephi 31:4–7; Juan 3:5).**

**2.** *Sa edad na 12, nang matagpuan nina Jose at Maria si Jesus na nagtuturo sa templo, Siya ay "napasakop sa kanila," at buong pagsunod na umuwing kasama nila* **(tingnan sa Lucas 2:42–51).**


**3.** *Bagama't hiniling Niyang lumampas sa Kanya ang saro, sumunod Siya at nagdusa sa Halamanan ng Getsemani* **(tingnan sa Mateo 26:36–44; Lucas 22:39–54).**

**4.** *Iginalang Niya ang Sabbath at dumalo sa mga serbisyo sa sinagoga* **(tingnan sa Lucas 4:16–44).**

**5.** *Pumayag si Jesus na mahatulan ng mga tao upang ang gawain at kaluwalhatian ng Ama ay maisakatuparan* **(tingnan sa Isaias 53:7; Mateo 26:53; Moises 1:39).**

**6.** *Tinapos Niya ang Kanyang gawain sa pagpapahintulot sa masasamang tao na ipako Siya sa krus* **(tingnan sa Mateo 27:35; Juan 10:17–18; Mga Taga Galacia 1:3–5).**

## DAHIL MASUNURIN ANG ATING TAGAPAGLIGTAS



"Dahil masunurin ang ating Tagapagligtas, nagbayad-sala Siya para sa ating mga kasalanan, kaya naging posible ang ating pagkabuhay na mag-uli at naihanda ang daan para tayo makabalik sa ating Ama sa Langit, na nakakaalam na magkakamali tayo habang natututo tayong sumunod sa mortalidad. Kapag sumunod tayo, tinatanggap natin ang Kanyang sakripisyo, dahil naniniwala tayo na sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo, ang buong sangkatauhan ay maaaring maligtas, sa pamamagitan ng pagsunod sa mga batas, ordenansa at kautusan na nakapaloob sa ebanghelyo."

**Elder Robert D. Hales ng Korum ng Labindalawang Apostol, "'Kung Ako'y Inyong Iniibig, ay Tutuparin Ninyo ang Aking mga Utos,'" *Liahona*, Mayo 2014, 35.**

1. *BINYAG NI CRISTO*, NI JOSEPH BRICKEY; 2. *ANG BATANG SI JESUS SA TEMPLO*, NI GRANT ROMNEY CLAWSON; 7. *SI CRISTO SA GITNA*, NI JUDITH A. MEHR; 8. *LUMAYO KA, SATANAS*, NI CARL HEINRICH BLOCH; 9. *ANG UNANG PANGITAIN NI JOSEPH SMITH*, NI GREG K. OLSEN













"SA BUONG MINISTERYO [NI CRISTO], 'SIYA AY **NAGDANAS NG MGA TUKSO** SUBALIT **HINDI SIYA NAGPADAIG** [SA MGA ITO]' [D AT T 20:22]."


—Elder Robert D. Hales



**7.** *Dahil laging masunurin sa Kanyang Ama, nagpunta si Jesus sa daigdig ng mga espiritu at nag-organisa ng gawaing misyonero doon* **(tingnan sa I Ni Pedro 3:18–20; 4:6).**

**8.** *Si Jesus ay tinukso ni Satanas, ngunit hindi Siya nagpatangay* **(tingnan sa Mateo 4:1–11; D at T 20:22).**

**9.** *Patuloy Niyang sinusunod ang kalooban ng Ama at pinamamahalaan ang Simbahan* **(tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:16–17; D at T 19:2, 24).**






## MGA BUMBERO AT ANG BALUTI NG DIYOS

Isang maaliwalas na araw iyon sa trabaho ko bilang boluntaryong bumbero, kaya ipinasiya kong basahin ang Aklat ni Mormon. Nang makita ako ng isa kong katrabaho na nagbabasa, itinanong niya kung alam ko kung paano natin maisusuot ang baluti ng Diyos sa modernong panahon. Habang nag-uusap kami, tumunog ang alarma. May sunog sa isang kalapit na tindahan.

Agad naming isinuot ang aming kasuotan sa pagpatay ng sunog at dumiretso na kami roon. Malaki ang apoy, at habang palapit kami sa tindahan, may sumabog sa direksyon namin. Binalot kami ng apoy. Sandali kaming nataranta ng katrabaho ko sa pagsabog na ito. Ngunit dahil may gamit kami at suot na proteksyon, hindi kami nasaktan.

Pagbalik namin sa istasyon matapos maapula ang apoy, tinanong ko sa katrabaho ko kung naalala niya ang itinanong niya tungkol sa baluti ng Diyos. Naalala raw niya, at ipinaliwanag ko na ang baluti ng Diyos ay katulad ng nagpoprotektang kasuotan namin sa pagpatay ng sunog. Kailangan nating isuot ito palagi para makayanan ang matitinding pag-atake ng kaaway. Kung susundin natin ang mga utos, pagpapalain tayo ng nagpoprotektang kapangyarihan ng baluti ng Diyos, at ang Espiritu Santo ang ating magiging gabay. ■

Fernando de la Rosa Marrón, Mexico



## ANG PABORITO KONG BANAL NA KASULATAN

**I Samuel 16:7.** "HINDI TUMITINGIN ANG PANGINOON NA GAYA NG PAGTINGIN NG TAO: SAPAGKA'T ANG TAO AY TUMITINGIN SA MUKHA, NGUNI'T ANG PANGINOON AY TUMITINGIN SA PUSO."

Bago ako sumapi sa Simbahan, itinuring ko noon pa man ang sarili ko na karaniwang tao na may karaniwang mga kakayahan. Dama ko na wala akong maiaambag na mahalaga. Natakot akong ipakita sa mga tao kung sino ako dahil sa takot na itakwil ako at masaktan. Akala ko lahat ng nakapaligid sa akin ay mas malakas, mas matalino, at mas magaling kaysa sa akin.

Ngunit nagbago ang lahat ng pananaw na ito nang maging miyembro ako ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Nalaman ko na lahat tayo ay anak ng Diyos at nagmana tayo ng mga banal na katangian. Ngayon ko nauunawaan na walang kumpetisyon kung sino ang mas matalino, mas mayaman, o mas maganda. Sa paningin ng Panginoon, lahat tayo ay pantay-pantay, at Siya ang hahatol—hindi batay sa ating mga pisikal na katangian kundi sa ating pagsunod at pagnanais na sundan ang landas na Kanyang tinahak.

**Joan Azucena, Philippines**

## MAGTATRABAHO KA BA SA ARAW NG LINGGO?

Noong 15 anyos ako, nagkaroon ako ng malakas na patotoo sa ebanghelyo ni Jesucristo at napakasaya ko na sumapi ako sa Simbahan. Noon, nagtatrabaho ako para makatulong sa pagsuporta sa aking pamilya. Gayunman, di-nagtagal matapos akong mabinyagan, nawalan ako ng trabaho.

Kinailangan kong maghanap kaagad ng bagong trabaho dahil nakaasa sa akin ang aking pamilya, ngunit bawat trabahong inaplayan ko ay pinagtatrabaho ako tuwing Linggo. Marami akong tinanggihang alok na trabaho dahil alam ko na kailangan kong magsimba tuwing Linggo (tingnan sa D at T 59:9–10).

Pagkaraan ng dalawang buwang paghahanap, wala pa rin akong nakitang trabaho. Ang nanay ko ay hindi miyembro ng Simbahan, at kahit naniniwala siya sa Diyos, galit na galit siya na napakarami kong pinalagpas na trabaho.

Isang gabi tiningnan niya ako na may luha sa mga mata at nagtanong, "Bakit hinahayaan ng Diyos na mangyari ito sa atin samantalang napakatapat mo sa paggawa ng tama?"

Sagot ko, "Inay, hindi ko po alam kung bakit nangyayari ito sa atin, pero alam ko na ginagawa ko ang tama, at alam ko na pagpapalain tayo ng Diyos dahil dito."


Kinaumagahan may nag-alok sa akin ng malaking pera para sa dalawang araw na trabaho na paglilipat ng ilang mabibigat na kargamento mula sa isang bahay. Nakakapagod ang trabaho, pero nang matanggap ko ang pera, dumiretso ako ng bahay at nagdasal para magpasalamat. Di-nagtagal nakahanap ako ng magandang trabaho na wala akong pasok tuwing Linggo, at hindi na ako nawalan ng trabaho mula noon.

Natutuwa ako na pinili kong panatilihing banal ang araw ng Sabbath. Maraming hamon sa buhay, ngunit alam ko na kung sisikapin nating maging matatag sa kabila ng mga hamong iyon, pagpapalain tayo ng Panginoon. ■

Sahil Sharma, India



MGA PAGLALARAWAN NI JULIA YELLOW



**Ni Elder**
**Neil L. Andersen**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# PAANO MAGING MATALINO

Sa pagdagsa ng impormasyon sa panahong ito, kailangang-kailangan natin ng karunungan, karunungang **alamin at unawain** kung paano ipamuhay ang ating natututuhan.

Tandaan:

1. Hangarin natin ang karunungan.
2. Maraming aspeto at uri ang karunungan.
3. Ang karunungang natamo nang maaga ay naghahatid ng malalaking pagpapala.
4. Ang karunungan sa isang bagay ay maaaring hindi magamit sa iba.
5. Ang karunungan ng mundo, kahit sa maraming pagkakataon ay napakahalaga, ay nagiging sadyang napakahalaga kapag mapagpakumbaba itong nagpapailalim sa karunungan ng Diyos.

Nakalarawan sa mga banal na kasulatan ang dalawang uri ng karunungan: ang karunungan ng mundo at ang karunungan ng Diyos. Ang karunungan ng mundo ay may positibo at negatibong bahagi. Sa pinakamadilim na paglalarawan, maaari itong ilarawan na bahagyang katotohanan, na may halong katalinuhan at manipulasyon, upang makamtan ang makasarili o masasamang layunin.

May isa pang uri ng karunungan ng mundo na hindi gayon kasama ang layunin. Sa katunayan ito ay napakabuti. Ang karunungang ito ay sadyang natatamo sa pamamagitan ng **pag-aaral, pagninilay, pagmamasid, at kasipagan.** Napakahalaga at nakatutulong ito sa mga bagay na ginagawa natin. Para sa mabuti at disenteng mga tao, nararanasan natin ito sa buhay na ito.

Ang mas mahalaga, ang karunungang naghahatid ng tagumpay sa mundo ay dapat handang magpasakop sa karunungan ng Diyos at huwag isipin na makahahalili ito rito.

Hindi lahat ng karunungan ay nilikhang pantay-pantay. Kailangan nating malaman na kapag salungat ang karunungan ng mundo sa karunungan ng Diyos, dapat nating **ipasakop ang ating kalooban sa karunungan ng Diyos.**

Iminumungkahi ko na isipin ninyo ang ilan sa mga isyung kinakaharap ninyo. Guhitan sa gitna ang isang pirasong papel. Ilista ang karunungan ng mundo sa kaliwa at ang karunungan ng Diyos sa kanan. Isulat ang mga isyung magkakasalungat.

### Ano ang mga pinipili ninyo?

Sa bahagi 45 ng Doktrina at mga Tipan, na bumabanggit sa mga kaganapang hahantong sa Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas, muling ikinuwento ng Panginoon ang tungkol sa sampung dalaga at iniwan sa atin ang mga salitang ito: "Sapagkat sila na matatalino at nakatamo ng katotohanan, at tinanggap ang Banal na Espiritu bilang kanilang patnubay, at hindi mga nalinlang—katotohanang sinasabi ko sa inyo, sila ay hindi puputulin at itatapon sa apoy, kundi mananatili sa araw na yaon" (tingnan sa D at T 45:57).

### Hangarin nating matamo ang karunungan ng Diyos.

Marami tayong matututuhan ngayon mismo tungkol sa karunungan. Ipinapangako ko na sasainyo ang mga pagpapala ng Panginoon sa paghahangad ninyong matamo ang karunungan, ang karunungan ng Diyos. Gustung-gusto Niyang ibahagi sa atin ang Kanyang karunungan. At kung magiging masunurin tayo at madasalin at hahangaring matamo ito, darating ito. ■

*Mula sa isang mensahe sa pagtatapos na ibinigay sa Brigham Young University–Idaho noong Abril 10, 2009.*

## PAANO NINYO ITO NAIPAMUHAY?

"Palaging may dalawang posibilidad sa pagpili. Mapipili ninyo ang anumang gusto ninyo. Ngunit dapat magpasiya kayo nang matalino. Masasabi ko na ang pagpili sa Panginoon ay makatutulong sa inyo sa bawat araw at ang paggabay ng Banal na Espiritu ay makatutulong sa inyo sa bawat sitwasyon. Ang pagpili sa maling panig ay hahantong sa kalungkutan, sa damdaming tila kaligayahan sa maikling panahon ngunit pagkaraan ay makikita ninyo ang mga bunga at pagsisisihan ninyo nang lubos ang desisyong ginawa ninyo. Manatili sa panig ng Panginoon! Hindi ito palaging madali, ngunit sulit ito!"

**Samuel J., Austria**

# TUWIRANG SAGOT



## OK lang bang dumalo sa mga sayawan o mga party na alam kong may mangyayaring masasamang bagay, para maging mabuting halimbawa?

Itanong sa sarili mo: "Ano ba talaga sa palagay ko ang uri ng halimbawang ipakikita ko sa gayong sitwasyon?" Kung balak mong pumunta sa isang lugar na maaaring mayroong droga o alak, mahalay na kasuotan, musikang may mahahalay na salita, o mahalay na pagsasayaw, paano mo ipapakita sa mga tao kung gaano sila masisiyahan nang wala ang mga bagay na iyon? Ano kaya ang iisipin ng mga tao sa paligid mo—"Hindi ba napakagandang halimbawa iyan ng pananampalataya at mabubuting pamantayan?" o "Bakit pa ba siya nagpunta rito?" Sa halos lahat ng sitwasyon, magiging mas mabuti kang halimbawa kung hindi ka pupunta roon, dahil hindi mo kusa at hayagang ilalantad ang sarili mo sa tukso. ■

## Gaano naiimpluwensyahan ni Satanas ang aking mga iniisip?

Tinitiyak ng ating Ama sa Langit na mayroon tayong kalayaang moral, ang kakayahang pumili ng mabuti o masama. Hindi Niya tayo pipiliting gumawa ng mabuti, at hindi tayo mapipilit ng diyablo na gumawa ng masama (tingnan sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* [2007], 248).


Kaya, pagdating sa mga iniisip mo, magkakaroon lamang ng impluwensya ang diyablo kung pagbibigyan mo siya. Sabi ni Propetang Joseph Smith, "Hindi tayo maaakit ng mga panunukso ni Satanas maliban kung payagan o pahintulutan natin ito sa ating kalooban" (*Mga Turo: Joseph Smith,* 248). Sinabi rin niya, "Ang diyablo ay walang kapangyarihan sa atin maliban kung pahintulutan natin siya" (248).

Bukod pa rito, sinasabi sa atin sa mga banal na kasulatan na, "wala nang iba pa kundi Diyos lamang ang nakaaalam ng iyong mga saloobin at hangarin ng iyong puso" (D at T 6:16), kaya hindi talaga alam ni Satanas kung ano ang iniisip mo. Ang tanging magagawa niya ay manukso at mangakit. Ngunit kung pipiliin mong sundin ang mga ito, magkakaroon siya ng mas malaking kapangyarihan sa iyo at lalong titindi ang mga tukso. Sa gayon ding paraan, kung lalabanan mo ang masama at pipiliin ang mabuti, ikaw ay lalakas at pagpapalain. ■

PAGLALARAWAN NI DAVE PETERSON

# Isang Kawan *at* ISANG PASTOL

*Ang isang kulungan para sa isang kawan ng mga tupa ay nagtuturo sa atin tungkol sa pagmamalasakit ng Tagapagligtas sa Kanyang mga tao.*




## Kulungan ng mga Tupa Noong Araw


***Ano ito:*** Isang simpleng kural, isang binakurang kulungan.
***Layunin:*** Protektahan ang isang kawan ng mga tupa sa mga maninila at magnanakaw, lalo na sa gabi.
***Materyal at pagtatayo:*** Mga bato, karaniwan, na kadalasan ay may matinik na halamang nakalagay sa ibabaw ng mga pader. Madalas ding ginagamit ang makakapal at matitinik na palumpong sa paggawa ng bakod para sa pansamantalang kulungan. Ang mga kuweba kung minsan ay nagsisilbing pansamantalang kulungan, na may mga harang na maliit na bato o halaman sa harap nito.



## MGA KATOTOHA-NAN SA BIBLIA

- Ang mga tupa ay napakahalaga dahil sa karne, gatas, taba, lana, balat, at sungay nito at isa sa pangunahing mga hayop na isinasakripisyo.
- Sa Israel, ang mga lobo, hyena, panther at jackal ay kabilang sa mga maninila na nakaabang sa mga tupa. Noong unang panahon, may mga leon at oso rin sa lupain (tingnan sa I Samuel 17:33–37).
- Gumagamit ng tungkod ang mga pastol para akayin ang mga tupa at ng pamalo at tirador para ipagtanggol ang mga ito.
- Inaakay ng pastol ang kanyang mga tupa papunta sa pagkain at tubig sa araw (tingnan sa Awit 23:1–2) at pabalik sa kawan sa gabi. Bibilangin ng pastol ang mga tupa pagbalik ng mga ito, at hahanapin ang mga naligaw kung mayroon mang nawala. Pagkatapos ay hihiga siya sa may pintuan ng kawan para protektahan sila.
- Tinawag ni Jesucristo ang Kanyang Sarili na Mabuting Pastol (tingnan sa Juan 10:11–15) dahil ibinuwis Niya ang Kanyang buhay para sa atin. Inihambing din Niya ang Kanyang Sarili sa pintuan ng kulungan (tingnan sa Juan 10:1–9) dahil sa pamamagitan Niya ay tumatanggap tayo ng espirituwal na pangangalaga, kapahingahan, kapayapaan, kaligtasan, at kadakilaan.
- Inihambing ni Apostol Pablo ang Simbahan sa isang kawan ng mga tupa (tingnan sa Ang mga Gawa 20:28).

PAGLALARAWAN NI DAVID HABBEN; DETALYE MULA SA *SI CRISTO AT ANG MAYAMANG BINATANG PINUNO*, NI HEINRICH HOFMANN



### IBANG MGA TUPA

Binanggit ng Tagapagligtas ang "ibang mga tupa, na hindi sa kulungang ito" (Juan 10:16), na ibig sabihin ay ang mga Nephita at Lamanita, na naakay palayo sa sambahayan ni Israel (tingnan sa 3 Nephi 15:14–24). Binanggit din Niya ang pagbisita sa nawawalang mga lipi ni Israel (tingnan sa 3 Nephi 15:20; 16:1–3).

## Ang Matututuhan Natin

Ang mga kulungan ay:

***Lugar kung saan nagtitipon ang kawan.*** Bilang mga miyembro ng Simbahan, nagkakaisa tayo sa pamamagitan ng ating pananampalataya at mga tipan, gayundin sa pamamagitan ng literal nating pagtitipon. Itinuro ni Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan: "Ang galak sa pagkakaisa na gustung-gusto [ng Ama sa Langit na] ibigay sa atin ay hindi sa pag-iisa. Hangarin natin ito at maging marapat para dito na kasama ang iba. Hindi nakakagulat kung gayon na hinihimok tayo ng Diyos na magtipon upang mapagpala Niya tayo. Nais Niya tayong magtipon sa mga pamilya. Nagtatag Siya ng mga klase, ward, at branch at inutusan Niya tayong magkita-kita nang madalas. Sa mga pagtitipong iyon, . . . magagawa nating ipagdasal at pagsikapan ang pagkakaisang magpapasaya at magpapaibayo sa kapangyarihan nating maglingkod" ("Nagkakaisa ang Ating mga Puso," *Liahona,* Nob. 2008, 69).

***Isang lugar ng kaligtasan at kapahingahan.*** Kay Jesucristo "masusumpungan [natin] ang kapahingahan ng [ating] mga kaluluwa" (Mateo 11:29). Ang Kanyang Simbahan ay "isang tanggulan, at isang kanlungan" (D at T 115:6). At tulad ng itinuro ni Pangulong Boyd K. Packer, Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Magkakaroon tayo ng kaligtasan at seguridad . . . sa paggalang sa mga tipan na ginawa natin at sa karaniwang pagsunod na hinihingi sa mga tagasunod ni Cristo" ("Alam Ko ang mga Bagay na Ito," *Liahona,* Mayo 2013, 7).

***Binantayan ng pastol.*** Si Jesucristo ang Mabuting Pastol na nagliligtas sa atin. Siya ay nagdusa at namatay para madaig natin ang kasalanan at kamatayan at makabalik tayo sa ating Ama sa Langit. Kapag lumalapit tayo kay Cristo at sinusunod natin ang Kanyang mga utos, pinagpapala, ginagabayan, at pinoprotektahan Niya tayo nang isa-isa at bilang Kanyang pinagtipanang mga tao.

# "Paano ako lubos na mapapanatag na kausapin ang bishop ko tungkol sa mga isyu o problema?"

Maaari kang kabahang kausapin ang bishop mo tungkol sa mga bagay na nagpapahirap sa iyo, at normal iyan. Madalas tayong kabahan sa mga bagong karanasan o makipag-usap sa isang matanda.

Pero ang bishop mo ay tinawag ng Diyos. Tinawag siya dahil isa siyang tapat na disipulo ni Jesucristo. Gagawin niya ang lahat para maging mabait at maunawain. Minimithi niya na tulungan kang lumapit sa Tagapagligtas para matagpuan mo ang kapayapaan. Sa simula, mahihiya ka sigurong kausapin siya tungkol sa mga tanong o kasalanan mo, pero hindi bababa ang tingin niya sa iyo. Katunayan, matutuwa siya na hangad mong magpakabuti pa. At pananatilihin niyang kumpidensyal ang inyong pag-uusapan.

Hindi mo kailangang dalhing mag-isa ang iyong mga pasanin. Matutulungan ka ng bishop mo na masagot ang iyong mga tanong at, kung kailangan, tutulungan ka niyang magsisi at paglabanan, sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Cristo, ang iyong kaligaligan, kawalang-pag-asa, o di-pagkamarapat.

Kapag kinausap mo ang bishop mo, madarama mo ang pagmamahal niya sa iyo. Kahit siya ang responsable sa buong ward o branch, una niyang pinagtutuunan ang kapakanan ng mga kabataang lalaki at babae. Hindi mo siya inaabala sa paghingi mo ng tulong.

Maaari mong ipagdasal sa Ama sa Langit na bigyan ka ng lakas at tapang na kausapin ang bishop mo. Binigyan niya ng awtoridad ang bishop mo na tulungan ka at nasasabik siyang gawin ito. Kung pupunta ka nang may bukas na puso at hangaring maging mas mabuti, makikita mo na lilisanin mo ang kanyang opisina na mas magaan ang pakiramdam kaysa rati.

### Hindi Bababa ang Tingin Niya sa Iyo

Ang bishop ng ward ninyo ay binigyan ng awtoridad na gabayan ka sa mga hakbang ng pagsisisi. Kung minsan pagbaling lamang sa bishop mo ang paraan para lubos kang makapagsisi sa pamamagitan ng Tagapagligtas. Nang kailanganin kong kausapin ang bishop ko, tinulungan niya akong mahanap ang Tagapagligtas at paglabanan ang pinakamalalim na sugat sa puso ko. Gusto kang tulungan ng bishop mo. Tungkulin niyang pangalagaan ka, at hindi bababa ang tingin niya sa iyo nang dahil lang sa may kailangan ka sa kanya.

*Madison D., edad 18, Utah, USA*

### Handang Tumulong ang Bishop Mo

Dati-rati ay hindi ako panatag sa mga interbyu, pero kalaunan ay natanto ko na laging handa ang bishop ko na tulungan akong lutasin ang mga problema ko. Magtiwala sa bishop mo; siya ay isang pastol at ang ward ang kanyang kawan.

*Jaime R., edad 19, Cochabamba, Bolivia*

### Kahit Nagkamali Ka

Maaaring mahirap at nakakahiyang ipagtapat ang mga bagay-bagay sa bishop mo, pero paglabas mo ng opisinang iyon, luluwag na ang pakiramdam mo, at malalaman mo na mahal ka ng Ama sa Langit. Nais ka Niyang maging masaya, kahit nagkamali ka.

*Amanda W., edad 16, Utah, USA*




### Hindi Niya Sisirain ang Tiwala Mo

Nalaman ko na ang bishop na siguro ang taong lubos na mapagkakatiwalaang hingan ng tulong ng isang tinedyer. Hinding-hindi niya sisirain ang tiwala

*Ang mga sagot ay nilayong makatulong at magbigay ng pananaw, hindi bilang mga opisyal na pahayag ng doktrina ng Simbahan.*

mo—lahat ng ibabahagi mo sa kanya ay hindi lalabas ng kanyang opisina. Kung minsan napakahirap ibahagi ang mga problema mo, pero ang pakikipag-usap nang harapan sa isang taong nagmamahal at nagmamalasakit at nais ang pinakamabuti para sa iyo ay mas pinadadali ito.
*Nicole S., edad 18, Idaho, USA*



**Makakaasa Ka sa Kanya**
Ang bishop o branch president mo ay isang tunay na lingkod ng Panginoon. Makakaasa ka na papatnubayan ka niya sa paghingi ng inspirasyon mula sa Espiritu Santo at mga banal na kasulatan. Kailangan mong maunawaan na nariyan ang bishop para tumulong at na siya ay ginagabayan ng Diyos.
*Stanislav R., edad 19, Donetsk, Ukraine*




**Tandaan na Mahal Ka Niya**
Kung mayroon ka talagang gustong talakayin sa bishop, mas madali sigurong kausapin muna siya tungkol sa paaralan at iba pang karaniwang bagay. Kung kinakabahan ka dahil kailangan mo siyang kausapin tungkol sa mga isyung kailangan mong pagsisihan, tandaan lamang na mahal ka niya. Huwag kang kabahan tungkol sa iisipin niya sa iyo, dahil bakit ka niya hahamakin nang dahil sa kagustuhan mong mas mapalapit kay Cristo?
*Ashley D., edad 17, Arizona, USA*

**Narito Siya para Tumulong**
Ang bishop ang pastol sa ward ninyo. Tandaan na gagawin niya ang lahat para tulungan ka at nasa panig niya ang kapangyarihan ng Diyos. Kung natatakot ka, maipagdarasal mong bigyan ka ng lakas na kausapin ang bishop mo. Sa huli, magagalak ka na nagpunta ka sa kanya—at magiging sulit iyon.
*Samuel H., edad 14, Idaho, USA*



**Magdasal para Malaman**
Itanong sa sarili mo kung bakit hindi ka panatag na kausapin ang bishop. Palagay mo ba hindi ka niya matutulungang lutasin ang mga problema mo? Magdasal para malaman na mahal ka ng bishop at tinawag siya para tulungan ka.
*Adam H., edad 13, California, USA*

*Para sa iba pang impormasyon tungkol sa paksang ito, tingnan sa C. Scott Grow, "Bakit Ko Kailangang Magtapat at Ano ang Kailangan kong Ipagtapat sa Bishop Ko?"* Liahona, *Okt. 2013, 59.*



**MAGTAPAT SA KANYA**
"Humingi ng payo sa inyong mga lider ng priesthood, lalo na sa inyong bishop. Alam niya ang mga pamantayan, at alam niya kung ano ang ituturo sa inyo. Humanap ng mga pagkakataong makasama siya. Asahan ninyo na magtatanong siya nang prangkahan at masusi. Magtiwala sa Kanya. Magtapat sa kanya. Pakiusapan siyang ipaunawa sa inyo kung ano ang inaasahan ng Panginoon sa inyo. Mangako na mamumuhay kayo ayon sa mga pamantayan ng moralidad ng Simbahan. Ang isang makabuluhang pakikipag-usap sa isang adult leader ay mahalaga para matulungan kayong manatiling malinis at karapat-dapat."
**Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Purity Precedes Power,"** ***Ensign*****, Nob. 1990, 37.**

## SUSUNOD NA TANONG

"Pinagtatawanan ako sa paaralan dahil LDS ako. Alam kong kailangan kong manindigan sa paniniwala ko, pero napakahirap! Paano ako magiging matapang na sabihan ang mga taong ito na tumigil sila?"

Ipadala ang iyong sagot at, kung nais mo, isang retrato na high-resolution bago sumapit ang Mayo 1, 2015, sa liahona.lds.org, sa pamamagitan ng e-mail sa liahona@ldschurch.org, o sa pamamagitan ng koreo (tingnan ang address sa pahina 3).

Ang sumusunod na impormasyon at pahintulot ay dapat isama sa iyong e-mail o liham: (1) buong pangalan, (2) kapanganakan, (3) ward o branch, (4) stake o district, (5) nakasulat na pahintulot mo, at, kung wala ka pang edad 18, ang nakasulat na pahintulot ng iyong mga magulang (tinatanggap ang e-mail) na ilathala ang iyong sagot at larawan.

Ang mga sagot ay maaaring i-edit para paikliin o linawin pa ito.

# Sino ang

*Alam ni Ellie kung sino ang bayani niya, pero takot siyang sabihin ito.*

**Ni Charlotte Mae Sheppard**
Batay sa tunay na buhay

*"Ipaglaban ang 'yong pananalig; 'sang bayani hang-gang kamatayan"* (Aklat ng mga Awit Pambata, *80).*

Kabadong kinagat ni Ellie ang kanyang hinlalaki. Iniisa-isa ni Miss Fitz ang hanay ng mga upuan at tinatanong ang bawat estudyante.

"Sino ang iyong bayani?" tanong ni Miss Fitz kay Jeremy.

Mabilis na sumagot si Jeremy. "Ang tatay ko po!" pagmamalaki niyang sagot.



PAGLALARAWAN NI VALERIO FABBRETTI

# Iyong Bayani?

Ngumiti si Miss Fitz. "At sino ang sa iyo, Sarah?"

Mabilis din ang sagot niya. "Abraham Lincoln po."

Kumakabog ang puso ni Ellie habang patuloy na inisa-isa ni Miss Fitz ang hanay ng mga estudyante. Maghapon nilang pinag-usapan ang tungkol sa mga bayani, at ngayon lahat ay magsasabi kung sino ang kanilang bayani—sa harap ng buong klase!

Sinabi nina Amber at Justin na mga nanay nila ang kanilang mga bayani. Sabi naman ni Walter ang lolo niya. Sinabi naman ng ilang estudyante na hari o presidente ang bayani nila.

Kaunting estudyante na lang ang natitira bago makarating si Miss Fitz kay Ellie. Kailangang mag-isip siya ng isang bayani—at dapat makaisip siya kaagad.



Napatingin si Ellie sa kanyang mga sapatos, na nahihiya. Ang pag-iisip kung sino ang kanyang bayani ay hindi ang talagang problema. Alam na niya kung sino ang bayani niya. Iyon ay si Jesucristo. Siya ay nagpagaling ng mga maysakit, nagbangon ng mga patay, at nagbayad-sala para sa mga kasalanan ng lahat ng tao. Siya ang pinakadakilang bayani na nabuhay sa mundo. Takot lang siyang sabihin ito.

Muling kinagat ni Ellie ang kanyang hinlalaki habang naiisip na sasabihin niya sa buong klase na si Jesucristo ang kanyang bayani. Paano kung pagtawanan siya ni Jeremy? Paano kung pag-usapan siya nina Sarah at Amber sa recess?

Talagang alam niya na si Jesucristo ang kanyang bayani. Ngunit hindi naman ibig sabihin na kailangang malaman din ito ng lahat.

Huminto si Miss Fitz mismo sa harap ng mesa ni Ellie at ngumiti. "At sino ang iyong bayani, Ellie?"

Sumulyap si Ellie mula sa hanay ng mga estudyante sa tabi niya hanggang kay Miss Fitz. "Abraham Lincoln po," bulong niya.

Ngumiti si Miss Fitz. "Magaling!" sabi niya habang naglalakad siya patungo sa kasunod na estudyante sa hanay.

Nang makalayo na ang titser, nakahinga nang maluwag si Ellie. Salamat at natapos din. Ang huling bagay na kailangan niya ay ang malaman ng lahat sa klase na ang kanyang bayani ay si—

"Jesucristo po," sabi ng isang tinig.

Nanlaki ang mga mata ni Ellie habang marahan siyang napalingon. Doon—sa di-kalayuan sa huling hanay—ay nakaupo ang isang maliit na batang lalaki na gusut-gusot ang buhok. Siya ay payat at mahiyain, at palagi siyang nakaupo sa bandang likuran ng silid-aralan. Hindi alam ni Ellie ang pangalan niya. Hindi niya maalala na nagsalita ito ng kahit isang salita—maliban ngayon.

Nilingon ng ilang estudyante ang bata, ngunit hindi niya napansin ang mga ito. Nakatingala lamang ang bata kay Miss Fitz at muling nagsalita. "Ang bayani ko po ay si Jesucristo."

Masayang ngumiti si Miss Fitz at nagpatuloy hanggang matapos ang hanay. Ngunit si Ellie ay nakatingin pa rin sa bata nang may paghanga. Takot siyang sabihin sa lahat ang tungkol sa kanyang bayani, pero hindi natakot ang batang iyon. Ni hindi nga ito nagpupunta sa kanyang simbahan! Gayunpaman alam nito kung gaano kahalaga na tumayo bilang halimbawa ni Jesucristo, kahit mahirap itong gawin.

Ngumiti si Ellie sa bata. Hindi na siya matatakot kailanman na sabihin kung sino ang kanyang bayani. Siyempre, dalawa na sila ngayon. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa California, USA.*

# Mga Panalangin at

**Ni McKelle George**
Batay sa tunay na buhay



*"Kayo ay aking mga alagad, kung kayo'y may pagibig sa isa't isa" (Juan 13:35).*

Tumingala si Dani ngunit hindi pa rin niya makita ang tuktok ng magandang katedral. Naparito ang mga taong kabilang sa ibang simbahan. Hindi naunawaan ni Dani kung bakit binisita ng kanyang pamilya ang simbahang ito sa araw ng Biyernes, pero sabi ni Itay ay papunta sila sa tinatawag na Evensong.

"Ano po iyon?" tanong ni Dani.

"Ito ay isang pulong kung saan ang mga tao ay kumakanta, nagbabasa ng mga banal na kasulatan, at sama-samang nagdarasal," sabi ni Itay. "Parang isang malaking pamilya sa pagtatapos ng araw."

Nagustuhan ni Dani ang narinig niya. Bumibisita sila ng kanyang pamilya sa England. Noong nakaraang Linggo nagpunta sila sa isang ward sa lungsod na tinatawag na York. Sa Primary alam din ng mga bata ang mga banal na kasulatan at awiting alam ni Dani. Alam niya na ang ward na binisita niya ay bahagi ng totoong Simbahan ni Jesus, tulad ng ward nila.

Ngunit ibang-iba ang katedral na ito sa nakita na niya. Napansin niya na puno ng mga kandila ang isang maliit na mesa. Pinanood ni Dani ang pagsisindi ng kandila ng isang batang lalaki.


"Bakit ka nagsisindi ng mga kandila?" tanong ni Dani rito.

Ngumiti ang bata. "Nagsisindi ako ng kandila kapag may ipinagdarasal akong mga espesyal na bagay. Habang may sindi ang kandila,



MGA PAGLALARAWAN NI SCOTT GREER

# mga Katedral



"Dapat nating mahalin ang lahat ng tao, pakinggan silang mabuti, at isaalang-alang ang tapat nilang pinaniniwalaan."

**Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Pagmamahal at Pakikisalamuha sa mga Taong Naiiba," *Liahona*, Nob. 2014, 27.**



umaasa ako na patuloy na pakikinggan ng Diyos ang dasal ko."

Mukha namang karaniwang mga kandila iyon kay Dani. Medyo nalito siya, pero gusto niyang maging magalang. Nginitian niya ang bata.


Umupo si Dani at ang kanyang pamilya, at di-nagtagal ay nagsimula ang Evensong. Nakita niyang muli ang bata ilang upuan mula sa kanila. Pagkatapos ay natanto niya na hindi niya alam ang alinman sa mga awiting kinakanta ng lahat. Nang magdasal sila, nagbasa sila mula sa isang munting aklat. Tila kaiba ang lahat kaysa sa nakasanayan niya.

Pero maganda ang musika, kahit hindi ito pamilyar. Pagkatapos ay tumayo ang isang lalaki para magbasa ng mga banal na kasulatan. Nakasuot siya ng abito, sa halip na amerikana at kurbata na tulad ng bishop ni Dani. Pero nang magsimula siyang magbasa, natanto ni Dani na alam niya ang kuwentong ito! Binabasa niya ang tungkol sa pagpapagaling ni Jesus sa 10 ketongin.

"Itay," bulong ni Dani, "gustung-gusto ko po ang kuwentong ito."

Ngumiti si Itay. "Ako rin."

Pagkatapos ay nagdasal ang lalaking naka-abito. Hiniling niya sa Diyos na pagpalain ang mga maysakit at nangangailangan. Gaya ng ginawa ni Dani! Humiling din siya ng espesyal na pagpapala para sa mga lider ng kanyang simbahan. Naalala ni Dani kung paano laging hinihiling ng kanyang pamilya sa Ama sa Langit na pagpalain si Pangulong Thomas S. Monson at ang kanyang mga tagapayo.



Nag-alab ang puso ni Dani. Alam niya na sinasabi sa kanya ng Ama sa Langit na mahal Niya ang *lahat* ng Kanyang anak at narinig Niya ang *lahat* ng kanilang panalangin, kahit iba ang sinisimbahan nila at wala sa kanila ang kabuuan ng ebanghelyo.

Nang tumayo sila para umalis, tiningnan ni Itay ang kanyang cell phone. Mukhang nalungkot siya nang mabasa niya ang mga mensahe sa kanya. "Pumanaw na si Sister Monson," sabi niya.

"Naku po!" Umusal ng maikling dalangin sa kanyang puso si Dani na maging OK si Pangulong Monson.


"Okey ka lang ba?" tanong ng isang tao. Ang batang iyon pala. Narinig niya si Dani, at mukhang nag-alala siya.

"Patay na si Sister Monson," sabi ni Dani. "Siya ang asawa ng propeta naming si Pangulong Monson."

"Sori," magiliw na sabi nito. "Ipagsisindi ko siya ng kandila."

Ngumiti si Dani at nagpasalamat dito. Naisip niya na ang bait ng bata para umusal ng espesyal na panalangin para kay Pangulong Monson. Alam niya na maririnig ng Ama sa Langit ang panalangin sa kanyang puso at ang panalanging inusal din ng bata. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.*



**Ni Elder Russell M. Nelson**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

*Ang mga miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol ay mga natatanging saksi ni Jesucristo.*

# Bakit napakahalagang maging MASUNURIN?




MGA PAGLALARAWAN NI APRIL STOTT

*Mula sa "Ipakita ang Inyong Pananampalataya,"* Liahona, *Mayo 2014, 29–32.*



"Ito ang araw na ginawa ng Panginoon; tayo'y mangagagalak at ating katutuwaan."

—Awit 118:24

PAGLALARAWAN NI MATT SMITH

Sabay-sabay na pag-aralan ang Bagong Tipan sa taong ito!

# Pinagaling ni Jesus ang Isang Ketongin



**Ni Erin Sanderson**

Mag-isip ng isang pagkakataon na maysakit ka. Mayroon bang gumawa ng kabutihan sa iyo para bumuti ang iyong pakiramdam?

Sa Bagong Tipan mababasa natin kung paano nagpakita ng kabaitan si Jesus sa mga taong maysakit. Isang araw isang lalaking may sakit sa balat na tinatawag na ketong ang nagpunta kay Jesus. Alam niya na may kapangyarihan si Jesus na pagalingin ang lahat ng taong maysakit. Naniwala siya na mapapagaling siya ni Jesus. Hinipo ni Jesus ang ketongin at sinabing, "Luminis ka" (Marcos 1:41). Pagkasabing-pagkasabi niyon ni Jesus, gumaling ang lalaki.

Masusundan natin ang mga yapak ni Jesus sa pagiging mabait at mapagmahal sa iba pang maysakit o nalulungkot. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.*

## MGA IDEYA NA PAG-UUSAPAN NG PAMILYA

Magagamit mo ang mga larawang may kaugnayan sa banal na kasulatan sa pahina 74 para isalaysay ang kuwento mula sa Marcos 1:40–42. Pagkatapos ay maaari mong basahin ang Judas 1:22 at planuhin kung paano gagawin ang isang bagay bilang pamilya para makagawa ng kaibhan sa buhay ng isang tao. Siguro maaari mong paglingkuran nang lihim ang isang tao!

**Awitin:** "Ang mga K'wento kay Jesus," (*Aklat ng mga Awit Pambata,* 36)

**Mga Banal na Kasulatan:** Marcos 1:40–42

**Mga Video:** Magpunta sa Biblevideos.org para mapanood ang "Jesus Heals a Lame Man on the Sabbath" at "Jesus Heals a Man Born Blind."



## PAGSUNOD SA MGA YAPAK NI JESUS

Kasama ang inyong pamilya, magdula-dulaan kung paano ka magpapakita ng pagmamahal sa iba sa mga sitwasyong ito. Mag-isip ng sarili mong mga sitwasyon!



May bagong lipat na pamilya sa inyong lugar.

Tinatakot ng ilang bata ang isa pang bata sa paaralan.

Isang bisita na walang kakilala sa simbahan ang dumalo sa Primary.

Walang makalaro ang nakababata mong kapatid.

Umiiyak ang sanggol, at naghahanda ng hapunan ang nanay mo.

May sakit ang isang miyembro sa inyong ward o branch at hindi siya makaalis ng bahay.

KALIWA: *ANG KETONGIN NA NAGSABING 'SALAMAT PO,'* NI JOHN STEEL © PROVIDENCE LITHOGRAPH; KANAN: PAGLALARAWAN NI DAVID MALAN; PAGLALARAWAN NG MGA SANDALYAS NI MARK ROBISON

## ALAMIN PA ANG IBA: ANG MGA EVANGELIO

Ang Bagong Tipan ay may apat na espesyal na aklat na tinatawag na mga Evangelio, na isinulat ng ilan sa mga disipulo ni Jesus. Inilalahad ng Mga Evangelio ang panahon na nabuhay si Jesucristo sa lupa. Ang kuwento tungkol sa pagpapagaling sa ketongin ay nasa tatlo sa mga Evangelio. Ito ay nasa Marcos 1:40–42 at maging sa Mateo 8:2–4 at sa Lucas 5:12–14.

## SCRIPTURE TIP: PAGHAHANAP SA SALITA


Sa Marcos 1:41 ang salitang *pagkaawa* ang ginamit. Kung minsan may malalalim na salita sa Biblia na maaaring hindi mo nauunawaan. Kapag may nakita kang salita na hindi mo maunawaan, maaari mong gamitin ang Gabay sa mga Banal na Kasulatan para matulungan ka! Halimbawa, maaari mong hanapin ang “Awa, Maawain” para malaman kung ano ang ibig sabihin nito at para mahanap ang iba pang mga talata sa banal na kasulatan na gumamit nito. Ano pang ibang mga salita ang maaari mong hanapin sa kuwento tungkol sa pagpapagaling ni Jesus sa lalaking may ketong?

# Pinagaling ni Jesus ang Maysakit

**Marcos 1:40–42; Lucas 4:38–40**

Idikit ang pahinang ito sa makapal na papel o karton. Pagkatapos ay gupitin ang mga larawan at idikit ang mga ito sa mga patpat o supot na papel. Gamitin ang mga ito para magsadula ng mga kuwento mula sa Bagong Tipan.


*Maaari kayong mag-print ng mas maraming kopya sa liahona.lds.org.*



Mga tao



Jesucristo



Ketongin




Biyenang Babae ni Pedro

MGA PAGLALARAWAN NI BETH M. WHITTAKER

**Ni Elder Claudio D. Zivic**
Ng Pitumpu

# Ang TAMANG Landas



*"Pakinggan ang mga salita ng yaong Diyos na lumikha sa inyo" (D at T 43:23).*

Maraming taon na ang nakalipas nagpunta kami ng pamilya ko sa Arches National Park sa Utah, USA. Ang isa sa mga pinakamaganda at pinakatanyag na arko sa parke ay ang Delicate Arch at nagpasiya kaming umakyat ng bundok para marating ito.

Masigla kaming nagsimulang maglakad, ngunit di-nagtagal gusto nang magpahinga ng iba. Gusto kong makarating agad roon, kaya mag-isa akong nagpatuloy. Hindi pansin ang landas na dapat kong tahakin, sinundan ko ang lalaki sa unahan ko na tila nakatitiyak sa kanyang pupuntahan.

Pahirap nang pahirap ang daan na aakyatin. Tiyak ko na hindi ito narating ng pamilya ko. Pagdaka'y nakita ko ang Delicate Arch, ngunit laking gulat ko na hindi ko ito mapupuntahan. Ang landas na tinahak ko ay hindi patungo sa arko.

Nalungkot ako at nagpasiyang bumalik. Nainip ako sa paghihintay hanggang sa magkita-kita kaming muli ng grupo ko. Sinabi nila sa akin na sinundan nila ang mga karatulang nagtuturo ng tamang daan, at may pag-iingat at pagsusumigasig na narating nila ang Delicate Arch. Sa kasamaang-palad, maling landas pala ang tinahak ko. Napakagandang aral ang natutuhan ko!

Huwag alisin ang tuon sa landas patungo sa buhay na walang-hanggan kasama ang inyong Ama sa Langit. Sundin ang mga alituntunin ng ebanghelyo at mga kautusang natanggap ninyo, at kayo ay nasa tamang landas para makapiling Siya magpakailanman. ■

*Mula sa "Huwag Nating Tahakin ang Maling Landas,"* Liahona, *Mayo 2014, 39–41.*

PAGLALARAWAN NI GREG NEWBOLD

PARA SA MALILIIT NA BATA

# Alam Kong Mahal Ako ni Jesus

**Ni Jane McBride Choate**

Batay sa tunay na buhay




Pinagsikapang mabuti ni Laney na maging mapitagan sa simbahan. Pero pagod siya, at nanginginig ang mga binti niya.



Nang matapos nang ipasa ang sakramento, binuklat ni Laney ang aklat niya tungkol kay Jesus. Nakita niya ang larawan ni Jesus kasama ang maliliit na bata. Napayapa at nasiyahan ang kanyang kalooban.

*Ang karugtong ng kuwento ay nasa pahina 79.*

IGINUHIT NA MGA PAGLALARAWAN NI PAUL MANN; KUKULAYANG MGA PAGLALARAWAN NI JESS GOLDEN





1-Gupitin



8

*Ako ay Minamahal Niya*
*Nina Tami Jeppson Creamer at Derena Bell*




# Ang Aking Aklat Tungkol kay JESUS

1

2-Itupi


**Kahit si Jesus 'di nakasama, sa akin ay totoo S'ya.**

5



**Ang Kanyang pag-ibig sa mga bata aking nadarama.**

4



4-Gupitin

3-Itupi



2 *N'ong araw si Jesus ay nakasama,*
*ng maliliit na bata.*



*Puso'y ibibigay.*
*Ako ay minamahal N'ya.* 7

Itupi

3 *Pag-ibig N'ya'y kanilang nadama.*
*Luha N'ya ay nakita.*



6 *S'ya ay buhay! Susundin ko nang tunay.*



Itupi



Nang matapos ang sacrament meeting, tinanong ni Laney si Inay, "Bakit po mas madaling maging mapitagan kapag nakatingin ako sa aklat ko tungkol kay Jesus?"

"Palagay ko dahil ipinapaalala nito sa iyo kung gaano ka kamahal ni Jesus," sabi ni Inay.



Tumango si Laney. "Palagay po ba ninyo alam ni Jesus na mahal ko rin Siya?" tanong niya.

Niyakap ni Inay si Laney. "Oo, sigurado akong alam Niya." ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Colorado, USA.*

*Sa buwang ito ay 100 taon na mula nang unang hikayatin ng Unang Panguluhan ang mga miyembro na magdaos ng family home evening. Ang sumusunod ay hango sa liham ng Unang Panguluhan na nagpapasimula o nagpapakilala sa family home evening. Inilabas ito noong Abril 1915 at inilathala sa* Improvement Era *noong Hunyo 1915 (mga pahina 733–34). Ang pagpapalaki ng mga titik at pagbabantas ay ginawang makabago.*

# 100 TAON NG Family Home Evening

Minamahal na mga Kapatid:

Pinapayuhan namin ang mga Banal sa mga Huling Araw na lalo pang sundin ang kautusang ibinigay ng Panginoon sa bahagi 68 ng Doktrina at mga Tipan:

*"At muli, yayamang ang mga magulang ay may mga anak sa Sion . . . na hindi nagtuturo sa kanila na maunawaan ang doktrina ng pagsisisi, pananampalataya kay Cristo ang anak ng buhay na Diyos, at ng pagbibinyag at ang kaloob na Espiritu Santo sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay, pagsapit ng walong taong gulang, ang kasalanan ay nasa ulo ng mga magulang; . . .*

*"At tuturuan din nila ang kanilang mga anak na manalangin, at magsilakad nang matwid sa harapan ng Panginoon" [tingnan sa D at T 68:25–28].*

Dapat ay lalo pang sundin ng mga anak ng Sion ang kautusang ibinigay ng Panginoon sa sinaunang Israel at muling binigyang-diin sa mga Banal sa mga Huling Araw:

*"Igalang mo ang iyong ama at ang iyong ina: upang ang iyong mga araw ay tumagal sa ibabaw ng lupa na ibinibigay sa iyo ng Panginoon mong Dios" [Exodo 20:12].*

Ang mga paghahayag na ito ay mahigpit na ipinatutupad sa mga Banal sa mga Huling Araw, at kinakailangang ituro ng mga ama at ina sa Simbahang ito ang mga kautusang ito at ipamuhay sa kanilang mga tahanan.

Dahil dito ipinapayo namin at hinihikayat na simulan ang "home evening" sa buong Simbahan, at sa oras na ito ay matitipon ng mga ama at ina ang kanilang mga anak sa tahanan at maituturo sa kanila ang salita ng Panginoon. Sa gayon ay mas malalaman nila ang mga pangangailangan ng kanilang pamilya, at kasabay nito ay mas mapag-aaralan nila at ng kanilang mga anak ang mga alituntunin ng ebanghelyo ni Jesucristo. Ang home evening na ito ay dapat ilaan sa pagdarasal, pag-awit ng mga himno at awitin, pakikinig ng musika, pagbabasa ng banal na kasulatan, usapan tungkol sa pamilya, at pagtuturo tungkol sa mga alituntunin ng ebanghelyo at mga problema sa buhay, gayundin sa mga tungkulin at obligasyon ng mga anak sa mga magulang, tahanan, Simbahan, lipunan, at bayan. Para sa mas maliliit na bata, ang mga angkop na salaysay, awitin, kuwento, at laro ay maaaring pasimulan. Ang mga simpleng meryenda ay maaaring ihanda sa tahanan.



Ang pormalidad at kahigpitan ay dapat iwasan, at dapat makilahok ang buong pamilya sa mga gagawin.

Ang mga pagtitipong ito ay pagkakataon para magkaroon ng tiwala sa isa't isa ang mga magulang at mga anak, at mga magkakapatid, at nagbibigay din ito ng pagkakataon na mabalaan at mapayuhan ng mga magulang ang kanilang mga anak na lalaki at babae. Magbibigay ang mga ito ng pagkakataon para igalang ng mga batang lalaki at babae ang ama at ina at ipakita ang kanilang pagpapahalaga sa mga pagpapala ng tahanan upang ang pangako ng Panginoon sa kanila ay literal na matupad at humaba at maging masaya ang kanilang buhay. . . .

Hinihikayat . . . namin ang mga kabataan na manatili sa bahay sa gabing iyon at gawin ang lahat ng kanilang makakaya upang marami silang matutuhan dito, at gawin itong kapaki-pakinabang at nakawiwili.

Kung susundin ng mga Banal ang payong ito, nangangako kami na magbubunga ito ng malalaking pagpapala. Ang pagmamahalan sa tahanan at pagsunod sa mga magulang ay mag-iibayo. Lalakas ang pananampalataya sa puso ng mga kabataan ng Israel, at magkakaroon sila ng lakas na labanan ang masasamang impluwensya at tukso sa kanilang paligid.

Ang inyong mga kapatid,
JOSEPH F. SMITH
ANTHON H. LUND
CHARLES W. PENROSE
Unang Panguluhan ■

LARAWAN SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY LIBRARY

# MGA KABATIRAN




**Paano ko maiuuna ang family home evening.**

"Habang sinisikap ninyong mapatatag ang inyong pamilya at magkaroon ng kapayapaan, alalahanin ang . . . lingguhang family home evening. Iwasang magdaos ng family home evening dahil lang sa hindi na kayo abala sa araw na iyon. Magpasiya na tuwing Lunes ng gabi ay magkasama-sama ang inyong pamilya sa bahay. Huwag hayaang maging mas mahalaga ang trabaho, isports, extracurricular activities, takdang-aralin, o anupaman kaysa sa oras na ginugugol ninyo sa bahay sa piling ng inyong pamilya. Ang mga ginagawa ninyo sa gabi ay hindi kasinghalaga ng oras na inilaan ninyo. Ang ebanghelyo ay dapat ituro kapwa sa pormal at di-pormal na paraan. Gawin itong makabuluhang karanasan para sa bawat miyembro ng pamilya."


**Elder Richard G. Scott** ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Unahin Ninyong Manampalataya," *Liahona,* Nob. 2014, 94.

# Kabilang Din sa Isyung Ito

## PARA SA MGA YOUNG ADULT

### SUMULONG NANG MAY Pananampalataya

Ang apat na ideyang ito mula sa buhay ni Nephi ay makapagbibigay sa inyo ng tiwala sa paggawa ninyo ng desisyon.



p. 44

## PARA SA MGA KABATAAN



p. 50

### DAHIL KAY JOSEPH

Paano naiba ang buhay ninyo dahil kay Propetang Joseph Smith? Isaalang-alang ang siyam na paraang ito.

## PARA SA MGA BATA

### ALAM KONG MAHAL AKO NI JESUS

Gumawa ng sarili mong buklet para tulungan kang maging mapitagan sa simbahan.



p. 76

TAGALOG
4 02125 64893 6

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW